Harold Camping/ Family Radio

Sa Dios Ang Kaluwalhatian!

Sa Dios Ang Kaluwalhatian!
Ni Harold Camping

(To God Be The Glory---Tagalog)
Inilathala at Inilimbag ng:
Family Stations, Inc.
290 Hegenberger Road
Oakland, California 94621
U.S.A

Sa Internet:
www.familyradio.com

July, 2009

Sa Dios Ang Kaluwalhatian!

Talaan ng mga Nilalaman

Paunang Salita…….……v

Kabanata Isa. Ang Hiwaga ng Pagdating sa Katotohanan…….……1

Kabanata Dalawa.
Ang Kawalang Pag-asa Ng Kinaugaliang Pagkaunawa sa Plano ng Paghatol…..6
Nasaan ang Awa ng Dios?…….9
Ang Pag-ibig ng Tao sa Tao…….12

Kabanata Tatlo. Ang Dios, Ang Hukom ng Buong Mundo……20
Ang Pamamaraan ng paghatol ng Dios……..…….23
Ano ang Impiyerno?…….... 25
Ang Dagatdagatang Apoy…….…..26
Ang Taong Mayaman at si Lazaro…….…….29

Kabanata Apat. Kailan Namatay si Cristo?……34
Si Cristo ay Nagpakita ng Kanyang Ginawa Upang Tayo ay Maligtas……35
Naganap Na……39
Ang Kamangha-manghang Pagpapatawad……40

Kabanata Lima. Ang Planong Paghatol ng Dios …….42
Ang Hindi Hinirang na Namatay Bago ang Araw ng Paghuhukom……..46
Ang Hinirang na Hindi Pa Naliligtas…….47
Ang Mga Naligtas At Sa Pangkasalukuyan Ay Nabubuhay sa Mundong ito.…47
Ang Hindi Hinirang Na Buhay Pa rin sa Mayo 21,2011…….……..47
Ang Pagkabuhay na Muli ng Patay Na Hindi Naligtas…….…….48
Ang Mga Mananampalataya Na Hahatulan Ang Hindi Naligtas……...50
Ang Labanan Ng Armagedon ……...52
Buod …….…….54
Makikita Siya Ng Bawa't Mata ……..……...58

Kabanata Anim.
Ang Kahariang Nilikha Upang Patunayan Ang Kaluwalhatian At
Karunungan Ni Cristo …….……62
Ang Hinirang: 200 Milyong Tao …….…….67
Ang Mga Milyong Tao ay Namatay Na Hindi Nalalaman Ang
Matinding Galit Ng Dios ……..69

Kabanata Pito. Kaligtasan …….……..…77

Katalogo ng Biblia …….……..80

Paunang Salita

Ang aklat na ito ay karugtong o pagpapatuloy ng aklat na *Halos Naroon Na Tayo!*. Sa aklat na "*Halos Naroon Na Tayo!*, ay naipakita natin, sa pagpapala ng Dios na ang Biblia ay nagtuturo na may lubos na katiyakan na ang simula ng araw ng paghatol, na napataon sa araw ng pag-akyat sa langit ng mga tunay na mananampalataya ay Mayo 21, 2011. Tiyakang ibinigay ng Dios sa atin ang nakagugulat na impormasyon gaya ng Kanyang ipinangako. Sa Eclesiastes 8: 5-6, ang Dios ay nagpahayag:

> **…ang puso ng pantas ay nagbubulay ng panahon at kahatulan;…sa bawa't panukala ay may kapanahunan at kahatulan;**

Sa buong panahon ng simbahan, ay itinago ng Dios ang impormasyon sa panahon, at ang pagkakaunawa sa plano ng paghatol ng Dios, sa buong sangkatauhan, kabilang ang mga simbahan. At karagdagan diyan, ay inilagay ng Dios ang maraming pahayag sa Biblia na nagtuturong si Cristo ay darating na gaya ng magnanakaw sa gabi. Ito ay ginawa upang mapanatiling nakatuon ang mga simbahan sa paghahatid ng Ebanghelyo sa mundo (tingnan ang Mga Gawa 1: 6-8).

Dahil sa ang impormasyon sa panahon ay mahigpt na kaugnay ng planong paghatol ng Dios, ang planong paghatol ng Dios sa kabuuan ay naunawaan nang hindi tama sa buong 1,955 taon ng panahon ng simbahan. Gayon pa man, ay layunin ng Dios na sa mga huling taon ng pananatili ng mundo, ang mga tunay na mananampalataya ay kailangang balaan ang mundo sa talatakdaan ng panahon ng Dios at sa Kanyang balak na pagwasak sa mundong ito. Binigyan Niya ng napakaraming impormasyon ang mga tunay na mananampalataya tungkol sa mga detalye ng panahon ng katapusan ng mundo. Dahil sa mahigpit na pagkakaugnay sa talatakdaan ng panahon ng Dios at ang paghatol, ay Kanyang ibinigay rin ang napakalaking bilang ng detalyadong impormasyon sa mga tunay na mananampalataya tungkol sa Kanyang planong paghatol. Ibinigay ng Dios ang impormasyon sa mga tunay na mananampalataya upang sila, tulad nina Noe at Jonas, ay magbabala sa mundo ng namimintong malaking kapahamakang ito.

Ang paghahayag sa panahon at paghatol sa katapusan ng mundo ay katibayan ng hindi maaarok na pag-ibig at awa ng Dios. Ilang tao kaya ang tatawag ng awa sa Dios sa masamang bayan ng Ninive kung ang propetang si Jonas ay basta sinabi sa kanilang balang araw, ay lilipulin sila ng Dios ng Israel dahil sa kanilang kasamaan? Ilang tao sa mga simbahan ang tumatawag ng awa sa Dios sapagka't itinuro sa kanilang balang araw, si Cristo ay darating na gaya ng magnanakaw sa gabi?

Sa katunayan, ang turo na si Cristo ay darating na gaya ng magnanakaw sa gabi ay talagang maginhawang turo. Ang panahon ng simbahan ay nagsimula mahigit sa 1,900 taong nakaraan, at si Cristo ay hindi pa dumarating upang tapusin ang pananatili ng mundo. Kaya nga, ang mga tao ay maaaring maniwala nang nasa katwiran na napakaliit ng katiyakan na Siya ay darating sa panahon natin. Maunawaan man nila ito o hindi, ang halos dalawang bilyong tao sa mga simbahan, ay nagkaroon ng pagmamahal sa mundong ito. Maliban sa mga bagay na gaya halimbawa ng digmaan at salot, ang mundong ito ay kahanga-hangang lugar na tirahan. Dito makakatagpo ang sangkatauhan ng mga kaibigan, kaligayahan, propesyon, kasiyahan, layunin, at iba pa. Hindi ito isang ganap na mundo, subali't ang mga tao ay tiyak na gustong mabuhay dito kaysa mamatay at mawala

ang lahat ng mga kakayahang iyan. Kaya nga, hindi nila nais isiping ang mundong ito ay magwawakas.

At kaya, maliban sa mga tunay na mananampalataya, na alam na ang Dios ay nagbigay ng tiyak na panahon para sa katapusan, at naniniwala ng buong puso na ito ay totoo at tamang-tama, ang mga nalalabi pa sa mundo ay ipipilit na si Cristo ay darating na gaya ng magnanakaw sa gabi, o dili kaya'y ang katapusan ng mundo ay hindi darating hangga't ang sangkatauhan ay patuloy na nilulutas ang mga suliranin katulad ng pag-init ng mundo, at iba pa.

Ang aklat na ito, kaya nga, ay babasahin at pahahalagahan lamang ng mga tunay na nagtitiwala at nauunawaang malaking pagpapala at awa ng Dios na Kanyang ibinibigay ang impormasyong ito sa mga lubusang nagtitiwala sa Biblia. Lubos naming ipinapayong ang bumabasa sa aklat na ito ay basahin rin ang *Halos Naroon Na tayo!*. Kapwa ang mga aklat na ito ay makukuha ng libre sa Family Radio. Upang makahingi ng kopya, ay sumulat sa Family Radio, Oakland, California, 94621, USA, o tumawag ng walang bayad sa 1-800-543-1495. Makukuha rin ang mga ito sa web sa www.familyradio.com.

Kabanata Isa

Ang Hiwaga ng Pagdating sa Katotohanan

Ang paraan na ang bawa't tao ay nag-iisip at naniniwala ay bunga ng mga ideya na kanyang tinanggap na totoo at mapagtitiwalaan. Ang mga ideyang ito ay maaaring ibinigay sa kanya sa nakaraan o maaaring sila ay mga bagong ideya na ibinigay ngayon. Habang ang mga karagdagang ideya ay ibinibigay, sila ay sasalain at susubukan sa liwanag ng mga ideya na tinanggap na, na totoo at mapagtitiwalaan.

Tiyak na ito ang kalagayan kapag dumating sa pagkakaunawa sa relihiyon. Sa sandaling nalaman natin ang isa o ilang ideya sa relihiyon, at sila ay tinanggap natin na katotohanan, parang imposible na tanggapin ang anumang ideya na katotohanan na hindi sumasang-ayon sa mga ideyang tinanggap na natin na katotohanan.

Kaya, ang Katoliko Romano na sinanay na mabuti sa pangkaraniwan ay mananatiling Katoliko Romano, ang Baptist ay Baptist, ang Buddhist ay Buddhist, at iba pa. Kaya nga ang karamihan ng mga minamahal na tao na mga kasapi sa isang simbahan ay hindi matatanggap ang ideyang ang Dios ay natapos na sa mga simbahan, at Kanyang inutusan ang mga taong lisanin ang kanilang mga simbahan, at si Satanas ay itinalaga upang mamahala doon, at ang Espiritu Santo ay pinabayaan ang mga simbahan kaya walang sinuman na nasa ilalim ng kapangyarihan ng anumang simbahan ang maliligtas.

Ang mga taong ito ay tinuruan, at tinanggap bilang katotohanan, na ang kanilang simbahang lokal ay isang makalangit na samahan, na ang Dios ang naghahari dito, at kaya, ang mga pintuan ng impiyerno kailanman ay hindi mananaig dito. Ang pagkakaunawang iyan ay itinago sa kanilang pag-iisip bilang isang hindi maaaring pagtalunang katotohanan. Kaya nga, ang anumang ideyang ibinigay sa kanila mula sa Biblia ay sinala at sinubukan sa pamamagitan ng kanilang doktrina, na sigurado silang totoo.

Kapag binigyan sila ng mga bagong ideya mula sa Biblia na nagtuturong dumating na tayo sa katapusan ng panahon ng simbahan, ay wala silang kakayahang suriin ito ng may anumang katapatan ng layunin. Kahit sila ay handing tumanggap, ng katotohanan ng Biblia, sa katunayan, sila ay walang kakayahang makarating sa bagong katotohanan. Kaya nga sa ating panahon, talagang kakaunting tao ang lumalabas ng mga simbahan upang sumunod sa utos ng Dios na umalis sa kanila.

Ang kalagayang ito, ay naging lubhang mabigat sa ngayon, dahil sa tatlong talagang mahalagang dahilan. Sila ay ang mga sumusunod.

1. Tayo ay nabubuhay sa mundo na talagang malapit na sa katapusan ng panahon. At sa panahon ng katapusan, binalak ng Dios na tanggalin ang mga tatak na Kanyang inilagay sa napakalaking bilang ng impormasyon sa Biblia. Kaya nga, dapat nating asahang ang napakalaking bilang ng impormasyon nang una na itinuring nating katotohanan noong una mula sa Biblia, ay dapat na pag-aralan na muli.

2. Tayo ay nasa panahong tinatawag na malaking kapighatian, nang ang Dios ay sinusubukan ang mga nagsasabing mga tunay na mananampalataya. Ang

katangian ng tunay na mananampalataya ay ninanais niyang maging matapat at masunurin sa anumang bagay at sa lahat ng bagay sa Biblia.

3. Sa pamamagitan ng mga pagsubok na ito, ay inihihiwalay ng Dios ang trigo, iyan ay, ang mga tunay na mananampalataya, sa mga pangsirang damo, ang mga nagtitiwalang sila ay mga tunay na mananampalataya, subali't sila ay hindi naligtas.

Ang panahong ito ng pagsubok ay sumasaklaw sa buong 8,400 araw (23 taon) panahon ng malaking kapighatian, na nagsimula noong Mayo 21, 1988, at magpapatuloy hanggang Mayo 21, 2011. Sa araw na iyan, magsisimula ang araw ng paghatol, at ito ay magpapatuloy hanggang sa Oktubre 21,2011.

Ang Biblia ay isang espirituwal na aklat, at ang tanging paraan lamang para mauunawaan nang tama ang katotohanan sa Biblia ay kung bubuksan ng Dios ang kanyang mga espirituwal na mata. Kaya nga, na nalalamang tinanggap natin na katotohanan ang mga ilang inakala at maling ideya, na tayo sa ating mga sarili kailanman ay hindi isusuko, dapat tayong lumapit sa Dios, na nagsusumamo sa Kanyang awa, nananalanging Kanyang bubuksan ang ating mga pag-iisip mula sa anumang kaisipan o ideya na salungat sa Kanyang Salita.

Ang problema nating walang kakayahang isuko ang mga ideya na kasalukuyang ipinapakita sa atin ng Biblia na mali ay talagang nakalulungkot sa ating panahon na may kaugnayan rin sa isa pang mahalagang larangan ng katotohanan, iyan ay, ang impormasyon sa panahon sa Biblia. Ang katunayan ay ang marami sa atin ay pinag-aaralang mabuti ang problema ng panahon sa pamamagitan ng paggamit ng impormasyon sa panahon sa Biblia na isang larawan.

Ang 70 pahinang aklat na *Halos Naroon Na Tayo!* ay bunga ng 50 taon ng masigasig na pag-aaral sa Biblia tungkol sa talatakdaan ng panahon ng kasaysayan. Sa karagdagan, ang materyal sa aklat na iyan ay batay sa mga libong oras ng pagtalakay sa programa ng Family Radio, ang Bukas na Talakayan. Ang pagkaunawa sa lahat ng pag-aaral na ito ay ang katotohanang si Cristo ay hindi darating na gaya ng magnanakaw sa gabi, kundi sa araw, sa buwan, at sa taon na inihayag ng Dios sa Biblia sa Kanyang mga tunay na mananampalataya.

Ngayon, ipagpalagay na ang aklat na *Halos Naroon Na Tayo!* ay ibinigay sa isang matalino, matapat na kasapi ng simbahan na lagi na ay tinuruang si Cristo ay darating na gaya ng magnanakaw sa gabi. Siya ay sumang-ayon na basahin ang aklat na ito at bigyan ito ng makatarungan at matapat na pagtasa. Pagkatapos basahin ang naunang ilang pahina, ay natuklasan niyang hindi nito itinuturong si Cristo ay darating na gaya ng magnanakaw sa gabi. Kaagad, ang kanyang depensa ay naghanda, at maaari niyang isipin, "Ang aklat na ito ay kontra sa opisyal na doktrina ng simbahan. Talagang marami akong nalalamang mga bersikulo na nagtuturo na walang makakaalam ng oras ng pagbabalik ni Cristo. Magiging hindi tama para sa aking basahin pa ang aklat na ito na kontra sa doktrina ng simbahan". At sa kanyang puso, ay nararamdaman niyang ginawa niya ang matapat, makatarungang pagtasa sa aklat na ito.

Ang nabigo niyang maunawaan at hindi mauunawaan dahil sa kandado na nasa kanyang puso, ay ang, sa katunayan, sa buong panahon ng simbahan, ang pinahintulutan lamang ng Dios na malaman ng sinumang tunay na mananampalataya tungkol sa

katapusan ay si Cristo ay darating na gaya ng magnanakaw sa gabi. Noong una pa, sa Mga Gawa 1, ang mga apostol ay nagtanong, gaya ng mababasa natin sa bersikulo 6:

> **Tinanong nga siya nila nang sila'y nangagkakatipon, na nangagsasabi, Panginoon, isasauli mo baga ang kaharian sa Israel sa panahong ito?**

Gusto nilang malaman kung kailan mabubuo ang kaharian ng Dios. At sila ay sinagot ni Jesus, gaya ng mababasa natin sa bersikulo 7 at 8:

> **At sinabi niya sa kanila, Hindi ukol sa inyo ang pagkaalam ng mga panahon o ng mga bahagi ng panahon, na itinakda ng Ama sa kaniyang sariling kapamahalaan. Datapuwa't tatanggapin ninyo ang kapangyarihan, pagdating sa inyo ng Espiritu Santo: at kayo'y magiging mga saksi ko sa Jerusalem, at sa buong Judea at Samaria, at hanggang sa kahulihulihang hangganan ng lupa.**

Sa madaling salita, may gawain na dapat gawin, na ihatid ang Ebanghelyo sa mundo. Iyan ang tungkulin ng simbahan sa panahon ng simbahan, at hindi sila kailangang maging abala na mabahala tungkol sa panahon ng katapusan.

Kaya nga, ang Dios ay ginawang napakalinaw na ang lahat na maaaring malaman sa buong panahon ng simbahan ay Siya ay darating na gaya ng magnanakaw sa gabi. Walang sinuman ang makakaalam ng araw o ng oras ng Kanyang pagbabalik. Sa loob ng humigit-kumulang na 1,900 taon, sa panahon ng simbahan, ay walang mga palatandaan.

Subali't ang tunay na anak ng Dios ay patuloy na nagbabasa ng kanyang Biblia at laging gusto na mas maraming malamang katotohanan ng Dios. At pagkatapos ay matutuklasan niya mula sa Ezekiel 3:17 at Ezekiel 33 na siya ay bantay na kailangang balaan ang mundo ng oras ng pagbabalik ni Cristo. At pagkatapos ang impormasyon sa panahon ay magsisimulang lumabas simula sa impormasyong ang taon ng paglikha ay 11,013 B.C. Nang dahan-dahan, ang talatakdaan ng panahon ng kasaysayan ng mundo ay natuklasan. Mauunawaan niya ang kahalagahan ng impormasyon sa panahon ng Biblia.

Ito tiyak ang isang paraan na tinutulungan ng Dios ang maraming tao na subukin ang kanilang mga sarili upang makita kung ang dios na kanilang pinagsisilbihan kanilang simbahan, ang kanilang pastor, ang kanilang mga doktrina, at ang lahat ng bagay maliban sa Dios ng Biblia. Ito, sa katunayan, ay nagbibigay-diin na tayong lahat ay lubos na umaasa sa Espiritu Santo upang akayin tayo sa katotohanan. Kahanga-hanga na maaaring may kababaang-loob tayong mananalangin, at aminin na sa sarili nating kakayahan at karunungan, ay wala tayong anumang nalalaman. Maaari tayong magsumamo sa Panginoon na buksan ang ating mga mata sa katotohanan.

May karagdagang pangunahing programa ng pagsubok na inilagay ng Dios sa Biblia na nagaganap sa 23 taon (8,400 araw) ng malaking kapighatian. Ito ay may kinalaman sa pamamaraan ng paghatol ng Dios.

Sa buong panahon ng simbahan, ang karaniwang pagkakaunawa ng makatarungang paghatol sa makasalanan ay maaaring pagsama-samahin sa pamamagitan ng ideya na sa huling araw, si Cristo ay uupo sa trono ng paghatol. Ang bawa't makasalanan na namatay nang una ay mabubuhay na muli upang sa tamang pagkakasunud-sunod , kasama ang lahat ng makasalanang hindi namatay, ay isa-isang

hahatulan ni Cristo. Sila ay makikitang nagkasala ng napakaraming kasalanan at hahatulan sa lugar na tinatawag na impiyerno, na kung saan sila nasa paghihirap magpakailanman.

Sa batayan, iyan ang nakatago sa isipan ng karamihan ng mga tao sa mundo na talagang may anumang pagtitiwala sa Biblia. Ito ay totoo kahit na sila ay nasa simbahang lokal pa rin o kahit nilisan nila ang simbahan sapagka't nauunawaan nilang ang panahon ng simbahan ay nagtapos na. Iyan ang naging pangunahing pagkakaunawa ng karamihan ng mga simbahan sa buong panahon ng simbahan. Ang mga taong ito, kaya nga, ay naniniwala na sila sa walang kinikilingan at maliwanag na paraan ay masusuring mabuti ang anumang bersikulo ng Biblia na maaaring iugnay sa paghatol at makakarating sa katotohanan. Gayon pa man, kapag hindi binubuksan ng Espiritu Santo ang kanilang mga isipan, ay hindi sila makararating sa katotohanan.

Subali't sa pagkakataong ito, dahil talagang malapit na tayo sa katapusan ng panahon, at ang Dios ay nagbunyag ng lubhang napakaraming bilang ng bagong katotohanan tungkol sa panahon ng simbahan at ng talatakdaan ng panahon ng katapusan, ay nagbunyag rin Siya ng maraming bagong katotohanan tungkol sa pamamaraan ng paghatol. Sa katunayan, ay malalaman nating ang kinaugaliang pagkakauanawa kay Cristo bilang Hukom sa huling araw, na Kanyang ipadadala ang makasalanan sa impiyerno upang magpakailanmang magdusa ng matinding galit ng Dios, ay hindi maiuugnay ng may anumang katiyakan sa mga tunay na turo sa Biblia tungkol sa pamamaraan ng paghatol ng Dios.

Isa pang problema ang kailangang tandaan, habang pinagsisikapan nating maunawaan, nang tamang-tama hanggang maaari, ang katotohanan ng Biblia. Sinadya ng Dios na pigilin, hanggang sa talagang malapit na sa katapusan ng mundo, ang paghahayag sa maraming katotohanan tungkol sa talatakdaan at katangian ng pamamaraan ng paghatol ng Dios. Kaya isinulat ng Dios ang Biblia, upang ito ay may maraming masalimuot na mga bersikulo na talagang hindi madaling maunawaan.

Ang isang pamamaraan na ginamit ng Dios upang nakapahirap makarating sa katotohanan ay ang isulat ang mga bersikulo sa isang paraan na, sa panggramatika, ay mauunawaan silang nagtuturo ng dalawang magkasalungat na mga ideya, kapwa tama at maling ideya. Halimbawa, isinulat ng Dios sa I Timoteo 3:15, "**na siyang iglesia ng Dios na buhay, at haligi at suhay ng katotohanan".** Panggramatika sa kabuuan ay tamang maunawaan mula sa bersikulong ito na ang simbahan ang haligi at suhay ng katotohanan. Ito, ang paraan na itinuro ang bersikulong ito ng Simbahang Katoliko at ng mga simbahang Reformed.

Gayon pa man, parehong tamang-tama panggramatika na maunawaang ang bersikulong ito ay nagtuturong ang buhay na Dios ang haligi at suhay ng katotohanan. Ang bersikulong ito ay maingat na ginawa ng Dios para maging bitag. Sa pamamagitan ng pagsunod sa alituntunin ng Dios na maingat na suriin ang Biblia, paghambingin ang anumang nakasulat sa Biblia, ay malalaman natin kung alin sa dalawang pagkakaunawa ang tama. Kung ang simbahan ang haligi at suhay ng katotohanan sa Biblia, ang anumang lokal na kongregasyon ay may espirituwal na karapatang magturo, at maaaring baguhin pa nang kaunti ang itinuturo ng anumang bersikulo sa Biblia, sapagka't ang simbahan ang pundasyon ng katotohanan. Sa kabilang banda, kung ang Dios ang haligi at suhay ng katotohanan, ang paraan lamang upang malaman natin kung ano ang itinuturo ng mahirap maunawaang bersikulo ay sa pamamagitan ng maingat na pagsusuri sa Biblia,

kasama ng maraming panalangin sa Dios na, maaari Niyang ihayag ang tamang katotohanan, sa pamamagitan ng Kanyang Salita, ang Biblia. Nang maliwanag ito lamang ang tamang turo sa bersikulong ito.

Sa parehong paraan ay itinago ng Dios ang napakalaking bilang ng katotohanan sa Biblia na kaugnay sa planong paghatol ng Dios. Maraming bersikulo ang lumilitaw na nagtuturo ng talagang maliwanag at nang tamang-tamang kinaugaliang palagay na sa katapusan ng mundo, bubuhaying muli ng Dios ang bawa't isang hindi hinirang at hindi naligtas na namatay na tao upang humarap kay Cristo bilang Hukom. Sila ay makikitang nagkasala, at hahatulan sa nakatatakot na pagpapahirap, na kanilang mararanasan sa hinaharap sa lugar na tinatawag na Impiyerno.

Ang parehong mga bersikulo, gayon pa man, ay maaari ring maunawaan nang tamang-tama na nagtuturong, ang tamang pagkakaunawa na walang-maling sumasang-ayon sa turo na sa Oktubre 21,2011 ang buong sanglibutan, kasama ang lahat ng hindi hinirang na hindi naligtas, ay lubusang wawasakin.

Halimbawa, ang Biblia ay bumabanggit sa "walang-hanggang pagkakasumpa" o "hindi maapulang apoy". Ang mga pariralang ito ay maaaring mauunawaang nangangahulugan ng pagkakasumpa o apoy na patuloy na mararanasan ng walang katapusan. Maaari ring maunawaan ito ng tama, na nangangahulugang ang pagkakasumpa o ang apoy ay may katangian na ang taong sasailalim sa ganitong pagkakasumpa o apoy ay lubusang mamamatay, upang sa anumang pagkakataong darating sila ay hinding-hindi, kailanman ay hindi na muling mabubuhay.

Paano natin malalaman kung alin ang tamang pagkakaunawa? Ang tamang pagkakaunawa ay dapat na maging maliwanag, kapag sinuri natin ang Biblia at makita ang salitang "buhay" o "nabubuhay" kailanman ay hindi ginamit, na may kaugnayan sa namatay sa pangkatawan na mga taong hindi naligtas, at nabuhay na muli (tingnan "Ang Pagkabuhay na Muli ng Patay na Hindi Naligtas", pahina 48-50). Dapat nating tandaang ang tao ay kailangang nabubuhay upang tiisin ang pagpapahirap.

At saka, ang Dios sa Kanyang kahanga-hangang kabutihan ay binigyan tayo ng halimbawa ng walang-hanggang apoy. Nang ang Sodoma ay winasak, ang apoy nang literal ay nagliyab, pinakamatagal na ang ilang araw. Gayon man, ang apoy na tumupok sa Sodoma at Gomorra ay binanggit na "walang-hanggang apoy". Basahin natin sa Judas 7:

> **Gayon din ang Sodoma at Gomorra, at ang mga bayang nasa palibot ng mga ito, na dahil sa pagpapakabuyo sa pakikiapid at sa pagsunod sa ibang laman, ay inilagay na pinakahalimbawa, na sila'y nagbabata ng parusang apoy na walang hanggan.**

Kaya nga, makatitiyak tayong sa mga kadahilanang ito at sa iba pang mga kadahilanan sa Biblia, ay malalaman nating ang kinaugaliang palagay sa walang-hanggang pagkakasumpa ay mali. Kapag ang hindi hinirang na taong hindi naligtas ay namatay, siya ay patay magpakailanman, kapwa sa katawan at kaluluwa. Ang katotohanang ito ay pauunlarin pa habang patungo tayo sa susunod na kabanata.

Kabanata Dalawa
Ang Kawalang-Pag-asa Ng Kinaugaliang Pagkaunawa sa Plano ng Paghatol

Sa nakalipas na ilang taon, ay nalaman nating bago pa ang araw ng paghatol ay may 8,400 araw (23 taon) panahon na tinatawag na malaking kapighatian. Sa panahong ito, ang Dios ay sadyang sinusubukan ang lahat ng mga tao sa mga simbahan, kung sila ay mga tunay na mananampalataya o hindi. Iyan ay, ang kanila bang mga isip ay nakakulong sa mga inakalang ideyang hinahawakan ng kanilang simbahan, o sila ba ay handang makinig at sundin ang lahat ng itinuturo ng Biblia, kahit na ang maraming doktrina ay ngayon lamang ibinubunyag.

Sa panahon ng malaking kapighatian, na kung saan tayo ngayon nabubuhay, malalaman nating ang Dios ay gumagamit ng maraming pagsubok na naghihiwalay sa trigo sa mga pangsirang damo. Ang panahong ito ng pagsubok ay iniutos sa Apocalipsis 3:10, na kung saan ay basahin natin:

> **Sapagka't tinupad mo ang salita ng aking pagtitiis, ikaw naman ay aking iingatan sa panahon ng pagsubok, na darating sa buong sanglibutan, upang subukin ang mga nananahan sa ibabaw ng lupa.**

Sa bersikulong ito, ang pariralang "sa panahon ng pagsubok", o paglilitis, ay iniuugnay sa 8,400 araw ng malaking kapighatian. Sa panahong ito, ay nagaganap ang maraming paglilitis o pagsubok. Ang ilang halimbawa ng mga bagay na nalaman natin ay ang mga sumusunod:

1. Ang panahon ng simbahan ay natapos na.

2. Ang tiyak na petsa ng araw ng paghatol.

3. Ang tamang pagkakaunawa sa pamamaraan ng paghatol ng Dios.

4. Ang tamang pagkakaunawa ng lahat na kasangkot sa pagiging ligtas.

5. Ang pagkakaunawa na itinago ng Dios ang maraming mahalagang katotohanan sa Biblia na ibubunyag lamang kapag malapit na ang katapusan ng panahon.

6. Kailangan nating ihatid ang mensahe sa mundo na ang kaligtasan ay posible pa ngayon, at magpapatuloy na maging posible hanggang sa huling araw ng malaking kapighatian, Mayo 21,2011.

7. Kailangan nating balaan ang mundo na kapag dumating ang araw ng paghatol, kailanman ay hindi na magkakaraoon ng posiblidad ng kaligtasan o anumang bahagi ng awa ng Dios.

Ang Biblia ay eksaktong pareho ngayon gaya ng ito ay nabuo, mga 1,900 taong nakaraan. Gayon pa man, hanggang sa ating panahon, walang kahit isa, sa kabila ng

kung gaano katalino at matapat sila, o kung paano nilang may kababaang-loob na pinaglingkuran ang Dios bilang kanilang Tagapagligtas, walang nakaalam nang tamang-tama mula sa Biblia sa tamang taon ng paglikha, ang taon ng baha sa araw ni Noe, o ang petsa ng kapanganakan ni Jesus. Gayon din naman, walang nakaunawa nang tamang-tama sa maraming detalye ng pamamaraan ng paghatol ng Dios.

Kaya nga, gaya ng naitala nang una, sa buong panahon ng simbahan ang pangkaraniwang kasunduan ng mga nakatalagang teologo at mag-aaral ng Biblia ay walang sinuman ang nakakaalam, ng may anumang katiyakan, sa panahon ng pagbabalik ni Cristo sa katapusan ng mundo. Sa kalahatan ay pinagkasunduan na ang pahayag sa Biblia na si Cristo ay darating "na gaya ng magnanakaw sa gabi" (I Tesalonica 5:2, II Pedro 3:10), ang lumutas sa problema ng panahon ng pagbabalik ni Cristo.

Gayon din naman, na may kinalaman sa uri at katangian ng paghatol ng Dios sa hindi naligtas, ay pangkaraniwang naunawaan na sa katapusan ng panahon, si Cristo ay makikita ng hinahatulan ang lahat ng hindi naligtas sa mundo. Ang mga namatay ay bubuhaying muli upang hatulan. At pagkatapos ang mga buhay sa katapusan ng panahon at ang mga binuhay na muli ay makikitang nagkasala at hahatulan sa walang hanggang may-malay na pagdurusa sa isang lugar na tinatawag na impiyerno. Mga banggit katulad halimbawa ng II Corinto 5:10 at Roma 14:10-11, at iba pa, ay lumalabas na maliwanag na itinuturo iyan.

Subali't ang Dios ay gumawa ng pangako sa Eclesiastes 8:5-6, na kung saan ay basahin natin:

> **Ang nagiingat ng utos ay hindi makakaalam ng masamang bagay; at ang puso ng pantas ay nagbubulay ng panahon at kahatulan: sapagka't sa bawa't panukala ay may kapanahunan at kahatulan; sapagka't ang karalitaan ng tao ay malaki sa kanya.**

At ang Dios ay nagpahayag sa Daniel 12:9:

> **At sinabi niya, Yumaon ka ng iyong lakad, Daniel; sapagka't ang mga salita ay nasarhan at natatakan hanggang sa panahon ng kawakasan.**

Dahil ang panahon at kahatulan ay malapit na kaugnay sa panahon ng katapusan, kaya nga, maaasahan nating dahil sa tayo ay talagang napakalapit na sa katapusan, sa panahong ito ay mas marami tayong malalaman tungkol sa talatakdaan ng panahon ng kasaysayan at ang mga detalye sa pamamaraan ng paghatol ng Dios.

Sa katunayan, ay nalaman na natin, lahat-lahat mula sa Biblia, ang tiyak na araw, buwan, at taon kung kailan magaganap ang pag-akyat sa langit ng mga tunay na mananampalataya, iyan ay, nang ang lahat ng mga mananampalataya ay aagawin papunta sa langit. Nalaman rin natin ng may labis na katiyakan, kung kailan lubusang wawasakin sa pamamagitan nga apoy ang sanglibutan at ang mundo at ang lahat ng gawa nito.*

* Ang impormasyong ito ay maingat na inilathala sa aklat na *Halos Naroon Na Tayo!* , na makukuha ng libre sa Family Radio.

Sa parehong paraan, sa pagkakataong ito, binuksan ng Dios ang ating pagkakaunawa upang higit pa nating malaman ang tungkol sa programa ng paghatol ng Dios. Inihayag ng Dios nang may labis na kalinawan ang talatakdaan ng panahon ng mga pangyayari sa katapusan ng mundo, at iyan ay tutulong sa atin upang magkaroon tayo ngayon ng mas tamang-tamang pagkakaunawa ng Kanyang programa sa paghatol.

Malalaman nating ang programa ng paghatol ng Dios ay nagsimula bago pumasok ang kasalanan sa mundo, at ito ay matatapos kapag ang mundo at ang lahat ng mga gawa nito ay nasunog (II Pedro 3:10).

Habang maingat nating sinusuri ang plano ng paghatol ng Dios, ay susuriin natin ang ilang susing salita, katulad ng "kamatayan" at "pagkawasak', at ang mga bagay rin na gaya halimbawa ng pagkahiya, pagkawala ng mana, labis na pangkatawang sakit, at sa huli, ang pagkawasak nang lubusan. Gayon pa man, bago natin gawin iyan, ay maaari nating itala ang ilang mga kamalian at hadlang na likas na bahagi ng kinaugaliang pagkakaunawa sa pamamaraan ng paghatol ng Dios.

Sa katunayan ang bawa't simbahan sa buong panahon ng simbahan ay naniwalang ang isa sa pangunahing tungkulin nito ay turuan ang mga tao kung paano sila maligtas. Dahil dito, ang bawa't simbahan ay bumuo ng ganap na planong wala sa Biblia, na kanilang pinaniwalaang lubos na sumasang-ayon sa Biblia, at sa pamamagitan nito ay kanilang itinuro na ang kaligtasan ay sigurado sa mga sumunod sa kanilang plano.

Ang lubhang mahalagang bahagi ng kanilang plano ay ang mahigpit na paalaala na ang mapamimilian bukod sa kaligtasan ay walang-hanggang pagkakasumpa. Ang kanilang karaniwang pagkakaunawa sa walang-hanggang pagkakasumpa ay ang hindi naligtas ay pahihirapang mabuti magpakailanman sa ilalim ng matinding galit ng Dios sa lugar na tinatawag na impiyerno. Sila ay naniniwala na ang ganyang nakasisindak na bunga ng kasalanan ay dapat lubos na makatulong at hikayatin ang mga taong maunawaan ang kanilang labis na pangangailangan sa kaligtasan.

Sinabi sa mga tao na maaari nilang tanggapin ang kaligtasang ito, at kaya, magagarantiya na kailanman ay hindi nila kailangang tiisin ang impiyerno, kung matapat nilang sinusunod ang plano ng kaligtasan na itinuturo ng kanilang simbahan o ng nagtuturo ng Ebanghelyo. Maaaring kasangkot dito ang mga bagay gaya halimbawa ng bautismo sa tubig, ang panalangin ng makasalanan, ang pagpapahayag ng pananampalataya, ang pagkakasapi sa simbahan, ang pagbigay ng ikasampung bahagi, ang pagdiriwang sa Eukaristiya o ang hapag-kainan ng Panginoon, pagtanggap kay Cristo, at iba pa. Sa sandaling sila ay tiniyak ng pastor sa simbahan, ng pari, ng mga matanda, o ng diyakono na sila ay naligtas, ay tinanggap rin nila ang napakalaking kaginhawahan na sila kailanman ay hindi hahantong sa kawalang-hanggan ng impiyerno.

Nang una pa, ay nagkaroon ng problema. Ipagpalagay na ang isang batang namatay ay hindi naligtas. Dahil kahit na sa isang kasalanan ang tao ay nagkakasala na parang kanyang nilabag ang buong batas (Santiago 2:10), kung gayon batay sa doktrinang iyan, ang batang hindi naligtas na namatay ay magtitiis sa impiyerno magpasawalang-hanggan. Ito ay mangangahulugang ang maliit na bata ay tatanggap ng walang-hanggang pagpapahirap para sa kanyang kilos batang mga kasalanan.

Talaga bang totoo na ang maawain, makatarungang Dios ay dadalhin ang batang iyan sa ganyang nakatatakot na pagdurusa magpakailanman dahil siya ay namatay na hindi ligtas? Ang mabigat na problemang ito ay hinarap ng mga teologo ng simbahan, at

iba't ibang kalutasan ang binuo para sa problemang ito at naging mahalagang bahagi ng doktrina ng bawa't simbahan.

Halimbawa, ang Katoliko Romano ay bumuo ng ideya na kapag ang isang bata ay nabautismuhan na isang sanggol, aalisin niyan ang anumang pagkakasala mula sa orihinal na kasalanan ni Adam. Ilalagay rin nito ang bata sa ilalim ng pangangalaga at kaligtasan ng simbahan, na kung maingat na susundin ang mga alituntunin nito, ay gagarantiya na ang matinding galit ng Dios kailanman ay hindi darating sa taong iyan.

Ang mga simbahang Reformed ay sumunod sa bahagyang kaparehong plano, kahit na sila ay mas malapit sa katotohanan kaysa sa mga Katoliko Romano. Sila ay naniniwala rin at tinuruan na ang sanggol na binautismuhan sa simbahan ay nagkaroon ng kaugnayan na espirituwal na kasunduan sa Dios, kaya kung ang mga alituntunin ng simbahan ay matapat na sinunod, ang kaligtasan ay matitiyak.

Ang mga simbahang sinunod ang kusang-loob na doktrina ng Arminian, gaya halimbawa ng mga simbahang Baptist, ay bumuo ng isang lubos na kakaibang kalutasan. Sila ay nagpasiyang ang Biblia ay nagtuturo na may edad ng pananagutan. Iyan ay, hanggang ang bata ay umabot sa tiyak na edad, wala itong pananagutan sa Dios sa anumang kasalanan, at kaya nga, ay hindi maaaring matakot sa impiyerno hanggat hindi umaabot ito sa tiyak na edad. Sa ganyang paraan, kung ang bata ay namatay bago siya umabot sa edad na iyan ay hindi parurusahan ng Dios.

Ang lahat ng nasa itaas na doktrina ay walang pagpapatunay sa Biblia, kahit na sa kasalukuyang panahon, sila ay itinuturo ng may pinakamataas na katapatan sa mga simbahan sa buong mundo.

Nasaan ang Awa ng Dios?

At nagkaroon ng isa pang suliranin na may kaugnayan sa pagkaunawa na ang kaparusahan sa kasalanan ay ang labis na pagpapahirap magpasawalang-hanggan sa lugar na tinatawag na impiyerno. Napakaraming tao na humamak sa Biblia ay nagbigay ng talagang kapani-paniwalang katanungan. "Sinasabi mong ang Dios ng Biblia ay maawain at makatarungan, kaya, talaga bang naniniwala kang ang maawain at makatarungang Dios ay pahihirapan ang taong nabuhay ng desente, at moral na buhay sa pamamagitan ng paglagay sa taong iyan sa lugar na tinatawag na impiyerno, na kung saan ay labis siyang magdurusa magpasawalang-hanggan? Anong uri ng Dios ang iyong Dios ng Biblia? At paanong sumasang-ayon ang pahayag na iyan sa Biblia na ang Dios ay walang kasayahan sa kamatayan ng masama?" (Ezekiel 18:23 at 32).

Ang ganitong mga uri ng katanungan ay lubhang isinaalang-alang ng maraming simbahan. Bilang bunga, ay bumuo sila ng isa mungkahi upang hikayatin ang mga taong tanggapin ang kanilang gawin- mo- sa- iyong-sariling planong kaligtasan. Sa halip na bigyang-diin ang negatibo, iyan ay, ang walang-hanggang pagdurusa, ay pinalitan nila ang kanilang pagpapakilala sa kaligtasan upang bigyang-diin ang positibo at sinabi, "Iniibig ka ng Dios, at mayroon Siyang kamangha-manghang plano para sa iyong buhay. Maaari kang maging bahagi ng planong ito sa pamamagitan ng pagtanggap kay Jesus". Sa madaling salita, "Sumali ka sa amin at hindi ka na mag-aalala sa pagkatakot na, paminsan-minsan, ay darating sa iyong pag-iisip at puso sapagka't nalalaman mo na may Dios, at balang araw, ay dapat kang managot sa Kanya". Ang mga simbahang ito ay hindi iniwan ang ideya ng walang-hanggang pagdurusa, subali't para sa kanila, ito ay

ipinagwawalang-bahala sa abot ng pagiging isang bagay na dapat silang lubhang mabahala.

Matatandaan natin na ang Biblia ay nagtuturong, **ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan…** (Roma 6:23a). Ang karaniwan, kinaugaliang turo sa mabisa ay nagpapahayag, "Ang kabayaran ng kasalanan" ay nangangahulugan na sa huling araw, ang sinumang hindi hinirang ng Dios (ang mga hindi naligtas) ay kailangang mabuhay upang sila ay tumayo sa harap ni Cristo bilang kanilang Hukom. Doon ay makikita silang nagkasala, at kaya nga, hahatulan sa walang-hanggang walang katapusang sakit at paghihirap sa lugar na tinatawag na impiyerno". Ang mga naniniwala sa kinaugaliang kalagayan ay hindi aaminin ito, subali't upang maging matatag sa kanilang pagkakaunawa sa paghatol, ay nangangahulugan rin ito na sapagka't tayo ay ipinaglihi at ipinanganak sa kasalanan (Mga Awit 51:5), ang bawa't hindi hinirang na sanggol na ipinalaglag, at bawa't sanggol na namatay, at bawa't batang hindi hinirang na namatay, ay kailangan ring sumailalim sa ganitong nakasisindak na pamamaraan ng paghatol.

Ang nakasisindak na ginawa ng taong kinaugaliang ideya ng pamamaraan ng paghatol ng Dios ay nasa labis na pagtanggi sa batas ng Dios. Ang ideya ay binalak na may kaunti o walang pagkakaunawa na ang buong Biblia, na Salita ng Dios, kaya nga ay ang batas ng Dios. Nang mabisa, ang mga pahayag katulad ng "**ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan:,** at "**sapagka't sa araw na ikaw ay kumain niyaon ay walang pagsalang mamamatay ka",** ay tinitingnan na mga tagubilin mula sa bibig ng Dios, kaysa bilang talagang batas ng Dios.

Lubhang mahalaga na maunawaan nating ang Salita ng Dios ay ganap na iniuugnay kay Cristo Mismo. Ang Dios ay nagsasabi, **"At nagkatawang-tao ang Verbo, at tumahan sa gitna natin"** (Juan 1:14a). Ang Salita ng Dios ay lubos na makapangyarihan na tulad ni Cristo Mismo. Ang Hebreo 4:12-13 ay nagpapahayag:

> **Sapagka't ang salita ng Dios ay buhay, at mabisa, at matalas kay sa alin mang tabak na may dalawang talim, at bumabaon hanggang sa paghihiwalay ng kaluluwa at espiritu, ng mga kasukasuan at ng utak, at madaling kumilala ng mga pagiisip, at mga haka ng puso. At walang anomang nilalang na hindi nahahayag sa kaniyang paningin: nguni't ang lahat ng mga bagay ay hubad at hayag sa harapan ng mga mata niyaong ating pagsusulitan.**

Kaya, nang sinabi ng Dios kay Adam na sa araw na ikaw ay kumain sa ipinagbabawal na punong-kahoy siya ay mamamatay, ang Dios ay nagpapahayag ng Kanyang batas kay Adam. Ang batas na iyan ay may lubos na kapangyarihan ni Cristo Mismo kay Adam, kaya nang si Adam ay sumuway sa batas na iyan, si Adam ay kaagad hinatulan ng batas ng kamatayan.

Nang wasakin ng Dios ang Sodoma at Gomorra at ang mundo sa araw ni Noe, ang mga taong iyon ay hindi kinakailangang humarap muna kay Cristo bilang Hukom upang sila ay mahatulan ng kamatayan. Nilabag nila ang batas ng Dios, at sa bawa't pagkakataong sila ay nagkasala, ang batas ng Dios ay muli silang hinatulan ng kamatayan.

Sa katunayan, sa sandaling mamatay ang sinumang hindi naligtas na tao, sa kabila ng kung paano siya namatay, talagang ito ang sandaling siya ay binitay bilang kabayaran sa kanyang mga kasalanan. Dahil ang kinaugaliang turo ng planong paghatol ng Dios ay

hindi isinaalang-alang na ang buong Biblia ay ang batas ng Dios, na ang bawa't salita ay gaya ng kapangyarihan ni Cristo Mismo, ito ay plano ng paghatol na binalak sa isipan ng tao. Sapagka't plano ng Dios na itago ang maraming katotohanan tungkol sa panahon at kahatulan upang sila ay hindi mahayag sa sangkatauhan hanggang sa talagang napakalapit sa katapusan ng panahon, ang Biblia ay isinulat sa talagang masalimuot at nakalilitong salita. Balak ng Dios na walang sinuman ang makakaunawa sa lahat ng itinuturo ng Biblia tungkol sa panahon at kahatulan hanggang sa ating panahon. Plano ng Dios na ang mga mahalagang katotohanan ay hindi mauunawaan hanggang sa ang mundo ay malapit na sa katapusan ng panahon. Sa ganyang paraan, ay pinahintulutan ng Dios ang hindi tamang pinagkaugaliang pagkakaunawa sa pamamaraan ng paghatol ng Dios na maituro sa mga simbahan, habang pinahintulutan pa Niya ang mga simbahan na ituro ang gawin mo sa iyong sarili na planong pagliligtas.

Kaya, kahit na ngayon, ay may matapat, mabuti ang hangaring mga mag-aaral ng Biblia na patuloy na sinisikap na bigyang-katarungan ang kinaugaliang pagkakaunawa sa plano ng paghatol ng Dios sa pamamagitan nang maingat na pagsusuri sa parirala pagkatapos ng parirala na matatagpuan sa Biblia. Gayon pa man, ay kanilang sinasala ang mga pariralang ito sa pamamagitan ng kanilang inakalang kinaugalian at maling pagkakaunawa ng pamamaraan ng paghatol ng Dios na kanilang pinaniniwalaang tama. Ito ay imposible at walang pag-asang tungkulin sapagka't ang kinaugaliang plano ng paghatol ay hindi kinikilala ang buong kapangyarihan ng bawa't salita sa Biblia na batas ng Dios.

Sa pagkakabuod, ay tiyak nating masasabi na sa buong panahon ng simbahan, ay may mga hindi nalutas na suliranin na may kaugnayan sa tunay na pagkakaunawa sa kaparusahan sa kasalanan. Ito ay lubos na mauunawaan kapag naalaala natin na ang napakalaking bilang ng impormasyon tungkol sa mga detalye at katangian ng katapusan ng panahon ay tinatakan sa Biblia upang ito ay hindi maunawaan. Ang Dios ay ginawang talagang masalimuot at mahirap maunawaan ang salita sa Biblia upang ang mga katotohanan ay manatiling nakatago hanggang sa talagang malapit na sa katapusan ng panahon.

Gayon pa man, habang papalapit tayo sa katapusan ng panahon, ay balak ng Dios na ang malaking bilang ng impormasyon na may ganitong katangian ay malalaman. Nang nakalulungkot, ang mga katotohanang ibinubunyag ay tatanggihan ng mga simbahan, na sa katunayan ay nagtitiwala sa kanilang doktrina, mga dogma, at mga palagay sa teolohiya. Ito ay lalong totoo sapagka't makikita nating ang ideya na walang-hanggang pagdurusa sa impiyerno bilang bunga ng kasalanan ay hindi totoo. Kaya, ang pangunahing pamamaraan o pagtatanggol na ginawa upang hikayatin ang mga taong maligtas ay nawala.

At saka, ang mga simbahan ay talagang nasisiyahan sa kanilang kasalukuyang pagkakaunawa sa Biblia. Hindi nila nauunawaan, o nais maunawaan, na plano ng Dios na sa mga huling araw, ang maraming karagdagang katotohanan ay lalabas mula sa Biblia. Halimbawa, nalaman natin nang una sa pag-aaral na ito na sa buong panahon ng simbahan, ang mga simbahan ay nagpasiya na batay sa kanilang maingat na pag-aaral sa Biblia, si Cristo ay darating na gaya ng magnanakaw sa gabi. Gayon pa man, ngayong tayo ay talagang malapit na sa katapusan ng panahon, ang Dios ay nagbibigay sa mga tunay na mananampalataya ng sapat na impormasyon, na nagmula lamang sa Biblia,

upang malaman natin ng may lubos na katiyakan ang araw, ang buwan, at ang taon ng katapusan ng panahon.

Gayon din naman, nalalaman natin ngayon mula sa Biblia ang napakalaking bilang ng mas maliwanag na detalyadong impormasyon tungkol sa paghatol. Tandaan kung ano ang nalaman natin mula sa Eclesiastes 8:5-6, na kung saan ay basahin natin:

> **Ang nagiingat ng utos ay hindi makakaalam ng masamang bagay; at ang puso ng pantas ay nagbubulay ng panahon at kahatulan. Sapagka't sa bawa't panukala ay may kapanahunan at kahatulan; sapagka't ang karalitaan ng tao ay malaki sa kaniya.**

Hindi natin dapat ipagtaka na ang mga simbahan ay patuloy na tumututol sa mga palagay tungkol sa panahon, na nalaman natin mula sa Biblia, at kanilang tututulan ang mga palagay na may kinalaman sa uri at katangian ng paghatol, na bunga rin ng maingat na pag-aaral ng Biblia. Subali't dapat tayong magalak na dahil talagang malapit na tayo sa katapusan ng panahon, ang Dios ay naghahayag sa mga tunay na mananampalataya ng maraming katotohanan sa Biblia na nakatago sa Biblia sa nakalipas na 1,900 taon.

Ang Pag-ibig ng Tao sa Tao

Bago natin iwan ang kasalukuyan nating pagsusuri sa kinaugaliang pagkakaunawa sa pamamaraan ng paghatol ng Dios, ay titingnan natin ang isa pang bagay na tumutuon sa paksang ito. Ito ay iniuugnay sa utos ng Dios na dapat nating ibigin ang ating kapwa.

Sa Mateo 22:36, si Jesus ay tinanong:

> **Guro, alin baga ang dakilang utos sa kautusan?**

Sa mga bersikulo 37 hanggang 40, ay basahin natin ang tugon ni Jesus:

> **At sinabi sa kaniya, Ibigin mo ang Panginoon mong Dios ng buong puso mo, at ng buong kaluluwa mo, at ng buong pagiisip mo. Ito ang dakila at pangunahing utos. At ang pangalawang katulad ay ito, Iibigin mo ang iyong kapuwa na gaya ng iyong sarili. Sa dalawang utos na ito'y nauuwi ang buong kautusan, at ang mga propeta.**

Batay sa Juan 14:21, ay alam natin na ang ibigin ang Dios ay ang pagsunod sa Kanyang mga utos. Doon ay basahin natin:

> **Ang mayroon ng aking mga utos, at tinutupad ang mga yaon, ay siyang umiibig sa akin: at ang umiibig sa akin ay iibigin ko, at ako'y magpapakahayag sa kaniya.**

Alam rin nating ang Kanyang mga utos ay ang buong Biblia. Ang taong naligtas, ang tunay na mananampalataya, kaya nga, ay may matinding patuloy na hangaring maging masunurin sa buong Biblia.

Gayon pa man, sa parehong kalagayang ang Dios ay nagsasabing ibigin ang Dios ng buong puso at kaluluwa at lakas at pag-iisip, ibinibigay Niya ang utos na iibigin mo ang iyong kapwa na gaya ng iyong sarili. Kaya, ang Dios ay tumutukoy ang isang aspekto ng ating pag-ibig sa Dios sa pamamagitan ng pagbibigay-diin sa pangangailangang ibigin ang ating kapwa. Hindi lamang siya nagbibigay ng di pangkaraniwang pansin sa pag-ibig sa ating kapwa, subali't binibigyan rin Niya tayo ng pamantayan na sa pamamagitan ay kailangan nating sukatin ang ating pag-ibig sa ating kapwa. Iyan ay , ang pag-ibig natin sa ating kapwa ay kailangang kapantay ng ating pag-ibig sa ating mga sarili.

Nalaman natin mula sa talinghaga ng mabuting Samaritano (Lucas 10:29-37), na ang kapwa natin ay ang kahit na sinong nangangailangan ng tulong. Ito, siyempre, ay tumitiyak sa atin na sinumang hindi ligtas ay nangangailangan ng espirituwal na tulong, at kaya, ay ating kapwa. Kaya nga, sa katunayan, ang kapwa natin ay ang kahit na sino sa mundo. Kaya nga inihahatid natin ang napakadakilang Ebanghelyo sa mundo. Ang sinuman na hindi ligtas ay nangangailangan ng tulong. At siyempre, ginagamit ng Dios ang Biblia upang iligtas ang mga piniling maligtas.

Dahil sa kailangan nating ibigin ang ating mga kapwa gaya ng ating mga sarili, dapat ay tunay nating hangarin ang pinakamataas na kabutihan para sa kanila. Ang pinakamataas na kabutihan ay ang kaligtasan. Gayon pa man, ano ang kalagayan kung ang tao ay namatay na hindi ligtas? Iibigin pa rin ba natin sila? Sinasagot ng Biblia ang katanungang iyan sa Mateo 5:44, na kung saan ay basahin natin:

> **Datapuwa't sinasabi ko sa inyo, Ibigin ninyo ang inyong mga kaaway, at idalangin ninyo ang sa inyo'y nagsisiusig;**

Ang posibilidad na ang marami sa mga kaaway na ito ay maliligtas ay lubhang malayo. At gayon man, kailangan natin silang ibigin. Ang pag-ibig natin sa hindi naligtas kahit na pagkatapos nilang mamatay ay ipinakita ni David at ni Jesus. Sa humigit-kumulang na huling 15 taon ng buhay ni Haring Saul, ay pinagsikapan niya sa bawa't posibleng paraan na patayin si David. At gayon man, nang si Haring Saul ay namatay, ay ipinahayag ni David ang kanyang pagdadalamhati at pag-ibig sa mga bersikulo na gaya halimbawa ng II Samuel 1:19 at 24, na kung saan ay basahin natin:

> **Ang iyong kaluwalhatian, Oh Israel, ay napatay sa iyong matataas na dako!. Ano't nangabuwal ang mga makapangyarihan!...Kayong mga anak na babae ng Israel, iyakan ninyo si Saul, Na siyang sa inyo'y maselang na nagbihis ng escarlata, Na siyang naggayak ng ginto sa inyong mga kasuutan.**

At sa Samuel 2:5, na kung saan ay basahin natin:

> **At nagsugo ng mga sugo si David sa mga lalake sa Jabes-galaad, at sinabi sa kanila, Pagpalain nawa kayo ng Panginoon, na kayo'y nagpakita ng kagandahang loob na ito sa inyong panginoon, sa makatuwid baga'y kay Saul, at inyong inilibing siya.**

Si David ay nagpakita ng pag-ibig at paggalang sa kanyang namatay na kaaway, si Haring Saul, subali't mas higit pa niyang ipinahayag nang labis ang kanyang pag-ibig sa kanyang talagang makasalanang anak na lalake, si Absalom. Nang si Absalom ay mga 25 taong gulang, ay nagsimula siyang magkaroon ng lihim na balak laban sa kanyang amang si David. Ang kanyang hangad ay agawin ang trono ng Israel mula sa kanyang ama. Sa katunayan, ang kanyang paghihimagsik at ang nagbungang anarkiya ay talagang naging maliwanag kaya si David ay napilitang takasan ang Jerusalem upang hindi siya patayin ni Absalom.

Gayon pa man, ang walang-maliw na pag-ibig ni David para sa kanyang makasalanan, taksil na anak, na sa huli ay napatay ng isang heneral sa hukbo ni David, ay labis na ipinahayag sa II Samuel 18:33, na kung saan ay basahin natin:

> **At ang hari ay nagulumihanan, at sumampa sa silid na nasa ibabaw ng pintuang bayan, at umiyak: at habang siya'y yumayaon, ganito ang sinasabi niya, Oh anak kong Absalom, anak ko, anak kong Absalom! Mano nawa'y ako ang namatay na kahalili mo, Oh Absalom, anak ko, anak ko!**

Ang pag-ibig ni David para kay Absalom ay nagpapahayag ang pag-ibig na kailangang mayroon tayo para sa ating kapwa. Hindi tayo dapat magalak sa kamatayan ng isang kaaway, kundi dapat tayong malungkot na naranasan nila ang nagpaparusang matinding galit ng Dios na darating sa lahat ng hindi naligtas.

Ng mas higit pang madula, ay nakita natin ang pag-ibig ni Cristo sa mga dapat makaranas ng matinding galit ng Dios. Sa Lucas 19:41-44 ay basahin natin:

> **At nang malapit na siya, nakita niya ang bayan, at ito'y kaniyang tinangisan, Na sinasabi, Kung sa araw na ito ay nakilala mo sana, sa iyong sarili, ang mga bagay na nauukol sa iyong kapayapaan! Datapuwa't ngayo'y pawang nangatatago sa iyong mga mata. Sapagka't darating sa iyo ang mga araw, na babakuran ka ng kuta ng mga kaaway mo, at kukubkubin ka, at gigipitin ka sa magkabikabila. At ilulugso ka sa lupa, at ang mga anak mo na nasa loob mo; at sa iyo'y hindi sila magiiwan ng bato sa ibabaw ng kapuwa bato; sapagka't hindi nito nakilala ang panahon ng sa iyo'y pagdalaw.**

Sa mga bersikulong ito, binasa nating tinangisan ni Jesus ang Jerusalem, na sa kabuuan ng nilalaman nito ay kumakatawan sa lahat ng hindi naligtas sa loob ng bansang Israel at sa lahat ng mga nananatili sa mga simbahan, na mararanasan ang buong sukat ng matinding galit ng Dios para sa kanilang mga kasalanan. Sila ay lalong pinagpala dahil sa kanilang nalaman sa Biblia. Talagang marami silang nalaman tungkol sa pag-ibig at awa ng Dios. Subali't binaluktot nila ang mga katotohanan sa Biblia sa mga doktrinang mas kalugud-lugod sa kanila. Nagpatuloy silang lumakad sa kanilang kahambugan. Maaari natin silang tingnan na mga espirituwal na nanggugulo, na tiyak na karapat-dapat sa matinding galit ng Dios.

Subali't sila ay tinangisan ni Jesus. Isiping, ang Dios Mismo ang tumatangis dahil kailangan Niyang parusahan ang mga naghihimagsik sa kanya. Hindi nakapagtataka na mababasa natin sa Ezekiel 33:11:

Sabihin mo sa kanila, Buhay ako, sabi ng Panginoong Dios, wala akong kasayahan sa kamatayan ng masama;…

Nalalaman nating ang Dios ay kailangang magdala ng kaparusahan sa ating hindi ligtas na minamahal sa buhay at mga kaibigan, at sa bawa't isa sa mundo na nananatiling hindi naligtas, at iyan ay pinupuno tayo ng pagdadalamhati at kalungkutan. Subali't ang kalungkutang iyan ay labis na nabawasan dahil sa nalalaman nating ang kaibigan natin ay hindi na magdurusa sa sandaling siya ay mamatay. Gayon pa man, kung ang kinaugaliang pagkakaunawa ay tama, iyan ay, ang hindi naligtas ay magpasawalang-hanggang labis na pahihirapan sa lugar na tinatawag na impiyerno, sa katunayan ay dapat tayong magdalamhati kapag ang kaibigan nating hindi naligtas ay namatay. Kung ang ating kaibigan ay nagpabayang mamuhay sa mundong ito, tinatamasa ang lahat ng katuwaan at kaligayahan na ipinagkakaloob ng mundo, subali't hinahamak ang Biblia, ay patuloy tayong magdadalamhati kahit na matagal na silang namatay kapag naisip natin ang kanyang walang-hanggang, patuloy na pagdurusa.

Subali't ngayon, ang Biblia ay nagkakaloob ng pagtatama sa ating pagkakaunawa sa paghatol. Kahit na ang ating kaibigan ay namatay na hinahamak ang Biblia, kahit na nakasisindak na pinagkaitan siya ng kamangha-manghang pamana na buhay na walang-hanggan at ang kaligayan at luwalhati ng pagiging magkasamang tagapagmana ni Cristo sa bagong langit at sa bagong lupa, at kahit na nakatatakot maunawaan na ang kanyang kamatayan ay ang nakakahiyang pagkamatay sa ilalim ng sumpa ng Dios, ay may mabuting balita. Kahit papaano ay lubos tayong makatitiyak na ang kamatayan ng ating kaibigan ay nangangahulugan na kailanman ay hindi na siya sasailalim sa sakit at pagdurusa. Para sa kanyang buhay, ay may pagsasara.

Nang nakalulungkot, ang maraming tao na tunay na naniniwalang sila ay naligtas ay labis na nagalit sa turong inilathala sa Biblia at isinalarawan sa aklat na ito. Hindi natin maiwasang mag-isip sa kanilang galit na pagtugon. Nalalaman nating napakaraming tao ang napaniwalang sila ay naligtas, subali't sa katunayan ay hindi naligtas. Gayon pa man, dahil sila ay lubos na napaniwalang sila ay naligtas, ay sinisikap nilang mabuti na mabuhay na katulad ng taong naligtas. Subali't dahil hindi sila naligtas, ay nangangahulugan na kapwa sa katawan at kaluluwa, ay iniibig nila ang mundong ito at ang lahat ng kaligayahang dinadala nito. Kaya nga, ang sikaping mabuhay na gaya ng taong naligtas ay ang patuloy na mahirap na pag-akyat. Sa kanilang mga puso, ay iniibig nila ang mundo, at dahil sila ay naniniwalang sila ay naligtas, ay nalalaman nilang hindi nila dapat ibigin ang mundo. Kaya, ang buhay ay sadyang mahirap at hindi masaya para sa kanila. Kailangan nilang mabuhay na parang hindi nila nais ang mundong ito, ngunit talaga nilang ninanais ang mundong ito.

Nagkakaroon ng problema kapag namatay ang isang kaibigan, ang isang kaibigan na walang pagmamalasakit sa Biblia, at malayang tinatamasa ang lahat ng kaligayahang idinudulot ng mundo. Ang kaibigang ito ay kailangang magbayad nang mabigat para sa kaligayahang kanyang tinamasa sa mundong ito. Sa pamamagitan ng kinaugaliang palagay sa paghatol, siya ay dapat na nasa walang-katapusang paghihirap sa lugar na tinatawag na impiyerno. Ang isinasaalang-alang ba natin, na naniniwalang siya ay naligtas subalit sa katunayan ay hindi, ay isinaalang-alang ang nakatatakot na pag-iisip na siya, mismo, ay hindi pa rin naliligtas, kung gayon batay sa kinaugaliang palagay, ay

dapat siyang parusahan magpakailanman sa lugar na tinatawag na impiyerno? Magiging kasindak-sindak iyan.

Gayon pa man, ngayon ay nalaman natin na ang kinaugaliang palagay sa plano ng Dios para sa pagpaparusa sa kasalanan ay mali. Lubusang ipinagkakait nito ang awa, pagkahabag, at ang katarungan ng Dios. Ito ay nagmula sa karunungan ng tao. Walang katotohanan dito. Ang kinaugaliang palagay ay nagbubunyag ng likas na kalupitan at kawalan ng awa na bahagi ng katangian ng hindi naligtas na sangkatauhan. Maaaring nababagay na ipagbigay-alam na kailanman ay hindi natin dapat sikaping palitan ang plano ng Dios na awa at katarungan ng ating konsepto ng awa at katarungan.

Ang Dios ay nagbibigay nitong maligaya at masayang pangako sa Eclesiastes 8:5-6:

> **Ang nagiingat ng utos ay hindi makakaalam ng masamang bagay; at ang puso ng pantas ay nagbubulay ng panahon at kahatulan: Sapagka't sa bawa't panukala ay may kapanahunan at kahatulan; sapagka't ang karalitaan ng tao ay malaki sa kaniya:**

Sa loob ng mga libong taon ang mga salitang ito ay binasa ng mga teologo at mga iskolar ng Biblia na hindi nauunawaan. Ito ay dahil sa ang panahon at kahatulan lahat ay may kinalaman sa katapusan ng panahon, at layunin ng Dios na itago ang ganitong uri ng impormasyon, at ihayag lamang ito sa panahon ng katapusan (Daniel 12:4). Ang Dios ay tinitiyak tayo dito habang sinasaksihan natin kung paanong ang Dios, sa panahong ito ng kasaysayan, na talagang malapit na tayo sa katapusan ng mundo, ay nagbunyag ng may maraming pagpapatibay ng talagang araw at taon na magwawakas ang mundong ito. Kaya, ngayon, ang bawa't matalinong tao, iyan ay, ang bawa't tunay na mananampalataya ay malalaman mula sa Biblia ang tungkol sa talatakdaan ng panahon ng kasaysayan hanggang sa huling araw (tingnan ang *Halos Naroon Na Tayo!*).

Subali't ang pangakong ito ng Eclesiastes 8:5-6 ay bumabanggit rin ng "kahatulan". Ang salitang "kahatulan" ay paminsang-minsang ginagamit na singkahulugan ng salitang "batas" at "mga utos" at 'mga alituntunin". Halimbawa, mababasa natin sa Mga Awit 119:106,…**"Na aking tutuparin ang mga matuwid mong kahatulan".**

Gayon pa man, sa pangkaraniwan, ang salitang "kahatulan" o "paghatol" ay ginagamit upang ipakahulugan ang bunga sa paglabag sa batas ng Dios. Ito ang paraang ginamit ito sa mga bersikulo sa Eclesiastes na kasalukuyan nating sinusuri, na kung saan ay mababasa natin, **"Sapagka't sa bawa't panukala ay may kapanahunan at kahatulan".** Iyan ay, sa bawa't layunin ay kapwa may panahon kung kailan ito matutupad at bunga na kalalabasan mula sa pagkakatupad ng layuning iyan. Ang bungang iyan ay kahatulan o pagpaparusa, kung ang ginawa ay nilabag ang batas ng Dios.

Nalaman nating ang pangunahing turo ng impormasyon sa panahon sa Biblia ay tumutuon sa katapusan ng panahon, kapag ang lahat ng mga gawain sa paghatol ng Dios ay matatapos na. Kaya nga, ay kaagad nating mauunawaan kung bakit ang kapanahunan at kahatulan ay magkasamang iniugnay sa mga bersikulong ito. Ang lahat ng pamamaraan ng paghatol ng Dios ay mabubuo sa katapusan ng mundo.

Hindi tayo nagugulat na ang kinaugaliang palagay na itinuro ng karamihan sa mga simbahan sa buong panahon ng simbahan (halimbawa, si Cristo ay darating na gaya ng magnanakaw sa gabi, II Pedro 3:10), sa kabuuan ay pinalitan sa pamamagitan ng karagdagang paghahayag na ibinigay sa atin ng Dios. Nang tamang-tamang mula sa Biblia lamang ay nalaman nating malalaman natin ang talagang araw, buwan, at taon sa mga pangyayari sa katapusan ng panahon. Gayon pa man, sa buong panahon ng simbahan, ay balak ng Dios na ang mga simbahan ay kailangang ituro na si Cristo ay darating na gaya ng magnanakaw sa gabi. Malalaman nating ito ay totoo dahil sa mababasa natin sa Mga Gawa 1:6:

> **Tinanong nga siya nila nang sila'y nangagkakatipon, na nangagsasabi, Panginoon, isasauli mo baga ang kaharian sa Israel sa panahong ito?**

Ang mga apostol, na pinamumunuan ang unang simbahan, ay nais malaman kung kailan tatapusin ng Dios ang pagbubuong muli sa kaharian ng Dios. Sa kanilang mga kaisipan, Siya ang kanilang inaasahang magtatatag ng isang makalupang kaharian. Si Cristo ay sinagot sila, gaya ng mababasa natin sa Mga Gawa 1:7:

> **At sinabi niya sa kanila, Hindi ukol sa inyo ang pagkakaalam ng mga panahon o ng mga bahagi ng panahon, na itinakda ng Ama sa kaniyang sariling kapamahalaan.**

Pagkatapos si Jesus ay nagturo pa ng tungkol sa katangian ng kaharian. Ang Mga Gawa 1:8 ay nagsasabi:

> **Datapuwa't tatanggapin ninyo ang kapangyarihan, pagdating sa inyo ng Espiritu Santo: at kayo'y magiging mga saksi ko sa Jerusalem, at sa buong Judea at Samaria, at hanggang sa kahulihulihang hangganan ng lupa.**

Ang tatlong bersikulong ito ay nagtuturo sa atin na sa panahon ng simbahan, ay magkakaroon ng sobrang kagustuhang malaman ang tungkol sa pagsasaoras ng katapusan. Gayon pa man, ang simbahan sa buong panahon ng simbahan ay hindi dapat maging interesado sa suliraning iyan, kundi kailangan nilang lubusang tumuon sa kautusang ibinigay sa kanila, iyan ay, ang ikalat ang Ebanghelyo sa buong mundo. Kaya nga, sa buong 1,955 taon ng panahon ng simbahan, ay kailangan nilang maunawaan na walang makakaalam sa panahon ng katapusan, kundi si Cristo ay darating na gaya ng magnanakaw sa gabi.

Gayon pa man, malapit sa oras ng katapusan ng mundo, sa mga tunay na mananampalataya, ay kinakailangang ibigay ang tiyak na pagsasaoras ng katapusan. Kaya nga, sa panahon natin, binuksan ng Dios ang ating mga mata sa isang tamang-tamang pagkakaunawa sa buong tamang panahon ng kasaysayan upang malaman natin ang tiyak na araw, buwan, at taon ng katapusan. Ito ay nagbibigay ng kakayahan sa mga tunay na mananampalataya na isakatuparan ang ating tungkuling balaan ang mundo. Ang bawa't mananampalataya ay isang bantay. Basahin natin sa Ezekiel 33:2-7:

Anak ng tao, salitain mo sa mga anak ng iyong bayan, at sabihin mo sa kanila, Pagka aking dinala ang tabak sa lupain, kung ang bayan ng lupain ay kumuha ng isang lalake sa gitna nila, at ilagay na pinakabantay nila; Kung, pagkakita niya ng tabak na dumarating sa lupain, kaniyang hipan ang pakakak, at magbigay alam sa bayan; Sinoman ngang makarinig ng tunog ng pakakak, at hindi pinansin kung ang tabak ay dumating at dalhin siya, ang kaniyang dugo ay mapapasa kaniyang sariling ulo. Narinig niya ang tunog ng pakakak, at hindi pinansin; ang kaniyang dugo ay sasa kaniya; sapagka't kung siya'y pumansin ay kaniyang nailigtas sana ang kaniyang buhay. Nguni't kung makita ng bantay na dumarating ang tabak, at hindi humihip ng pakakak, at ang bayan ay hindi napagbigyang alam, at ang tabak ay dumating, at maghiwalay ng sinoman mula sa gitna nila; siya'y nahiwalay sa kaniyang kasamaan, nguni't ang kaniyang dugo ay sisiyasatin ko sa kamay ng bantay. Sa gayo'y ikaw, anak ng tao, ay inilagay ko na bantay sa sangbahayan ni Israel; kaya't dinggin mo ang salita sa aking bibig, at magbigay alam ka sa kanila sa ganang akin.

Sa I Tesalonica 5:2-6, ay binasa natin ang tungkol sa pagbago mula sa turo na si Cristo ay darating na gaya ng magnanakaw sa gabi sa turo na tayo ang mga bantay. Kaya nga ang programa ng Dios ay nangangailangan ng kaalaman sa panahon at kahatulan.

Dahil sa ang panahon at kahatulan ay talagang malapit na magkaugnay, nangangahulugan bang ang kinaugaliang mga turo sa paghatol ay kailangan ring palitan ng bagong mga turo mula sa Biblia?

Ito talaga ang nakikita nating totoo. Ang susi sa katotohanang ito ay ang panahon ay lubos na kaugnay sa pamamaraan ng paghatol ng Dios. Kaya nga, ang matatag na kaalaman ng pangwakas na talatakdaan ng panahon ng kasaysayan ng mundo ay nangangailangan ng lahat ng pagsusuring muli sa anumang kinaugaliang palagay sa pamamaraan ng paghatol ng Dios.

Sa madaling salita, imposibleng magkaroon ng tamang palagay ng paghatol sa Biblia hanggang sa malaman muna natin, nang tamang-tama mula sa Biblia, ang ganap na tamang palagay sa panahon. Dahil ang Dios ay nagbunyag ng talagang maraming bagong impormasyon sa panahon, ay hindi tayo dapat magulat sa napakaraming bagong katotohanan na malalaman natin ngayon.

Nang ang Dios sa wakas ay nagbunyag sa atin ng tiyak na talatakdaan ng panahon ng mga pangyayari sa katapusan ng mundo, ay natuklasan natin hindi lamang ang eksaktong katapusan ng panahon ng simbahan (Mayo 21, 1988), at ang eksaktong tagal ng malaking kapighatian (8,400 araw o 23 buong taon), kundi ang panahon rin ng araw ng paghatol (Mayo 21, 2011 hanggang Oktubre 21,2011). Sa tiyak na impormasyon sa panahon, ay talagang madali rin nating malalaman na parami nang parami ang tungkol sa buong pamamaraan ng paghatol ng Dios. Hindi ito nakagugulat sapagka't gaya ng naitala na natin, ang Biblia ay magkasamang iniuugnay ang kapanahunan at kahatulan.

Bago natin suriin nang mas malapit ang pamamaraan ng paghatol ng Dios, nasa ayos na gumawa ng ilang mga pagpuna tungkol sa panahon ng malaking kapighatian, na talagang malapit na iniugnay sa araw ng paghatol. Matatandaang, ang panahon ng simbahan ay nagwakas noong Mayo 21,1988, na unang araw rin ng 8,400 araw na panahon ng malaking kapighatian. Sa tamang pagkakasunud-sunod, ang malaking

kapighatian ay magwawakas sa Mayo 21,2011, na unang araw ng 153 araw na araw ng paghatol.

May dalawang bersikulo sa Biblia na lumilitaw na ginagawang bahagi ng araw ng paghatol ang panahon ng malaking kapighatian. Ang una ay ang Lucas 21:22, na kung saan ay basahin natin:

> **Sapagka't ito ang mga araw ng paghihiganti, upang maganap ang lahat ng mga bagay na nangasusulat.**

Ang pangalawa ay ang I Pedro 4:17:

> **Sapagka't dumating na ang panahon ng pasimula ng paghuhukom sa bahay ng Dios: at kung mauna sa atin, ano kaya ang wakas ng mga hindi nagsitalima sa evangelio ng Dios?**

Ang "bahay ng Dios" ay ang pagtukoy sa lahat ng mga lokal na kongregasyon, na pinabayaan ng Espiritu Santo at inilagay sa ilalim ng pamamahala ni Satanas. Sila ay pinaparusahan sapagka't lubos nilang binago ang tunay na Ebanghelyo. Kaya, sila ay nasa ilalim ng paghatol. Subali't higit iyang naiiba sa araw ng paghatol, ang limang buwan mula Mayo 21,2011 hanggang Oktubre 21,2011, na ang bawa't isang tao sa buong mundo ay tatanggap ng pangwakas na paghatol para sa kanyang mga kasalanan. Ang kaparusahang ito, siyempre, ay hindi darating sa mga tunay na mananampalataya, na aakyat sa langit, o aagawin sa hangin upang salubungin ni Cristo, sa Mayo 21, 2011.

Ang malaking kapighatian ay panahon ng pagsubok, lalo na sa mga simbahan, subali't sa buong mundo rin, nang inihihiwalay ng Dios ang trigo (ang mga tunay na mananampalataya) sa mga pangsirang damo (ang mga naniniwalang sila ay naligtas, subali't sa katunayan ay hindi).

Ang Apocalipsis 3:10 ay nagsasalarawan ng panahong ito na bilang "panahon ng pagsubok". Ang salitang "pagsubok" ay maaari ring isalin na "paglilitis" o "pagsusuri". Nalaman natin ang maraming pagsubok na ipinakita ng Dios sa huling ilang taon. Kabilang sa kanila ang mahalagang paksa sa doktrina at mga katanungang gaya ng mga sumusunod:

1. Ang simbahan ba ay maipapakita kung paanong maliligtas ang isang tao?

2. Nauunawaan ba nating sa panahong ito ang Dios ay nagbubunyag ng napakalaking bilang ng bagong impormasyon mula sa Biblia?

3. Maliwanag ba nating nauunawaang ang bawa't salita sa orihinal na salita ng Biblia ay nagmula sa bibig ng Dios?

4. Ang buong Biblia ay ang aklat ng batas ng Dios para sa lahi ng tao, at magdadala ito ng pagkakasumpa kung hindi susundin.

5. Ang panahon ng simbahan ay nagwakas noong 1988, kaya, walang sinuman ang maliligtas habang nasa ilalim ng kapangyarihan ng lokal na

kongregasyon. Sa katunayan, ang Dios ang naglagay kay Satanas sa mga simbahan upang mamahala doon. Sa ganyang paraan, inutusan ng Dios ang mga naghahangad na maging masunurin sa Dios na lumabas sa mga lokal na kongregasyon.

6. Sa buong panahon ng simbahan, ay balak ng Dios na ang mga tunay na mananampalatay ay dapat isiping si Cristo ay darating na gaya ng magnanakaw sa gabi. Subali't ngayon, ang mga tunay na mananampalataya ay kailangang malaman ang tiyak na araw, buwan, at taon ng Kanyang pagdating. Pinahihintulutan silang matapat na balaan ang mundo sa panahon ng katapusan. Kung ang mga tao ay magpatuloy sa ideya na Siya ay darating na gaya ng magnanakaw sa gabi, sila ay ikukulong lamang nito sa landas na maghahatid sa biglang pagkawasak na darating sa kanila (I Tesalonica 5:1-4).

7. Sa buong panahon ng simbahan, ang Dios ay pinahintulutang manaig ang kinaugalian at lubos na maling ideya sa pamamaraan ng paghatol ng Dios. Subali't ngayon, ang Dios ay binibigyan tayo ng higit pang maliwanag na pagkaunawa sa tunay na katangian ng pamamaran ng paghatol ng Dios. Ito rin ay larangan ng pagsubok, tunay ba nating iniibig ang ating mga kaaway?

8. Ang buong mundo ay sinusubukan na diyan sila ay binabalaan ng namimintong katapusan ng mundo. Magpapatuloy ba sila sa kalagayan ng pagtanggi, gaya ng ginawa ng mundo sa araw ni Noe, o ang ilang tao ba ay tutugon sa babala, gaya ng ginawa ng mga taga Nineve nang sila ay binalaan ni Jonas sa namimintong pagkawasak?

Ang Dios ay nagpapahayag sa Apocalipsis 3:10 na pangangalagaan Niya ang mga tunay na mananampalataya sa oras na ito ng pagsubok. Para sa mga tunay na mananampalataya, na labis na ninanais na sundin ang lahat ng mga utos ng Dios, ang mga pagsubok na nakatala sa itaas ay hindi pagsubok sapagka't ang mga mananampalataya ay may hangaring sumunod. Subali't para sa hindi nananampalataya sa mga simbahan at sa mundo, ang bawa't isa ng mga pagsubok na ito o pagsusuri ay nagsasabi sa kanila na kung sila ay tatangging sumunod, kung gayon ay may malaki silang problema sa Dios.

Nang kamangha-mangha, ang huling 6,100 araw ng 8,400 araw ng panahon ng malaking kapighatian ay panahon na ang lubhang karamihan na hindi mabibilang ng sinoman, ay inililigtas.

Gayon pa man, ay dapat tayong magbalik sa pag-aaral ng mas tamang-tamang pagkakaunawa sa pamamaraan ng paghatol ng Dios. Sa susunod na kabanata, ay titingnan natin ng malapit ang Dios ang Hukom ng buong mundo.

Kabanata Tatlo
Ang Dios, Ang Hukom ng Buong Mundo

Sa pag-aaral na ito ay sinisikap nating malaman nang tamang-tama hanggang maaari ang planong paghatol ng Dios para sa mundong ito. Ang planong paghatol nang maliwanag ay kabilang ang isang hukom. Ang Hukom na iyan ay ang Dios Mismo. Sa ating mga isipan, ay kaagad nating malalarawan ang isang hukom na nakatayo sa harapan ang taong nakasakdal. Ang hukom ay maingat na nakikinig at isinasaalang-alang ang salaysay mula sa iba't ibang saksi at mula sa nakasakdal upang malaman niya ang pagkakasala o kawalang-sala ng taong nakasakdal, at pagkatapos ay itatalaga ang naaayon sa batas na hatol kung ang nakasakdal ay makikitang nagkasala.

Talagang kapareho ito sa kinaugaliang palagay na pamamaraan ng paghatol sa Biblia. Sa palagay na iyan, ang Hukom ay si Cristo. Ang nakasakdal ay ang bawa't isang taong hindi naligtas. Ang panahon ay ang katapusan ng mundo. Ang hatol ay ang matinding paghihirap magpakailanman sa lugar na tinatawag na impiyerno.

Nalaman natin ngayon na ang kinaugaliang palagay ay ganap na mali. Habang ang palagay na iyan ay hinahawakan ng halos lahat ng mga simbahan sa buong panahon ng simbahan, ito ay nakabatay sa pangkakaunawa ng tao sa katarungan kaysa sa katotohanan ng Biblia.

Para maging makatarungan sa mga humahawak sa kinaugaliang palagay, ay dapat nating maunawaang ito ay nangyari dahil sa maingat na pagkakasulat ng Dios sa Biblia. Nalaman nating hindi balak ng Dios na ibunyag ang mga detalye ng mga plano ng Dios para sa katapusan ng mundo hanggang ang mundo ay halos darating na sa katapusan nito. Kaya nga, dahil sa tayo ay nasa panahong iyan, na ang katapusan ng mundo ay talagang namiminto, nalalaman natin ngayon ang tiyak na panahon ng katapusan. Gayon din naman, ngayon lamang ibinubunyag ng Dios sa tamang-tamang paraan ang mga detalye ng Kanyang planong paghatol. Kaya nga, sa panahong ito, nang binubuksan ng Dios ang ating mga mata sa katotohanan sa Biblia na kailanman ay hindi dating ibinunyag, ay dapat nating malaman ang tungkulin ng Hukom sa Biblia..

Sa Aklat ng Mga Hukom sa Matandang Tipan, ay nalaman natin ang tungkol sa mga gawain ng mga hukom katulad ni Josue, Gedeon, Jephte, Samson, at iba pa. Nakita nating ang kanilang pangunahing tungkulin ay ang wasakin ang mga kaaway ng Israel. Iyan ay, sila ay inaasahang magkaloob ng kapayapaan at kaligtasan sa bansa.

Sa I Samuel 8:20, ay mababasa nating ang Israel ay humiling ng hari:

> **Upang kami naman ay maging gaya ng lahat ng mga bansa, at upang hatulan kami ng aming hari, at lumabas sa unahan namin, at ipakipaglaban ang aming pakikipagbaka.**

At sa Mga Hukom 2:16, ang Dios ay nagpahayag:

> **At nagbangon ang Panginoon ng mga hukom, na nagligtas sa kanila sa kamay niyaong mga lumoloob sa kanila.**

Makikita rin natin ito sa mga pahayag na gaya halimbawa ng mga sumusunod.

Mga Awit 7:8: **Ang panginoo'y nangangasiwa ng kahatulan sa mga bayan: Iyong hatulan ako, Oh Panginoon, ayon sa aking katuwiran,…**

Mga Awit 7:11: **Ang Dios ay matuwid na hukom,…**

Mga Awit 9:19: **Bumangon ka, Oh Panginoon; huwag manaig ang tao: Mahatulan ang mga bansa sa iyong paningin.**

Mga Awit 26:1: **Iyong hatulan ako Oh Panginoon, sapagka't ako'y lumakad sa aking pagtatapat: Ako naman ay tumiwala sa Panginoon, na walang bulay-bulay.**

Mga Awit 67:4: **Oh mangatuwa at magsiawit sa kasayahan ang mga bansa: Sapagka't iyong hahatulan ang mga bayan ng karampatan, At iyong pamamahalaan ang mga bansa sa lupa. (Selah)**

Mga Awit 72:1-4: **Ibigay mo sa hari ang iyong mga kahatulan, Oh Dios, At ang iyong katuwiran sa anak na lalake ng hari. Kaniyang hahatulan ang iyong bayan, ng katuwiran, At ang iyong dukha, ng kahatulan. Ang mga bundok ay magtataglay ng kapayapaan sa bayan, At ang mga gulod, sa katuwiran. Kaniyang hahatulan ang dukha sa bayan, Kaniyang ililigtas ang mga anak ng mapagkailangan, At pagwawaraywarayin ang mangaapi.**

Mga Awit 103:6: **Ang Panginoon ay nagsasagawa ng mga matuwid na gawa, At ng mga kahatulan na ukol sa lahat na naaapi.**

Roma 14:10-11:**…sapagka't tayong lahat ay tatayo sa harapan ng hukuman ng Dios. Sapagka't nasusulat, Buhay ako, sabi ng Panginoon, sa akin ang bawa't tuhod ay luluhod, At ang bawa't dila ay magpapahayag sa Dios.**

II Corinto 5:10: **Sapagka't tayong lahat ay kinakailangang mahayag sa harapan ng hukuman ni Cristo….**

Apocalipsis 20:12: **At nakita ko ang mga patay, malalaki at maliliit, na nangakatayo sa harapan ng luklukan: at nangabuksan ang mga aklat: at nabuksan ang ibang aklat, na siyang aklat ng buhay: at ang mga patay ay hinatulan ayon sa mga bagay na nasusulat sa mga aklat, ayon sa kanilang mga gawa.**

Mula sa mga bersikulong ito ay nalaman nating ang hukom ay may tungkuling mamuno, mamahala sa mga tao. Siyempre, kabilang dito ang tungkuling alamin ang pagkakasala o kawalang-sala na bunga ng paglilitis. Nalalaman na nating ang Dios, bilang Hukom ng buong mundo, ang nagbigay ng batas ng Dios, ang buong Biblia, upang isakatuparan ang tungkuling makitang nagkasala ang mga tao at hatulan sila sa pagkakasumpa sa impiyerno. (Sa bandang huli ay malalaman nating ang impiyerno ay kamatayan).

Sa papaanong paraan, kailangan ay maliwanag na habang pinamamahalaan ng Dios ang mundo, ang bawa't tao sa buong buhay niya ay nakatayo sa harap ng Dios na Hukom ng mundo. Ang Dios ang nagtatanggol sa mahirap at sa ulila, ayon sa espirituwal, at sa pamamagitan ng Kanyang Salita ay nagdadala ng pagkakasumpa sa bawa't pagkakataong nagawa ang kasalanan. Habang ang Dios ay naghahari bilang Hukom sa buong mundo, ay gumagawa Siya ng maraming pagkilos upang isakatuparan ang Kanyang Makaharing hangarin. Ang ilang mga halimbawa ay ang mga sumusunod.

1. Hinatulan ng Dios ang hinirang bago pa natatag ang mundo. Inilagay Niya ang kanilang kaparusahan kay Cristo na Korderong pinaslang buhat pa nang itatag ang mundo.

2. Isinulat ng Dios ang batas ng Dios (ang Biblia), iniiugnay sa kabuuan sa Dios Mismo ((At nagkatawang-tao ang Verbo, Juan 1:14), kaya binibigyan ang Salita ng Dios ng kaparehong kapangyarihan sa Dios kaya ang Salita ng Dios ay humahatol.

3. Kanyang itinatag ang batas na si Jesucristo ang magiging Mataas na Saserdote na nag-alay sa Kordero, at Siya rin ang Korderong inialay.

4. Kanyang itinatag ang kahanga-hangang katotohanang ang kahihiyan at ang sumpa na tiniis ni Jesus ang Kordero ng Dios, habang binayaran Niya ang mga kasalanan ng hinirang, ay dapat makita ng lahat ng mga tao sa mundo. Itinala ng Dios ang mga detalye ng pagpapatunay na ito sa Biblia upang mabasa ng buong mundo ang tungkol dito.

5. Kanyang iniutos na ang bunga ng pagsunod ng mga tunay na mananampalataya, lalo na sa pagpapamalas sa pag-akyat sa langit ng mga tunay na mananampalataya, ay ang paghatol sa hindi naligtas, lalung-lalo na sa mga nagkaroon ng Biblia.

6. Siya ang nagbabagsak sa mga hari at nagtataas sa mga hari.

7. Kanyang pinamamahalaan ang lahat ng gawain ng bawa't tao.

8. Kanyang tiniyak ang tamang panahon ng kasaysayan at itinatag ang pamamaraan ng buong paghatol.

9. Walang anumang nangyayari saanman sa mundo, anumang oras sa kasaysayan ng mundo, na nasa labas ng Kanyang ganap na kaalaman at kapangyarihan.

10. Malalaman nating ang tuon ng lahat ng gawain ni Cristo bilang hukom ng buong mundo sa araw ng paghatol ay ang ihatid nang ligtas ang lahat ng mga tunay na mananampalataya sa langit, at maging dahilan rin ng pagtapos sa Kanyang kaparusahan sa lahat ng hindi naligtas sa mundo.

11. Bilang Hukom at Tagapamahala ng mundo, ay binigyan Niya si Satanas ng tiyak na mga tungkulin sa pamamahala at pinahintulutan siyang makapasok sa langit sa unang 11,000 taon ng kasaysayan. Si Cristo ang nagtapon kay Satanas mula sa langit at inalis ang marami niyang mga gawain sa pamamahala, binigyan siya ng dagok ng kamatayan, at iba pa, sa panahon ng krus.

12. Ang Dios ang nagtalaga kay Satanas sa mga simbahan upang pamahalaan ang bawa't isang simbahan sa 8,400 araw ng malaking kapighatian at sa 153 araw ng panahon ng paghatol.

Sa katunayan, sa papel ng Dios bilang Hukom at Tagapamahala, ang Kanyang tungkulin ay higit na mas malaki at malawak kaysa sa hukom na tao na itinalaga ang tungkulin ng pagtuklas sa pagkakasala o kawalang-sala ng nakasakdal.

Ang Pamamaraan ng Paghatol ng Dios

Ngayong nalaman natin ang tungkol sa malawak na antas ng mga gawain na kabilang sa ilalim ng titulo ng Dios na Hari, na Tagapamahala, at ang Hukom ng buong mundo, ay kailangan nating alamin ang kaparusahang iniutos ng Dios sa kasalanan. Nalaman natin sa Biblia na may limang mahalagang aspekto ng nakatatakot na kaparusahan. Sila ay ang mga sumusunod:

1. Ang kamatayan ng "buhay kay Cristo". Ang sangkatauhan ay nilikha na may buhay kay Cristo, na tinatawag nating buhay espirituwal. Sa buhay espirituwal nilikha si Adam, at kaya nga, ang buong sangkatauhan. Gayon pa man, ito ay ibinigay sa sangkatauhan ng may-pasubali. Kung sila ay magkasala ay mawawala sa kanila ang buhay na ito at mamamatay sa espirituwal. Ito ang parehong uri ng buhay na ating tinanggap sa sandaling binigyan tayo ng Dios ng bagong nabuhay na muling kaluluwa, maliban sa ito ay tinawag na buhay na walang-hanggan sapagka't ang lahat ng ating mga kasalanan ay bayad na sa pamamagitan ng dugo ni Cristo. Subali't nang si Adam ay sumuway, siya ay namatay sa espirituwal. Wala na siyang anumang buhay kay Cristo. Siya at ang buong sangkatauhan na nasa kanyang balakang ay namatay sa espirituwal, patay sa pagsuway sa batas at mga kasalanan.

2. Kamatayan ng katawan at kaluluwa, na tinatawag nating likas na kamatayan.

3. Napakalaking kahihiyan.

4. Pagkawala sa pamana na kaharian ng Dios, na dapat ay mababuhay tayong magpasawalang-hanggang kasama ni Cristo.

5. Ang pagkawasak na gumagarantiya na ang taong nahatulan kailanman ay hindi na magkakaroon ng kahit na espirituwal o pangkatawang buhay.

Sa Apocalipsis 20:11-13, ay basahin natin:

At nakita ko ang isang malaking luklukang maputi, at ang nakaluklok doon, na sa kaniyang harapan, ang lupa at ang langit ay tumakas; at walang nasumpungang kalalagyan nila. At nakita ko ang mga patay, malalaki at maliliit, na nangakatayo sa harapan ng luklukan; at nangabuksan ang mga aklat: at nabuksan ang ibang aklat, na siyang aklat ng buhay: at ang mga patay ay hinatulan ayon sa mga bagay na nasusulat sa mga aklat, ayon sa kanilang mga gawa. At ibinigay ng dagat ang mga patay na nasa kaniya; at ibinigay ng kamatayan at ng Hades ang mga patay na nasa kanila: at sila'y hinatulan bawa't tao ayon sa kani-kaniyang mga gawa.

Ito ay isang palabas (ang tatlong sukat na larawan), ng hindi naligtas (ang mga kailanman ay hindi binalak na iligtas ng Dios), na nakatayo sa harap ng Dios. May malaking luklukang puti, na maiiugnay lamang sa Dios na Tagapamahala, na Hukom ng buong mundo. Ang nakaupo (naghahari) sa trono ay maaaring ang Dios lamang, na bilang pinakadakilang Tagapamahala ay wawakasan ang sanglibutan, na sa kanyang harapan ang lupa at ang langit ay tumakas.

Ang mga patay ay nakatayo doon sa harap ng Dios. Ang bawa't isang tao sa lahi ng tao, sa buong buhay niya, ay nakatayo sa harapan ng Dios. Sa kabuuan ng nilalaman nito, silang lahat ay ang hindi hinirang na sa espirituwal ay patay magmula sa oras na sila ay na kay Adam. (kay Adam, ang lahat ay namamatay, I Corinto 15:22). Ito ay nangangahulugan na kahit na buhay sila sa pangkatawan sa isang panahon, sa sandali ng paglilihi ay wala silang buhay kay Cristo. Sila ay patay sa espirituwal. Sa palabas na ito ay nakita natin ang nakabukas na aklat na maliwanag na nakatala ang kanilang mga kasalanan. Ang mga taong ito ay hinatulan sa bawa't pagkakataong sila ay gumawa ng kasalanan. Ito ay totoo sapagka't ang batas ng Dios, ang buong Biblia, ay ginamit ng Dios upang magdala ng pagkakasumpa. Sila ay hinatulan sa pamamagitan ng batas ng Dios sa bawa't pagkakataong sila ay gumawa ng mga kasalanang nakatala sa mga aklat na ito.

Mayroon ring aklat ng buhay. Ang kanilang mga pangalan ay hindi matatagpuan sa aklat ng buhay. Kaya nga, hindi balak ng Dios na sila ay maligtas. Silang lahat ay nahatulan ng kamatayan, at sa dakong huli, ay talagang lubusang matitiyak na kailanman ay hindi na sila muling mabubuhay dahil sila ay inihagis sa dagatdagatang apoy. Sa Apocalipsis 20, sa kapwa bersikulo 12 at 13 ang pandiwang "hinatulan" ay nasa hindi tiyak paturol na balintiyak na pamanahon, na nangangahulugang nasa ilalim sila ng patuloy na nakaraang pagkilos na hinahatulan. Sa ganyang paraan, ang bersikulo 13 ay nagtuturo na sa palabas na ito, ang hindi naligtas na namatay na at nasa libingan, sa buong buhay nila ay patuloy na nasa ilalim ng paghatol ng Dios dahil sa ang Salita ng Dios ang humatol sa kanila. Bilang huling bahagi ng patuloy na pamamaraan ng paghatol ng Dios sa araw ng paghatol, ay ibubuga sila mula sa kanilang libingan upang tanggapin ang pangwakas na pagkahiya, at pagkatapos ang kanilang mga labi ay wawasakin magpakailanman.

Sa Apocalipsis 20:13 ay binasa natin ang mga nasa dagat. Maaaring ito ay tumutukoy sa patay sa espirituwal na sa pangkatawan ay buhay at kinakatawan sa

pamamagitan ng mga alon sa dagat (Isaias 57:20; Judas 13). O maaaring tinutukoy nito ang mga namatay sa dagat, katulad ng mga namatay sa baha sa panahon ni Noe. Sa karagdagan, ang mga nasa kamatayan at impiyerno, o nasa kamatayan at sa libingan (iyan ay, ang mga buhay pa rin sa pangkatawan subali't patay sa espirituwal, kasama ang mga namatay noong una at inilibing), ay dinala rin sa pangwakas na pagkahiya sa harap ng Dios sa araw ng paghatol.*

Sa wakas, ang kamatayan at impiyerno, o kamatayan at ang libingan, ay itinapon sa dagatdagatang apoy. Sa I Corinto 15:26 ay basahin natin:

Ang kahulihulihang kaaway na lilipulin ay ang kamatayan.

Sa dakong huli ay malalaman nating ang dagatdagatang apoy ay tinatawag na ikalawang kamatayan, at binibigyang-diin nito na ang hindi naligtas ay hinding-hindi, kailanman ay hindi na mabubuhay. Sila ay humintong mabuhay.

*May dalawang bersikulo na dapat tingnan nang mas maingat. Ang parehong bersikulong ito ay lumilitaw na nagtuturo na tiyak, ang bawa't tao ay kailangang humarap sa luklukan ng paghatol ng Dios upang magbigay ng ulat sa kanilang mga kasalanan. Ang mga ito ay ang Mateo 12:36 at Roma 14:12. Sa ating King James Bible ay mababasa natin, **"At sinasabi ko sa inyo, na ang bawa't salitang walang kabuluhang sabihin ng mga tao ay ipagsusulit nila sa araw ng paghuhukom"**,at **"Kaya nga ang bawa't isa sa atin ay magbibigay sulit sa Dios ng kaniyang sarili".** Sa parehong bersikulo ang turo ay dapat "magbigay o gumawa ng kabayaran". Ang kabayaran ay ang matinding galit ng Dios, na kamatayan. Sa katapusan ng panahon, ang hindi naligtas ay tatanggap ng kaparusahan bilang kabayaran sa kanilang mga kasalanan. Ang pagkakasumpa na nangangailangan ng ganitong kaparusahan ay nangyayari sa bawa't isang kasalanan.

Ano ang Impiyerno?

Ang salita na kadalasang iniuugnay sa paghatol ng Dios sa kasalanan ay ang salitang "impiyerno". Ano ang matututunan natin sa Biblia tungkol sa salitang ito? Sa Matandang Tipan ay matatagpuan ito ng mahigit sa 30 beses at lagi na ay ang salitang Hebreo *"sheol"*. Ang salitang *"sheol"* ay isinalin rin ng mahigit sa 30 beses na salitang "libingan" at tatlong beses na salitang "hukay".

Sa Bagong Tipan, ang salitang Griego *"hades"* ay kadalasang isinasaling "impiyerno" subali't maaari ring isaling "libingan". Sa karagdagan, sa ilang pagkakataon, ang salitang "impiyerno" ay nagmula sa salitang Griego "*gehenna"* at minsan mula sa salitang Griego *"tartaroo"*.

Ang salitang Hebreo *"sheol"* at ang salitang Griego *"hades"* ay maaaring isalin na salitang "impiyerno" o bilang ang salitang "libingan", batay sa kabuuan ng nilalaman. Paminsan-minsan ang kabuuan ng nilalaman ay pinahihintulutan ang alinmang pagkakasalin, na nagpapahiwatig sa malapit na pagkakaugnay ng mga salitang "libingan" at "impiyerno". Ang kapwa salita ay malapit na iniuugnay sa kamatayan. Ito ay talagang mauunawaan nang binasa natin, **"Ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan"** (Roma 6:23), at **"Ang kaluluwa na nagkakasala, mamamatay…"** (Ezekiel 18:20). Ito ay

sumasang-ayon sa konseptong ibinigay sa I Corinto 15:26, **"Ang kahulihulihang kaaway na lilipulin ay ang kamatayan".** Ginagawa rin nitong ang Apocalipsis 21:1 ay maaaring maunawaan, at doon ay basahin natin:

> **At nakita ko ang isang bagong langit at ang isang bagong lupa: sapagka't ang unang langit at ang unang lupa ay naparam; at ang dagat ay wala na.**

Ang salitang "dagat" sa Biblia ay kadalasang ginagamit na isang larawan o pagkakatawan sa "impiyerno". Halimbawa, ang 2,000 baboy, na pinasukan ng mga masamang espiritu, ay nalunod sa dagat (Marcos 5:13). Nang ang plano ng paghatol ng Dios ay natapos na ay mawawala na ang kamatayan, wala ng impiyerno. Ang kamatayan at impiyerno ay mawawala na.

Kaya, dapat nating maunawaan na ang impiyerno ay pareho ng libingan, na diyan ang libingan sa kabuuan ay iniuugnay sa kamatayan. Tayo ay dinadala nito sa susunod na katanungan: Ano ang dagatdagatang apoy?

Ang Dagatdagatang Apoy

Sa limang bersikulo sa Biblia, ang pagtukoy ay ginawa sa dagatdagatang apoy. Sila ay ang mga sumusunod:

> Apocalipsis 19:20: **At sinunggaban ang hayop, at kasama niya ang bulaang propeta na gumawa ng mga tanda sa harapan nito, na siyang ipinangdaya sa mga nagsitanggap ng tanda ng hayop at sa mga sumamba sa larawan nito: ang dalawang ito ay inihagis na buhay sa dagatdagatang apoy na nagliliyab na asupre.**
>
> Apocalipsis 20:10: **At ang Diablo na dumaya sa kanila ay ibinulid sa dagatdagatang apoy at asupre, na kinaroroonan din naman ng hayop at ng bulaang propeta; at sila'y pahihirapan araw at gabi magpakailan kailan man.**
>
> Apocalipsis 20:14-15: **At ang kamatayan at ang Hades ay ibinulid sa dagatdagatang apoy. Ito ang ikalawang kamatayan, sa makatuwid ay ang dagatdagatang apoy. At kung ang sinoman ay hindi nasumpungang nakasulat sa aklat ng buhay, ay ibinulid sa dagatdagatang apoy.**
>
> Apocalipsis 21:8: **Nguni't sa mga duwag, at sa mga hindi mananampalataya, at sa mga kasuklamsuklam, at sa mga mapakiapid, at sa mga manggagaway, at sa mga mapagsamba sa diosdiosan, at sa lahat na mga sinungaling, ang kanilang bahagi ay sa dagatdagatang nagniningas sa apoy at asupre; na siyang ikalawang kamatayan.**

Nang makahulugan, ang Apocalipsis 20:14 ay nagpapahayag na ang kamatayan at impiyerno (o kamatayan at ang libingan) ay ibinulid sa dagatdagatang apoy. Matatandaang nalaman natin sa I Corinto 15:26 na **"Ang kahulihulihang kaaway na**

lilipulin ay ang kamatayan". Subali't sa mga bersikulong ito ay nalaman nating ang kamatayan ay ibinulid sa dagatdagatang apoy, na sa tamang pagkakasunud-sunod ay tinawag na ikalawang kamatayan (Apocalipsis 20:14). At saka, nalaman natin mula sa Apocalipsis 21:1 na kapag nagkaroon ng bagong langit at ng bagong lupa, ang dagat (impiyerno at kamatayan) ay mawawala na. Kaya, ang dagatdagatang apoy ay nagbibigay-diin sa ang ganap na katapusan.

Sa bandang huli ng pag-aaral na ito, ay malalaman nating ang Panginoong Jesucristo ay dalawang ulit namatay na may kaugnayan sa pagtubos. Siya ay namatay bago itatag ang mundo bilang ang Korderong pinaslang (Apocalipsis 13:8). Siya ay namatay rin nang Siya ay nasa krus, ipinapakita sa atin at sa mundo kung paano Niya binayaran ang ating mga kasalanan. Ang pagdoble sa Kanyang kaparusahan ay sumasang-ayon sa simulaing itinatag sa Genesis 41:32, iyan ay, na ang dinoble ay itinatag ng Dios.

Gayon din naman, binabanggit ng Dios ang pagdoble sa kaparusahan ng hindi naligtas sa Jeremias 17:18, at sa Apocalipsis 18:6, na kung saan ay basahin natin:

> **Ibigay din ninyo ang ayon sa ibinigay niya sa inyo, at ibayuhin ninyo ng ibayo sa kaniyang mga gawa: sa sarong kaniyang pinaghaluan ay ipaghalo ninyo siya ng ibayo.**

Ang Dios ay nagpapahayag sa Apocalipsis 18:8:

> **Kaya't darating sa isang araw ang mga salot sa kaniya, kamatayan at pagluluksa, at gutom; at siya'y lubos na susunugin sa apoy; sapagka't malakas ang Panginoong Dios na humatol sa kaniya.**

Sa bersikulong ito, ang Dios ay nagtuturo sa atin na isang araw, na magiging araw ng paghatol, ay magkakaroon ng kamatayan at salot, at siya ay susunugin sa apoy. Ang sunugin sa apoy ay iniuugnay sa II Pedro 3:10, na kung saan ay basahin natin:

> **Datapuwa't darating ang araw ng Panginoon na gaya ng magnanakaw; na ang sangkalangitan sa araw na iyan ay mapaparam na kasabay ng malaking ugong, at ang mga bagay sa langit ay mapupugnaw sa matinding init, at ang lupa at ang mga gawang nasa lupa ay pawang masusunog.**

Ang pagkasunog sa apoy, na ikalawang kamatayan, ay iniuugnay sa ikalawang kamatayan sa dagatdagatang apoy. Ito ang panghuling katapusan na gumagarantiyang hinding-hindi, kailanman ay hindi na magkakaroon ng anumang posiblidad ng buhay. Ito ay iniuugnay sa salitang Griego *"gehenna"*, na matatagpuan sa ilang dako sa Biblia, at isinalin na salitang "impiyerno". Halimbawa, basahin natin sa Marcos 9:43-44:

> **At kung ang kamay mo ay makapagpapatisod sa iyo, ay putulin mo: mabuti pa sa iyo ang pumasok sa buhay na pingkaw, kay sa may dalawang kamay kang mapasa impiyerno**(Griego, *geheena)***, sa apoy na hindi mapapatay. Na doo'y hindi namamatay ang kanilang uod, at hindi namamatay ang apoy.**

Ang apoy na kailanman ay hindi namamatay ay ang dagatdagatang apoy. Ang mga pagtukoy sa apoy sa Biblia ay iniuugnay sa Hebreo 12:29, na kung saan ang Dios ay tinawag na “apoy na mamumugnaw”. Kapag ang isang tao ay nilamon ng apoy ng Dios, ang taong iyan kailanman ay hindi na muling mabubuhay.

Sa bandang huli, ay malalaman nating sa pariralang “hindi namamatay ang kanilang uod”, ang salitang “uod” ay lubos na iniuugnay sa pagkahiya. Na ito ay hindi namamatay ay nangangahulugan lamang na ang hindi naligtas ay nakakahiyang pinatay, at kailanman ay hindi na posible na alisin ang kahihiyang iyan. Gayon din naman, ang pariralang “apoy na hindi mapapatay” ay ipinapakahulugan na siya ay hinding-hindi, kailanman ay hindi muling mabubuhay.

Dapat nating tandaan na kay Adam, ang sangkatauhan ay nilikha upang mabuhay magpasawalang-hanggan, bagaman iyan ay may-pasubali. Gayon pa man, dahil sa kasalanan, ang sangkatauhan ay sumailalim sa kamatayan. Subali’t dahil siya ay nilikha sa larawan ng Dios upang mabuhay magpasawalang-hanggan, posible ba na sa isang panahon sa hinaharap, pagkatapos magbayad sa kanyang mga kasalanan, ay muli siyang mabubuhay? Ang kasagutan ay hindi! Upang bigyang-diin ang malungkot na katotohanan, ang Dios ay bumanggit ang dagatdagatang apoy, ang apoy na hindi mapapatay, ng walang-hanggang pagkakasumpa, ng uod na hindi namamatay, at ng usok ng kanilang paghihirap na tumataas magpakailanman. Ang lahat ng mga pariralang ito ay iniugnay sa ikalawang kamatayan, ang dagatdagatang apoy. Ang apoy, ang pagkakasumpa, ang usok, at ang uod ay walang-hanggan, na diyan hinding-hindi, kailanman ay hindi na muling magkakaroon ng buhay.

Ang mga pariralang ito ay nagpapahiwatig na lubos na tinitiyak na kailanman ay hindi na muling magkakaroon ng buhay para sa mga taong hindi naligtas. Ang katotohanan ay sila ay ganap na nasunog, kaya walang paraan na sila ay mabubuhay pa. Ang konsepto ng paghinto ng buhay ng hindi naligtas ay binigyang-diin sa maraming bersikulo sa Biblia. Halimbawa, sa mga sumusunod na banggit.

Nahum 1:6-8: **Sino ang makatatayo sa harap ng kaniyang pagkagalit? at sino ang makatatahan sa kabangisan ng kaniyang galit? ang kaniyang kapusukan ay sumisigalbong parang apoy, at ang mga malaking bato ay nangatitibag niya…. Nguni’t sa pamamagitan ng manggugunaw na baha ay kaniyang lubos na wawakasan ang kaniyang dako, at hahabulin ang kaniyang mga kaaway sa kadiliman.**

> Malakias 4:1: **Sapagka’t narito, ang araw ay dumarating, na nagniningas na parang hurno; at ang lahat na palalo, at ang lahat na nagsisigawa ng kasamaan ay magiging parang dayami, at ang araw na dumarating ay susunog sa kanila, sabi ng Panginoon ng mga hukbo, na anopa’t hindi magiiwan sa kanila ng kahit ugat ni sanga man.**

> Isaias 10:23: **Sapagka’t ang kagibaan, at ang ipinasiya, gagawin ng Panginoon, ng Panginoon ng mga hukbo, sa gitna ng buong lupa.**

Ang salitang Hebreo na isinaling “kagibaan” ay isinalin rin na “tinupok” o “lubos na kawakasan”. Sa Jeremias 46:28, ay basahin natin;

Huwag kang matakot, Oh Jacob na aking lingkod, sabi ng Panginoon, sapagka't ako'y sumasaiyo: sapagka't ako'y gagawa ng lubos na kawakasan sa lahat ng bansa na aking pinagtabuyan sa iyo; nguni't hindi ako gagawa ng lubos na kawakasan sa iyo, kundi sasawayin kita ng kahatulan, at hindi kita iiwan sa anomang paraan ng walang kaparusahan.

At saka, ang salitang "naparam" ay ginamit ng mga 100 beses sa Matandang Tipan at mga 30 beses sa Bagong Tipan. Sa bawa't bersikulo, ay binibigyang-diin nito ang pagtigil ng buhay. Halimbawa, ang Job 4:20 ay nagpapahayag:

Sa pagitan ng umaga at hapon, ay nangagigiba; Nangapaparam magpakailan man na walang pumupuna.

Bukod pa sa, ang anyo ng mga salitang "giba" at "pagkawasak" ay ginamit ng mahigit sa 500 beses sa Biblia.

Sa kabilang banda, ang salitang "pagpapahirap" ay hindi talaga matatagpuan sa Matandang Tipan, at 22 beses lamang sa Bagong Tipan. Nalaman nating ang kabuuan ng nilalaman na ginamitan ng salitang "pagpapahirap" ay maihahanay saanman mula sa mga sumusunod.

1. Ang paghihirap ng hindi naligtas habang naririnig nila ang tunay na Ebanghelyo (Apocalipsis 11:10).

2. Ang paghihirap ng nagdurusa mula sa karamdaman (Mateo 8:6; Mateo 4: 4).

3. Ang pahirap ng alakdan kung kumakagat (Apocalipsis 9:5)

4. Ang salitang Griyego na kadalasang isinasaling "pagpapahirap" ay isinalin rin "nahapis", nang binanggit ng Biblia ang matuwid na kaluluwa ni Lot na nahapis sa mga kasalanan ng Sodoma (II Pedro 2:8).

5. Ang salitang Griyego na isinaling "pagpapahirap" ay isinalin ring "ikinahahapis" (Lucas 2:48; Mga Gawa 20:38).

6. Pahihirapan ng apoy (Apocalipsis 14:10; Lucas 16:24).

Nalaman natin na ang huling kawakasan ng pamamaaaraan ng paghatol ng Dios ay kamatayan. Ang konseptong ito ay inalalayan nang lubusan sa pamamagitan ng masaganang paggamit ng mga salita sa Biblia katulad ng "namatay", "giba", at "pagkawasak. Gayon pa man, mapapansing ang mga salitang "kamatayan" "patay" at "namatay" ay maaaring matagpuan ng mahigit sa 1,300 beses sa Biblia. Hindi nakapagtataka kung gayon na ng Biblia ay nagpapahayag na ang kahulihulihang kaaway na lilipulin ay kamatayan (I Corinto 15:26).

Ang Taong Mayaman at si Lazaro

Susuriin nating muli ang talinghaga ng taong mayaman at si Lazaro na itinala sa Lucas kabanata 16. Ang hindi tamang pagkakaunawa sa talinghagang ito ay nagbunga ng maling pagkakaunawa sa pamamaraan ng paghatol ng Dios.

Ang talinghaga ay inalalarawan ng dalawang tao. Ang taong mayaman ay mayroong lahat ng kaligayahan at kaginhawahan na maibibigay ng kasalukuyang mundo, subali't siya ay hindi ligtas. Ang taong mahirap, si Lazaro, ay wala ng mababuting bagay sa mundong ito, subali't siya ay naligtas. Sa wakas, kapwa sila namatay. Ang taong mayaman ay inilibing, at si Lazaro ay dinala ng mga anghel sa sinapupunan ni Abraham (Lucas 16:22). Ang mapunta sa sinapupunan ni Abraham ay larawan ng pagiging nasa pinakamataas na pagpapala sa harapan ng Dios. Ang ilibing ay ang ilagay sa hukay.

Ang talinghaga pagkatapos ay nagpapatuloy sa pag-uusap ng namatay na taong mayaman at ni Abraham (Dios)., na nasa langit. Matatandaang nalaman nating ang libingan at kamatayan ay pareho ng impiyerno. Kaya nga, tamang sabihin na ang taong mayaman ay nasa impiyerno (Lucas 16:23). Subali't dapat nating maunawaang ang itingin ang kanyang mga mata at nakita si Lazaro sa sinapupunan ni Abraham, at kinakausap si Abraham, lahat iyan ay palagay. Iyan ay, ang Dios ay nagtatag ang ganap na nasa isip na palabas, o tatlong sukat na larawan, upang ihatid ang espirituwal na katotohanan. Ang mga katotohanang ito ay kabilang ang mga mahalagang doktrina gaya halimbawa ng mga sumusunod.

1. Ang taong mayaman ay humiling kay Abraham na ipadala si Lazaro na may isang patak ng tubig upang palamigin ang kanyang dila (Lucas 16:24). Walang pagkaawa at pagpapala sa mga namatay na hindi naligtas.

2. May malaking agwat sa pagitan ng langit at impiyerno. Ang langit ay buhay na walang-hanggan. Ang impiyerno ay kamatayan magpakailanman. Hinding-hindi, kailanman ay hindi na muling mababuhay ang mga namatay.

3. Ang taong mayaman ay nais na ipadala ni Abraham si Lazaro sa kanyang limang kapatid na lalake sapagka't iniisip niyang ang ganyang himala ang magiging sanhi upang sila ay manampalataya. Ang katotohanan ay, mayroon silang Moises at ang mga propeta, ang Biblia. Kung sila ay hindi maniniwala sa Biblia, kung gayon ay hindi sila maniniwala kahit na nakasaksi sila ng isang malaking himala.

4. Ang taong mayaman ay naghihirap sa apoy. Ang salitang Griyego na isinaling "naghihirap" ay ginamit lamang sa bersikulo 24, sa bersikulo 25 ("nasa kahirapan"), sa Lucas 2:48, at sa Mga Gawa 20:8. ng salitang "apoy" ay binibigyang-diin na ang taong mayaman ay pinarurusahan ng Dios, ang apoy na mamumugnaw (Hebreo 12:29). Ang salitang "paghihirap" na ipinapaliwanag ang kahulugan sa pamamagitan ng pagkakagamit nito sa Mga Gawa 20:38 at Lucas 2:48, ay nagpapahiwatig sa uri at katangian ng paghihirap na kanyang nararanasan. Kaya nga, titingnan natin nang maingat

ang salitang ito gaya ng pagkakagamit nito sa dalawang iba pang mga bersikulo.

Mga Gawa 20:38: **Na ikinahahapis ng lalo sa lahat ang salitang sinabi niya, na hindi na nila makikitang muli pa ang kaniyang mukha. At kanilang inihatid siya sa kaniyang paglalakbay hanggang sa daong.**

Lucas 2:48: **At nang siya'y mangakita nila, ay nangagtaka sila: at sinabi sa kaniya ng kaniyang ina, Anak, bakit ginawa mo sa amin ang ganyan? narito, ang iyong ama at ako na hinahanap kang may hapis.**

Sa parehong bersikulo, ang salitang isinalin na "pagpapahirap" sa Lucas kabanata 16 ay isinalin na "hapis". Ang hapis na ito ay walang anumang kinalaman sa likas na sakit. Ito ang paghahapis na hindi na muling makikita ang minamahal sa buhay. Ang taong mayaman ay nahihirapan sapagka't siya ay nahahapis na kailanman ay hindi na siya muling magkakaroon ng kaligayahan at kaginhawahan na kanyang naranasan sa kanyang buhay sa mundo, samantalang si Lazaro ay ligtas at mapayapa na may pinakamalaking pagpapala magpakailanman.

Sa madaling salita, ang talinghaga ng taong mayaman at si Lazaro ay talagang walang itinuturo sa atin tungkol sa walang-hanggang hirap sa lugar na tinatawag na impiyerno. Ang itinuturo nito ay ang tungkol sa kaparusahan ng pagkawala ng lahat ng pagpapala ng buhay na ito, at walang makukuhang mga pagpapala buhay na walang-hanggan. Ang talinghaga ay tumutulong sa ating maunawaan ang karanasan ni Esau. Siya ang panganay. Kaya, pag-aari niya ang pagkapanganay, na kabilang ang karapatan sa dobleng pamana. Gayon man ay kanyang kinamuhian ang kanyang pagkapanganay at ipinagpalit ito sa isang mangkok ng sabaw. (Genesis 25:29-34).

Kay Adam, ang bawa't tao ay may karapatan ng panganay, ang pagkapanganay. Si Jesus ay nagpaliwanag nito sa talinghaga ng mapagwaldas na anak. Ang nakatatandang kapatid ay sinabihan sa Lucas 15:31, **"Anak, ikaw ay palaging nasa akin, at iyo ang lahat ng akin".** Ang pagkapanganay ay kabilang ang dobleng pamana ng panganay (Deuteronomio 21:17). At **"at iyo ang lahat ng akin"** ay kabilang ang buhay na walang-hanggan at ang pagiging magkasamang tagapagmana ni Cristo (Roma 8:17).

Dahil sa ating kasalanan, na inilalarawan sa pamamagitan ng mangkok ng sabaw, ay nawala sa atin ang ating pagkapanganay. Nawala sa atin ang karapatan sa buhay kay Cristo, na tinawag nating espirituwal na buhay, at para sa naligtas ay buhay na walang-hanggan. Nawala sa atin ang karapatan na maging magkasamang tagapagmana ni Cristo sa bagong langit at sa bagong lupa. Iyan ay mahalagang bahagi ng napakabigat na kaparusahan na kailangan nating bayaran para sa ating kasalanan.

Ang mga salita ay hindi mailalarawan nang sapat ang napakalaking kawalan na mararanasan ng taong hindi naligtas na, dahil sa kanyang kasalanan, ay nawala sa kanya ang buhay kay Cristo, at hindi siya maghahari na kasama ni Cristo sa buong kawalang-hanggan, at hindi siya magiging magkasamang tagapagmana Niya sa bagong langit at sa bagong lupa. Iyan ay tiyak na magiging malaking bahagi ng paghihirap na mararanasan ng mga nakapasok sa huling limang buwan ng pananatili ng mundo. At mauunawaan nilang dahil sila ay naiwan nang naganap ang pag-akyat sa langit ng mga tunay na

mananampalataya, kailanman ay hindi nila matatanggap ang anumang bahagi ng kanilang pagkapanganay.

Ang paghihirap sa hapis ng taong mayaman sa libingan, na maaari ring tawaging impiyerno, ay tiyak na nagbibigay sa atin ng isang ideya ng labis na paghihirap (hapis) na makikita sa mga milyong tao sa simbahan na napaniwalang sila ay naligtas, subali't sa oras ng pag-akyat sa langit ng mga tunay na mananampalataya, sila ay naiwan. Hindi nakapagtataka, na malalaman natin ngayon, na sila ay tumatangis at nagngangalit ang kanilang mga ngipin at nilapastangan ang Dios. Nalalaman nating ang pangunahing tugon ng mga naunawaang sila ay magpasawalang-hanggang nasa labas ng kaharian ng Dios ay ang tugon ng matinding hapis. Ito rin ay itinuro sa pamamagitan ng tugon ni Esau na hinamak ang kanyang pagkapanganay at ipinagbili ito kay Jacob sa isang mangkok ng sabaw. Sa Hebreo 12:16-17 ay basahin natin:

> **Baka magkaroon ng sinomang mapakiapid, o mapaglapastangan, gaya ni Esau, na sa isang pinggang pagkain ay ipinagbili ang kaniyang sariling pagkapanganay. Sapagka't nalalaman ninyo na bagama't pagkatapos ay ninanasa niyang magmana ng pagpapala siya'y itinakuwil; sapagka't wala na siyang nasumpungang pagkakataon ng pagsisisi sa kaniyang ama, bagama't pinagsisikapn niyang mapilit na lumuluha.**

Halos dalawang bilyong tao na nabubuhay sa panahong ito ang tumatawag ng kanilang mga sariling "Kristiyano", at ang karamihan sa kanila ay kaugnay sa ilang paraan sa simbahang lokal. Habang tinitingnan natin ang mga simbahang lokal sa paligid natin, ang halos lahat ng mga taong simbahan ay hindi naniwala sa utos ng Biblia na lisanin ang simbahan sapagka't ang Dios ay natapos na sa paggamit sa mga simbahan upang ihatid ang Ebanghelyo. Ang karamihan sa kanila ay naniniwala pa rin na si Cristo ay darating na gaya ng magnanakaw sa gabi, at hindi natin malalaman ang tiyak na petsa ng katapusan ng panahon. Ang marami sa kanila ay nagtitiwala sa ginawa ng tao na sariling-gawang ebanghelyo, at walang silang totoong pagkakaunawa sa simulain na si Cristo ang gumawa lahat ng gawang kinakailangan upang tayo ay maligtas. Ang marami sa kanila ay naniniwala pa rin sa kinaugaliang pagkakaunawa sa pamamaraan ng paghatol ng Dios, na itinuturo nang mali na sa huling araw, ang hindi naligtas ay hahatulan sa nakatatakot na pagpapahirap na patuloy nilang mararanasan magpakailanman sa lugar na tinatawag na impiyerno.

Halos dalawang bilyong taong simbahan ang makakatuklas sa Mayo 21,2011, na sila ay naiwan. Ang Biblia ay nagtatala na ang kanilang paghihinagpis ay magiging katulad ng paghihinagpis (paghihirap) ng taong mayaman sa talinghaga na ating sinuri ngayun-ngayon lamang. Basahin natin sa Lucas 13:28:

> **Diyan na nga ang pagtangis, at ang pagngangalit ng mga ngipin, kung mangakita ninyo si Abraham, at si Isaac, at si Jacob, at ang lahat ng mga propeta sa kaharian ng Dios, at kayo'y palabasin.**

Kapag nagsimula ang araw ng paghatol sa Mayo 21, 2011, sa buong mundo, milyon-milyong mga tunay na mananampalataya ay kaagad papalitan sa kanilang walang-hanggan, espirituwal na mga katawan at aagawin sa langit, na lubos na makikita

ng mga naiwan. Sa karagdagan, sa buong mundo, ang mga libingan ay mabubuksan, at ang mga katawan ng mga tunay na mananampalataya ay papalitan, at sila rin ay aagawin sa langit. Kabilang dito ang mga katawan nina Abraham, Isaac, at Jacob. Ang mga taong simbahan na naiwan ay magugulat habang kanilang nauunawaang sila ay lubos na nasa ilalim pa rin ng matinding galit ng Dios. Sa kanilang labis na paghihinagpis, sila ay tatangis, at gayon man, ay nagngangalit rin ang kanilang mga ngipin, nagpapakita ng kanilang labis na galit sa Dios. Sa katunayan ito ay magiging oras ng matinding paghihinagpis para sa lahat ng taong simbahan.

Ang Dios ay nagtala nito sa maraming mga bersikulo, halimbawa, Mateo 8:11-12; Mateo 13:49-50; Mateo 13:41:42; Mateo 25:30. Ang ilan sa mga bersikulong ito ay nagbibigay-diin na kung saan nangyayari ang pagtangis at pangngagalit ng mga ngipin, ay tinatawag na kalan ng apoy, **"At sila'y igagatong sa kalan ng apoy: diyan na nga ang pagtangis at ang pagngangalit ng mga ngipin** (Mateo 13:50). Ito ay katulad sa daing ng taong mayaman sa Lucas 16:24: **"sapagka't naghihirap** (naghihinagpis) **ako sa alab na ito**. Matatandaang, ang Dios ay ang apoy na mamumugnaw (Hebreo 12:29). Ang mapailalim sa Kanyang matinding galit ay katulad ng nasa nag-aapoy na kalan.

Kaya, nalaman nating sa pamamagitan ng talinghagang ito, kung saan ang taong namatay ay inilarawan na nakikipag-usap sa Dios sa langit (Abraham), ay binigyan tayo ng maraming impormasyon tungkol sa kabigatan ng matinding galit ng Dios.

Ang pinaka-nakahihiya, napakasamang kaparusahan para sa anumang mabigat na kasalanan ay ang parusang kamatayan. Maaaring wala talagang anumang uri ng pangkatawang sakit na maiuugnay sa pagbitay, at gayon man, ito ay itinuturing ng sangkatauhan na sukdulang kaparusahan. Bakit ito totoo?

Ito ay totoo sapagka't ang taong nabitay ay nakakahiyang kinuha sa kanya ang kanyang karapatang mabuhay. Maaari siyang magpasiya na kunin ang kanyang sariling buhay sa pamamagitan ng pagpapakamatay. Maaari niyang ilagay sa panganib ang kanyang buhay sa labanan o sa pag-akyat sa bundok. Maaari siyang magbayad sa kanyang mabigat na kasalanan sa pamamagitan ng paggugol ng mga taon sa bilangguan. Subali't sa sandaling iniutos ng kanyang kapwa nang kahiya-hiya ay kunin ang kanyang buhay sa kanya, siya ay sasailalim sa itinuturing na pinaka-masama at nakakahiyang kaparusahan.

Maaaring hindi natin ito nalalaman, subali't ang makalupang pagbitay ay isang alingawngaw o larawan ng kaparusahan na iniutos ng Dios sa kasalanan. Sa katunayan, ang Dios ay nagtala sa Biblia ng pinaka-nakahihiyang pagbitay na ating maiisipan, at ang pagbitay ay may kinalamang lahat sa ating kaligtasan. Siyempre, ang binabanggit natin ay ang kamatayan ng ating dakilang Panginoon at Tagapagligtas. Kaya nga, kailangan natin talagang maingat na tingnan ang Kanyang kamatayan sapagka't mula dito, ay malalaman natin hindi lamang kung paanong umaangkop ang kahihiyan sa pamamaraan ng paghatol, kundi mas marami rin tayong malalaman tungkol sa buong paghatol ng Dios sa kasalanan.

Kabanata Apat
Kailan Namatay si Cristo?

Ang unang nakagugulat na impormasyong nalaman natin habang maingat nating pinag-aaralan ang lahat ng itinuturo ng Dios sa Biblia tungkol sa pagtubos ay tapos nang lahat ito bago nilikha ng Dios ang sangkatauhan. Sa Apocalipsis 13:8, ay mababasa natin…"**ng Kordero na pinatay buhat nang itatag ang sanglibutan".** Basahin natin sa Hebreo 4:3:

> **Sapagka't tayong nagsisipanampalataya ay nagsisipasok sa kapahingahang yaon: gaya ng sinabi niya, Gaya ng aking isinumpa sa aking kagalitan, Sila'y hindi magsisipasok sa aking kapahingahan:bagama't ang mga gawa ay nangatapos mula nang itatag ang sanglibutan.**

At basahin natin sa Mateo 25:34:

> **Kung magkagayo'y sasabihin ng Hari sa nangasa kaniyang kanan, Magsiparito kayo, mga pinagpala ng aking Ama, manahin ninyo ang kahariang nakahanda sa inyo buhat nang itatag ang sanglibutan.**

Ang mga bersikulong ito ay maliwanag na nagtuturo sa atin na ang lahat ng gawang kinakailangan upang magligtas ay natapos na buhat nang itatag ang mundo.

Mauunawaan natin ngayon ang mga bersikulong bumabanggit na siya ang "bugtong na Anak".. Ang magkaanak ay nangangailangan ng pagsisimula. Subali't si Cristo ay mula sa walang-hanggan (Colosas 1:17). Kaya nga, Siya ay walang simula. Gayon pa man, sa Roma 1:4 ay basahin natin:

> **Na ipinahayag na Anak ng Dios na may kapangyarihan ayon sa espiritu ng kabanalan, sa pamamagitan ng pagkabuhay na maguli ng mga patay, sa makatuwid baga'y si Jesucristo na Panginoon natin.**

At sa Colosas 1:18, ay mababasa nating Siya**…ang pasimula, ang panganay sa mga patay".**

Batay sa mga bersikulong ito, si Cristo ay maaaring binuhay. At dahil Siya ang Korderong pinaslang (pinatay) buhat nang itatag ang mundo, maaaring Siya rin ay binuhay buhat nang itatag ang mundo. "Buhat nang itatag" ay kailangang maunawaan na "bago itatag" sapagka't mababasa natin sa Hebreo 1:2:

> **Ay nagsalita sa atin sa mga huling araw na ito sa pamamagitan, ng kaniyang Anak, na siyang itinalaga na tagapagmana ng lahat ng mga bagay, na sa pamamagitan naman niya'y ginawa ang sanglibutan.**

Dahil ang pagkabuhay na muli ni Cristo sa kamatayan ang huling bagay na ginawa sa pagtubos, ay alam natin, gaya ng binasa natin sa Hebreo 1:2 na dahil si Cristo bilang Anak ang gumawa ng sanglibutan, ang buong pagkilos ng pagtubos ay nauna sa Paglikha. Si Cristo ay hindi matatawag na Anak hangga't hindi Siya nabuhay mula sa

kamatayan. Kung paano ito nagawa ay gawain ng Dios, subali't tiyak na kinakailangang ito ay maging totoo sapagka't ang Biblia ay lubos na totoo. Kaya, mauunawaan natin ngayon ang mga bersikulo gaya halimbawa ng mga sumusunod:

> 2 Timoteo 1:9-10 ay nagpapahayag: **Na siyang sa atin ay nagligtas, at sa atin ay tumawag ng isang banal na pagtawag, hindi ayon sa ating mga gawa, kundi ayon sa kaniyang sariling akala at biyaya, na ibinigay sa atin kay Cristo Jesus buhat pa ang mga panahong walang hanggan. Nguni't ngayon ay nahayag sa pamamagitan ng pagpapakita ng ating Tagapagligtas na si Cristo Jesus, na siyang nagalis ng kamatayan, at nagdala ng liwanag ng buhay at ng walang pagkasira sa pamamagitan ng evangelio.**
>
> Hebreo 1:5: **Sapagka't kanino nga sa mga anghel sinabi niya kailan man, Ikaw ay aking Anak, Ikaw ay aking ipinanganak ngayon? at muli, Ako'y magiging kaniyang Ama, At siya'y magiging aking Anak?**
>
> Juan 1:18: **Walang taong nakakita kailan man sa Dios; ang bugtong na Anak, na nasa sinapupunan ng Ama, siya ang nagpakilala sa kanya.**
>
> Mateo 3:17: **At narito, ang isang tinig na mula sa mga langit, na nagsasabi, Ito ang sinisinta kong Anak, na siya kong lubos na kinalulugdan.**

Si Cristo ay Nagpakita ng Kanyang Ginawa Upang Tayo ay Maligtas

Gayon pa man, kung ginawa ni Cristo ang lahat ng gawa upang maligtas ang Kanyang piniling maligtas (ang hinirang) bago Niya nilikha ang mundo, bakit kinakailangan Siyang muling mamatay sa krus? Ang Dios ay sumasagot sa katanungang iyan. Sa Lucas 3:6 ang Dios ay nagpapahayag:

> **At makikita ng lahat ng laman ang pagliligtas ng Dios.**
>
> Sa I Pedro 1:20 ay sinabi pa Niya:
>
> **Na nakilala nga nang una bago itinatag ang sanglibutan, nguni't inihayag sa mga huling panahon dahil sa inyo.**

Ang ihayag ay nangangahulugang makita, ipakita, upang patunayan. Ang Dios ay naglaan para sa ating kaligtasan sa isang gawain ng pag-ibig na di-abot ng pag-unawa ng tao. Ipinadala Niya si Jesus sa mundong ito upang likas at tunay na ipakita sa mundo kung ano ang Kanyang nagawa na upang bayaran ang mga kasalanan ng hinirang.

Si Cristo ay nagsalita ng mga talinghaga. Paminsan-minsan ang mga talinghaga ay parang katulad ng malaking palabas, o tatlong sukat na mga larawan, ipinapakita ang katotohanan sa Biblia*. Matatandaang ang palabas ng taong mayaman sa libingan, na tinawag na impiyerno, na kinakausap si Abraham, na kumakatawan sa Dios. Siya ay naghihinagpis sapagka't nawala sa kanya ang lahat ng bagay at sapagka't naranasan niya ang matinding galit ng Dios, samantalang si Lazaro, na nasa sinapupunan ni Abraham ay

may lahat ng bagay, iyan ay, buhay na walang-hanggan. Siya ay ligtas, at siya ay kasamang tagapagmana ni Cristo.

Ang palabas na iyan ay maliit kung ihahambing sa kanilang buhay na palabas na kung saan ang pangunahing tauhan, ang Panginoong Jesucristo, ay kinatawan ang Kanyang Sarili. Sa palabas na ito, ay makikita nating tinatanggap Niya ang natural, na likas na katawan na tulad ng sa atin sa pagkakapanganak ni birheng Maria. Ang Dios ay nagsasalarawan nito sa Hebreo 10:4-7, na kung saan ay mababasa natin:

*Ang buhay na palabas ay tatlong sukat na larawan na kinabibilangan ng mga tao at mga bagay na kinakatawan ang ilang makasaysayang gawain o tanawin. Pareho sa talinghaga ang katangian nito na diyan hindi ito ang tunay na pangyayari kundi ang pagkakatawan sa pangyayaring iyan.

> **Sapagka't di maaari na ang dugo ng mga baka at ng mga kambing ay makapagalis ng mga kasalanan. Kaya't pagpasok niya sa sanglibutan, ay sinasabi, Hain at handog ay hindi mo ibig. Nguni't isang katawan ang sa akin ay inihanda mo; Sa mga handog na susunugin at mga haing patungkol sa mga kasalanan ay hindi ka nalugod. Nang magkagayo'y sinabi ko, Narito, ako'y pumarito (sa balumbon ng aklat.) Upang gawin, Oh Dios, ang iyong kalooban.**

Pagmasdan ang paglipat mula sa mga hain at mga handog kay Jesus Mismo, ang katawan na inihanda upang patunayan ang nangyari buhat nang itatag ang mundo.

Sa ganyang paraan, nang si Jesus ay nagtungo sa krus, ay hindi upang bayaran ang ating mga kasalanan. Ang pagbabayad lahat-lahat ay ginawa mahigit sa 11,000 taon nang una. Subali't sa Kanyang dakilang pag-ibig, ay nakahanda Siyang danasin ang lahat ng paghihirap sa pagdadala ng matinding galit ng Dios sa kapakanan ng mga Kanyang ililigtas upang makita ng sarili nating mga mata (sa pamamagitan ng Biblia), ang napakalaking kabayarang kinakailangan.

Ngayon ay mas mauunawaan nating mabuti kung bakit Niya sinabi,**"Ama ko, kung baga maaari, ay lumampas sa akin ang sarong ito: gayon ma'y huwag ang ayon sa ibig ko, kundi ang ayon sa ibig mo"** (Mateo 26:39), at nagtanong, **"Dios ko, Dios ko bakit mo ako pinabayaan?** (Mateo27:46). Ang katarungan ng Dios ay hindi hinihinging ang kabayaran sa mga kasalanan ng hinirang ay bayaran nang dalawang beses. Ito ay labis, hindi kinakailangang gawa ng dakilang pag-ibig ng Dios. Ito ang inaasahan ng Dios. Si Moises (ang batas ng Dios) ay pinalong makalawa ang bato (si Cristo) (Mga Bilang 20:11) kahit na isang palo lamang ang kinakailangan upang magkaroon ng tubig. (Exodo 17:6). Ang Isaias 40:2 ay nagpapahayag:

> **Mangagsalita kayong may pagaliw sa Jerusalem; at sigawan ninyo siya, na ang kaniyang pakikipagdigma ay naganap, na ang kaniyang kasamaan ay ipinatawad, sapagka't siya'y tumanggap sa kamay ng Panginoon ng ibayong ukol sa kaniyang lahat na kasalanan.**

Naunawaan natin ngayon na si Cristo ay minsang nagdanas upang bayaran ang ating mga kasalanan, at nagdanas Siya sa ikalawang ulit upang ipakita kung paano Niya

binayaran ang ating mga kasalanan. Mauunawaan natin ngayon kung bakit si Pilato, ang gobernador sa Roma, ay muli't muling inulit, "Wala akong masumpungang kasalanan sa taong ito" (Lucas 23:4, 22; Juan 19:4,6; tingnan rin ang Mateo 27:19,24). Si Cristo ay tumayo sa harapan niya na lubos na walang kasalanan. Gayon man kinakailangan Siyang maparusahan na parang tigib pa rin Siya ng lahat ng mga kasalanan ng mga hinirang upang maligtas upang ipamalas kung paano Siya nagdusa para sa mga kasalanang iyon. Nang hindi pangkaraniwan, ang pangulong saserdote ang humatol kay Jesus. Ang Mateo 20:18 ay nagpapahayag:

> **Narito, nagsisiahon tayo sa Jerusalem; at ibibigay ang Anak ng tao sa mga pangulong saserdote at sa mga eskriba; at kanilang hahatulang siya'y patayin.**

Ang Juan 11:50-51 ay nagsasabi:

> **Ni inyong niwawari na sa inyo'y nararapat na ang isang tao ay mamatay dahil sa bayan, at hindi ang buong bansa ay mapahamak. Ito nga'y sinabi niya na hindi sa kaniyang sarili: kundi palibhasa ay dakilang saserdote nang taong yaon, ay hinulaan niya na si Jesus ay dapat mamatay dahil sa bansa.**

At sa Juan 19:7 ay basahin natin:

> **Nagsisagot sa kaniya ang mga Judio, Kami'y mayroong isang kautusan, at ayon sa kautusang yaon ay nararapat siyang mamatay, sapagka't siya'y nagpapanggap na Anak ng Dios.**

Sa buong Biblia, ang pangulong saserdote ay kumakatawan kay Jesus ang Mataas na Saserdote. Tungkulin ng mataas na saserdote na patayin ang kordero.

Kaya, si Pilato, ang gobernador, na may karapatang naaayon sa batas na ipapatay si Jesus, upang pagbigyan ang mga Judio, ang nagbigay ng utos na si Jesus ay patayin sa pamamagitan ng pagpako sa krus, na sa buong posibilidad, ang pinaka-nakahihiyang pagpatay na binalak ng tao. Sa pagpako sa krus kay Cristo, ay nalaman natin ang tatlong napakahalagang mga aral tungkol sa mga sumusunod.

1. Ang kahihiyan, ang sumpa, at ang paghihirap na tiniis ni Cristo sa pagbabayad sa ating mga kasalanan.

2. Ang kahihiyan at ang sumpa na kailangang ilagay sa mga hindi naligtas, at ang karagdagang paghihirap na titiisin ng mga papasok na buhay sa araw ng paghatol.

3. Ang himala ng pagpapatawad sa kahuli-hulihang sandali.

Nang si Cristo ay ipako sa krus, Siya ay naging pampublikong tanghal sa isang taong sumailalim sa sumpa ng Dios. Upang maunawaan ang kahalagahan ng pagsumpa, ay dapat nating tingnan ang puno ng igos, na isinumpa ni Jesus (Marcos

11:14). Ang puno ng igos, na kumakatawan sa bansang Israel sa Matandang Tipan, ay isinumpa nang sinabi ni Cristo, **"Sinomang tao'y hindi kakain ng iyong bunga mula ngayon at magpakailan man".** Sa ganyang paraan, ang pagsumpa sa puno ng igos ay nagtuturo, nang mabisa, na ang bansang Israel ay tuluyang nawasak, sa abot ng muling paggamit pa ng Dios na pagmumulan ng espirituwal na pagpapala.

Sa magkaparehong anyo, nang ang sangkatauhan ay isinumpa dahil sa kanilang mga kasalanan, nangangahulugan ito na kailangan nilang sumailalim sa buong kaparusahang iniutos ng batas ng Dios, ang kaparusahan na magwawakas sa walang-hanggang pagkawasak. Basahin natin sa Deuteronomio 28:20:

> **Ibubugso ng Panginoon sa iyo ang sumpa, ang kalituhan, at ang saway, sa lahat ng pagpapatungan ng iyong kamay na iyong gagawin, hanggang sa ikaw ay mabuwal, at hanggang sa ikaw ay malipol na madali; dahil sa kasamaan ng iyong mga gawa, na sa gayo'y pinabayaan mo ako.**

At saka, basahin natin sa Deuteronomio 28:45:

> **At lahat ng mga sumpang ito ay darating sa iyo at hahabulin ka, at aabutan ka, hanggang sa magiba ka; sapagka't hindi mo dininig ang tinig ng Panginoon mong Dios, upang tuparin ang kaniyang mga utos at ang kaniyang mga palatuntunan na kaniyang iniutos sa iyo:**

Ito ang sumpang inilagay kay Jesus nang binayaran Niya ang ating mga kasalanan bago itatag ang mundo. Sa bandang huli, ay Kanyang ipinakita ang sumpang ito nang Siya ay ipinako sa krus, kahit na ang Galacia 3:13 ay nagpapahayag:

> **Sa sumpa ng kautusan ay tinubos tayo ni Cristo, na naging sumpa sa ganang atin; sapagka't nasusulat, Sinusumpa ang bawa't binibitay sa punong kahoy.**

Kaya, malalaman nating, habang tinitingnan natin si Jesus sa krus na nasa ilalim ng sumpa ng Dios, na nangangahulugang ang bawa't taong hindi naligtas ay hahantong sa walang-hanggang pagkawasak.

Dapat nating tingnan nang malapit ang napakasamang panoorin nang si Jesus ay ipinapako sa krus. Gaya ng ating naitala, ang pagpatay sa pamamagitan ng pagpako sa krus ay maaaring ang pinaka-malupit, ang pinaka-matindi, ang pinaka-masama, at pinaka-kahiya-hiyang paraan nang pag-agaw sa isang tao ng kanyang buhay. Nandiyan ang matinding pagtitiis sa mga pakong ipinapako sa kanyang mga kamay at kanyang mga paa. Nandiyan ang matinding kahihiyan sa pag-alis ng kanyang mga kasuotan sa kanya kaya nakabitin siyang nakahubad. Nandiyan ang katotohanan ng pampublikong panoorin, na kung saan ang lubhang karamihan ng kanyang kapwa mamamayan at sa katunayan ang kahit na sino sa mundo ay maaaring makita ang kanyang kahihiyan. Nandiyan ang katotohanang sa loob ng maraming oras ay kailangan niyang tiisin nang hayagan ang mga pagtuya at ang mga panlalait at ang panglilibak ng mga nais siyang mamatay. Tunay, walang plano ng pagpatay ang mas magaspang o kahiya-hiya kaysa sa pagpako sa krus.

Nang tiningnan natin ang Golgota na kung saan ipinako sa krus si Jesus, ay nakita natin ang tatlong krus. Sa dalawa sa kanila ay ang mga kriminal na papatayin sa ganitong napakasamang, kahiya-hiyang paraan. Sa pagitan nila, sa pangatlong krus, ang bawa't isang taong ililigtas ni Jesus ay nakabitin. Hindi, wala tayo doon nang personal. Ang ating Tagapagligtas, ang Panginoong Jesucristo, ang nakabitin doon ipinapakita sa ating Siya ang pumalit sa atin, ang ating kahalili. Ito ang kamatayan na dapat ay tiniis natin bilang kabayaran sa ating mga kasalanan. Ang Biblia ay maliwanag na nagpapahayag sa Galacia 2:20, **"Ako'y napako sa krus na kasama ni Cristo".**

Si Jesus ay ibinilang na kasama ng nagkasala (Isaias 53:12; Marcos 15:28). Layunin ng Dios na ipakita sa atin, sa madulang paraan, ang plano ng paghatol ng Dios. Una sa lahat, matatandaang ang mapako sa krus ay ang sumpain ng Dios. Ang buong drama sa Golgota, na kung saan nakatayo ang mga krus, ay hinigitan ng sumpa ng Dios sa atin, na sa pamamagitan ay sasailalim tayo sa pagkawasak magpakailanman. Ang pinaka-nakahihiyang kamatayan na maaari nating isipin ay tunay na nakikita. Ang dalawang kriminal, na kumakatawan sa lahat ng tao sa mundo, ay mararanasan ang kaparusahang itinakda ng batas, **"Ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan"** (Roma 6:23). Sila ay nasa ilalim ng sumpa ng batas. Ang batas ay pinarusahan silang mamatay sa pamamagitan ng pinaka-nakahihiyang at isinumpang kamatayan. Ang mga tao ay namamatay sa libo-lbong magkakaibang paraan, subali't walang kahiya-hiya na gaya ng pagpako sa krus. Kapag sila ay patay na, kailanman ay hindi na sila muling mabubuhay. Kaya nga, nawala sa kanila ang pamana na buhay na walang-hanggan at ang pagmana sa bagong langit at sa bagong lupa. Maaaring nagbayad sila ng napakalaking halaga para sa kaligayahang kanilang naranasan, ang mga kasalanang ginawa nila, sa buhay na ito.

Nalaman nating ang malaking bahagi ng kaparusahan sa kasalanan ay ang pagkawala ng mga kaligayahan at pagpapala ng buhay na ito, kasama ang pagkawala sa pagmana sa kaharian ng Dios, na kabilang ang parehong buhay na walang-hanggan at ang pagmana ng bagong langit at ng bagong lupa. Totoo, siyempre, na ang mga namatay bago ang oras ng pag-agaw hindi ito nalalaman. Subali't ito ang katotohanan, gaya ng itinuturo sa atin ng talinghaga ng taong mayaman at si Lazaro sa Lucas 16. Nang makita ng taong mayaman si Lazaro sa sinapupunan ni Abraham, na sa espirituwal ay itinuturo ang ating mga mata sa walang-hanggang mana ng mananampalataya, ay inihambing niya ang kanyang nakalulungkot na buhay na kailanman ay hindi na niya muling tatamasahin ang anumang kaluguran ng kanyang dating buhay, ni hindi na siya darating pa sa pinakamataas na kaligayahan at kasiyahan ng espirituwal na pamana. Sa katunayan, siya ay labis na naghihinagpis dahil sa bahaging ito ng matinding galit ng Dios.

Gaya ng nalaman natin, ang pagkaalam sa napakasamang pagkawala ng mana ay tunay na mararanasan ng bilyon-bilyong tao na papasok sa araw ng paghatol, ang huling limang buwan. Habang nabubuhay pa, ay makikita nila ang mga tunay na mananampalataya habang sila ay umaakyat sa langit sa pinakamataas na kaluwalhatian, habang sila sa kanilang mga sarili ay nanatili sa mundo sa nakatatakot na libis ng kamatayan. Sa katunayan, pinatutunayan nito na ang mahalagang bahagi ng kaparusahan sa kasalanan ay ang pagkawala ng mana. Ang katotohanang ang ilang tao ay namatay na hindi nalalaman na mawawala sa kanila ang mana ay hindi makababago sa katotohanang dahil sa kanilang mga kasalanan, na bahagi ng kaparusahan, ay nawala ang hindi kapani-paniwalang mahalagang mana.

Naganap Na

Ang buhay na palabas na nagpapakita kung paanong dinala ni Jesus ang matinding galit ng Dios para sa ating mga kasalanan ay nagwakas nang si Jesus ay sumigaw, **"Naganap Na".** Ito ay labis na pagpapahirap na kinakailangang maranasan ni Jesus sa ikalawang pagkakataon. Gayon pa man, ang ikalawang pagkakataon ay hindi bilang pagsisikap upang bayaran ang ating mga kasalanan, kundi upang ipakita sa atin at sa mga pamunuan at mga kapangyarihan kung paano Siya nagdusa, bago nilikha ang mundo, upang gawin ang ganap na kabayaran.

Ang tatlong oras ng kadiliman, pagkatapos sumigaw ni Cristo, "**Dios ko, Dios ko, bakit mo ako pinabayaan?"** ay kinakailangang kabilang ang kamangha-manghang katotohanan na, nang sa simula ng panahon, ginawa ni Cristo ang ganap na kabayaran para sa ating mga kasalanan. Siya ay namatay at nabuhay na muli. Ang katotohanang ito ay maliwanag na ipinahayag sa Mga Awit 16:10, **"sapagka't hindi mo iiwan ang aking kaluluwa sa Sheol;".** Ang Sheol ay kamatayan. Kaya, bago matapos ang pagbabayad sa kasalanan, si Cristo ay kinakailangang mabuhay. Kaya nga mula sa oras na iyon, si Cristo ay maaaring tawaging Anak ng Dios, gaya ng binasa natin sa Roma 1:4. Nang Siya ay sumigaw sa krus, **"Naganap Na",** kinakailangang ito ay nangangahulugang ang palabas, ang pagpapatunay sa pagdurusa ni Cristo, ay kumpleto na.

Gayon pa man, ang isa pang pagpapakita ay kaagad sumusunod. Totoo, ang hiwaga ng tatlong oras nang si Cristo ay pinabayaan ng Dios ay kinakailangang kabilang ang Kanyang kamatayan at pagkabuhay na muli sapagka't kaagad pagkatapos ng pagkaranas sa tatlong oras ng kadiliman, si Cristo sa Kanyang kaluluwa ay umakyat sa langit (Lucas 23:46). Iyan ay mangyayari lamang pagkatapos na mabuhay na muli ng Kanyang kaluluwa mula sa impiyerno (kamatayan).

Kaya nga, upang mas makita ang katotohanang Siya ay namatay at nabuhay na muli, ang Dios ay nagkaloob ng isa pang palabas o pagpapakita na sa katunayan si Jesus ay nabuhay. Sa katunayan ito ay dalawang bahaging palabas. Ang unang bahagi ay ang pagpapakita sa mga libingang nabuksan. Pagkatapos na si Jesus ay mabuhay na muli nang Linggo ng umaga, ang maraming katawan ay lumabas sa libingan at nagtungo sa banal na lungsod (Mateo 27:51-53). Ang banal na lungsod ay ang langit sapagka't sa sandaling ang tabing ng templo ay napahak, nang si Cristo ay nasa krus pa, ang templo ay hindi na ang banal na lungsod. Samakatuwid, ang Jerusalem ay hindi na ang banal na lungsod. Ang bagong Jerusalem ang bagong banal na lungsod, at iyan ay isang makalangit na lungsod. Kaya, ang mga katawang nabuhay na muli sa katunayan ay ang pagpapakita ng pag-akyat sa langit ng mga tunay na mananampalataya. Subali't habang ang Dios ay paulit-ulit na tinutukoy sa I Corinto 15, kung si Cristo ay hindi nabuhay ay walang sinuman ang mababuhay na muli.

Kaya, ang pagkabuhay na muli ng mga katawan nang Linggo ng umaga ay nagpapatunay na talagang si Cristo ay nabuhay na muli.

Subali't may isa pang bahagi ang palabas na ito na ibinigay upang tiyaking si Cristo ay talagang nabuhay. Sa Kanyang kaluluwa, si Cristo ay nagtungo sa langit. Ang katawan Niya na wala ang Kanyang kaluluwa ay inilagay sa hukay. Habang nasa hukay, ay hindi nabulok ang Kanyang katawan. Hindi ito maaaring mabulok sapagka't kung ito ay nabulok, ay makikitang ang gawa ni Cristo, habang binayaran Niya ang mga kasalanan ng mga hinirang bago nilikha ang mundo ay hindi lubos na natapos. Kaya nga, ang pagkabuhay na muli ni Cristo mula sa hukay ay maaaring isa lamang pagpapatunay.

Ang katunayan ay, nang ang katawan Niya ay inilagay sa hukay, sa Kanyang kaluluwa Siya ay nasa langit. Sa ganyang paraan, sa palabas na ito ang Dios ay nagbabala sa pag-akyat sa langit ng mga tunay na mananampalataya sa pamamagitan ng pagkakaroon ng tunay na pagkabuhay ng Kanyang katawan mula sa talagang totoong libingan, at ang mga tunay na katawan na nabuhay mula sa hukay na nabuksan ng ang tabing ng templo ay napahak.

Bago natin iwan ang palabas na ito sa pagtitiis ni Cristo bilang nakakahiya, sinumpang kriminal, ay dapat nating tingnan ang isa pang bahagi ng pagpapakitang ito.

Ang Kamangha-manghang Pagpapatawad

Kapag ang isang kriminal ay parurusahan sa kanyang mga mabigat na kasalanan, ay maaari siyang mahatulan ng isang nakakahiyang kamatayan. Walang pag-asa na maisantabi ang hatol na kamatayan maliban sa pagpapatawad ng tagapamahala. Sa maraming bansa, kabilang ang U.S.A., ang pinakamataas na tagapamahala ang may karapatang magpatawad sa taong nahatulan na hinatulang mamatay. At kaya, hanggang sa pagbitay, ang mga kaibigan ng taong nahatulan ay gumagawa ng kahit na anong paraan na maaari nilang gawin upang matanggap niya ang pagpapatawad, at sa ganyang paraan ay maligtas mula sa nakakahiyang kamatayang binalak para sa kanya. Sa katunayan, paminsan-minsan ang taong nahatulan ay maaaring tumanggap ng pagpapatawad sa ikalabing-isang oras, iyan ay, isang sandali lamang bago siya bitayin.

Ang Dios ay nagkaloob ng ganyang pagpapatawad para sa lahat ng Kanyang ililigtas. Ito ay napakagandang inilathala sa Aklat ni Isaias. Sa Isaias 54:7-8 ang Dios ay nagpapahayag:

> **Sa sangdaling-sangdali ay kinalimutan kita; nguni't pipisanin kita sa pamamagitan ng mga malaking kaawaan. Sa kaunting pagiinit ay ikinubli ko ang aking mukha sa iyo sa isang sangdali; nguni't kinaawaan kita sa pamamagitan ng walang hanggang kagandahang-loob, sabi ng Panginoon, na iyong Manunubos.**

Pagkatapos sa Isaias 55:7-8 ay sinasabi Niya:

> **Lisanin ng masama ang kaniyang lakad, at ng liko ng kaniyang mga pagiisip; at manumbalik siya sa Panginoon, at kaaawaan niya siya: at sa aming Dios, sapagka't siya'y magpapatawad ng sagana. Sapagka't ang aking mga pagiisip ay hindi ninyo mga pagiisip, o ang inyo mang mga lakad ay aking mga lakad, sabi ng Panginoon.**

Sa ikalabing isang oras, ang isa sa mga magnanakaw na ipinapako sa krus na kasama ni Cristo ay narinig ang dakilang mga salita mula sa mga labi ni Jesus, **"Ngayon ay kakasamahin kita sa Paraiso"** (Lucas 23:43). Kamangha-mangha! Ang araw na iyon, na para sa kanya ay nagsimula na isang nakahihiyang pagbitay sa kriminal, ay nagwakas sa maluwalhating pag-uwi ng anak ng Dios. Ito ang pagpapatawad na tatanggapin ng bawa't isang taong hinirang ng Dios.

Kabanata Lima
Ang Planong Paghatol ng Dios

Ngayong nalaman natin nang mas maliwanag, sa pamamagitan ng awa ng Dios ang planong paghatol ng Dios, gayon din naman ang tamang panahon sa kasaysayan, ay dapat nating tangkaing ilathala ito nang madaling maunawaan hanggang maaari. Dapat nating tiyakin na ang lahat ng ating palagay ay nagmula sa Biblia at lahat-lahat ay sumasang-ayon sa lahat ng itinuturo sa Biblia.

Sa taong 11,013 B.C., nilikha ni Cristo, ang Anak ng Dios, ang sanglibutan. Sapagka't ang Biblia ay nagsasabi sa ating ang Anak ang Lumikha, malalaman nating ang kamatayan ni Cristo, na Kordero buhat nang itatag ang mundo, ay tiyak na nangyari bago ang paglikha. Siya ang lumikha sa ating unang magulang, sina Adam at Eva, sa larawan at pagkakawangis ng Dios upang pamahalaan ang nilikha. Sila ay walang-mali sa bawa't paraan. Sila at ang kanilang lahi, bilang mga anak ng Dios, ay makakasama ng Dios magpakailanman sa pinakamataas na luwalhati at kaligayahan. Sila ay nilikha na may katawan, na may hininga ng buhay, at may kaluluwa o likas na katangian ng espiritu.

At ibinigay sa kanila ng Dios ang mga batas na sa pamamagitan ay kinakailangan nilang mabuhay sa lubos na kaligayahan, at sinubukan rin Niya ang kanilang katapatan sa Dios. Ang una sa mga batas na ibinigay sa kanila ay kung sakaling susuwayin nila ang Dios, sila ay mamamatay (Genesis 2:17).

Ang Dios ay walang-hanggang Dios na nalalaman ang pinaka-maliit na detalye sa hinaharap ng anumang bagay at ng lahat ng bagay. Alam ng Dios na kaagad pagkatapos ng paglikha, ay susuwayin Siya ng sangkatauhan. Kaya nga, bago pa iyan mangyari, ang Dios ay gumawa ng panustos para sa isang bahagi ng lahi ng tao, na magmumula sa ating unang magulang, sina Adam at Eva, na maligtas sa kamatayan, ang kaparusahan sa kasalanan, na iniuutos ng batas ng Dios.

Sa pamamaraan ng pagsasakatuparan sa programa ng pagliligtas, ang Dios Mismo ay kamangha-manghang luluwalhatiin habang ipinamamalas ang lahat ng Kanyang walang-kapantay na mga katangian. Sila ay ipamamalas hindi lamang sa sangkatauhan, kundi sa lahat ng mga pamunuan at mga kapangyarihan, na wala tayong anumang nalalaman, subali't umiiral dahil sa pagsisikap ng Dios sa nakaraang buong kawalang-hanggan (Efeso 3:10-11). Basahin natin II Tesalonica 1:10:

> **Pagka paririto siya upang luwalhatiin sa kaniyang mga banal, at upang siya'y maging kahangahanga sa lahat ng mga nagsisampalataya sa araw na yaon (sapagka't ang aming patotoo sa inyo ay pinaniwalaan).**

Hindi pa nagtatagal pagkatapos likhain na walang-maling mga tao, ang una nating magulang (na sa balakang niya nabuhay ang buong lahi ng tao), ay sinuway ang Dios. Kaya nga, sila at ang buong lahi ng tao na magmumula sa kanila ay dapat kaagad pinatay bilang kabayaran sa kasalanan. Gayon pa man, sapagka't binayaran na ng Dios ang kanilang mga kasalanan ang marami sa lahi nina Adam at Eva, ay hindi biglaan ang likas na kamatayan.. Kinakailangan nilang mabuhay nang mas matagal upang magkaroon ng mga anak. Ang mga anak ay kinakailangang mabuhay nang matagal upang magkaroon ng mga anak, at iba pa, hanggang ang lahat ng mga taong hinirang ng Dios ay ipanganak at maligtas mula sa hatol na kamatayan na bunga ng kanilang mga kasalanan. Dahil sa

marami sa mga taong hinirang na maligtas sa kanilang mga kasalanan ay hindi ipapanganak hanggang mas huli kaysa 13,000 taon pagkatapos ng paglikha, ang mundo ay kinakailangang magpatuloy sa buong panahong iyon.

Kaya nga, totoo na ang una nating magulang, at ang buong lahi ng tao na sa dakong huli ay magmumula sa kanilang mga katawan, ay namatay na diyan ay wala na tayong buhay kay Cristo, na tinatawag nating espirituwal na buhay. At saka, tinanggap natin ang hatol na likas na kamatayan sa sandaling nagkasala sina Adam at Eva. At gayon man, ang Dios ay nagkaloob ng katotohanang ang lahat ay mananatiling buhay sa pangkatawan at magkaroon ng gumaganap na kaluluwa o likas na katangian ng espiritu sa tagal ng panahon saanman na nagwakas agad pagkatapos ng paglilihi hanggang sa pagkatapos ng mahigit sa 900 taon ng likas na pananatili. Subali't sa espirituwal, ang lahat ay patay. Ang buhay kay Cristo, na naging buhay na walang-hanggan nang ang taong hinirang ay naligtas, ay hindi bahagi ng pananatili ng hindi naligtas. Ang pagkahawa sa kasalanan na pumasok sa lahi ng tao nang sina Adam at Eva ay nagkasala ay inilipat sa bawa't isa ng kanilang mga lahi. Kapwa sa kanilang katawan at sa kanilang kaluluwa, ang kasalanan ay naghari.

Ang Biblia ay iginigiit na ang lahi ng tao ay patay sa kasalanan. Ang katibayan ng espirituwal na kamatayan ay walang taong hindi nagkasala maliban kay Jesus (Roma 5:12; II Corinto 5:21; I Pedro 2:22). Ang bawa't kasalanan ang nagiging dahilan sa paghatol na likas na kamatayan na maging mas matibay na maigawad sa nagkasala.

Ginamit natin ang salitang "espirituwal na kamatayan" sa pagbanggit sa hindi naligtas; ang Biblia ay tinutukoy sila na "patay sa mga kasalanan" (Efeso 2:5; Colosas 2:13). Sila, kapwa sa katawan at sa kaluluwa, ay inihiwalay sa buhay sa Dios, na espirituwal na buhay na mayroon sila sa simula, bago nagkasala si Adam. Matatandaang, ang bawa't isang tao ay nasa balakang ni Adam, kaya nang siya ay nagkasala, tayong lahat ay nagkasala (I Corinto 15:22). Kahit na sila ay inihiwalay sa buhay sa Dios, maaari silang magpatuloy magkaroon ng likas na buhay (ang may malay na pananatili), sa katawan at kaluluwa. Ang likas na buhay ay magwawakas kapag ang tao ay namatay, kaya kapag siya ay hindi naligtas, kapwa sa katawan at kaluluwa, siya ay magpasawalang-hanggang patay. Upang magkaroon ng buhay kay Cristo, o buhay na walang-hanggan, ang tao ay kailangang bigyan ng bagong kaluluwa at ng bagong katawan.

Ang buhay na ito kay Cristo ay ibinigay sa bawa't isang taong hinirang ng Dios na maligtas. Ito ay ibinigay sa taong hinirang sa sandaling mailapat ng Dios ang Salita ng Dios sa buhay ng tao. Sa sandaling iyon, ang dating kaluluwa ng tao ay pinalitan ng magpasawalang-hanggang nabubuhay na bagong kaluluwa na kailanman ay hindi na niya nais magkasala (I Juan 3:9). Siya ay patuloy na mabubuhay sa kanyang likas na katawan na sa espirituwal ay patay, subali't siya ay may garantiya na sa oras ng pag-akyat sa langit ng mga tunay na mananampalataya, ang kanyang likas na katawan na sa espirituwal ay patay ay kaagad mapapalitan ng magpasawalang-hanggang nabubuhay "kay Cristo" na katawan (I Tesalonica 4:13-17, I Corinto 15:51-52).

Kapwa ang hinirang na tao, na maaari o hindi pa naranasan ang pagpapala ng bagong nabuhay na muling kaluluwa, at ang taong hindi hinirang, na likas na nabubuhay na may gumaganap na kaluluwa, ay tinuruan, sa pamamagitan ng Biblia, ng maraming bagay tungkol sa kanilang makasalanang kalagayan at saka, tungkol sa maluwalhating katangian ng Dios. Tayo ay nabubuhay sa magandang mundo na napupuno ng hindi

mabilang na mga halaman, hayop, at iba pa, na nilikha ng Dios at lubos na ipinamalas ang Kanyang dakila at maluwalhating kapangyarihan sa paglikha.

At saka, sa pamamagitan ng Biblia, ang Dios ay nagbibigay ang lahat ng detalye ng Kanyang maawaing plano upang sagipin ang Kanyang mga hinirang sa kaligtasan. Dahil tayo ay nabubuhay na talagang malapit na sa katapusan ng panahon, ang Dios ay nagbubunyag ngayon ang maraming detalye na isinasalarawan ang Kanyang plano para sa mga taon ng pagtatapos at ang huling mga araw ng kasaysayan. Sa aklat na *Halos Naroon Na Tayo!* ay inilathala natin, tamang-tama mula sa Biblia, ang tiyak na talatakdaan ng panahon ng bawa't nagtatapos na pangyayari.

Nalaman nating ang mga lokal na kongregasyon ang panlabas na pagkakatawan sa kaharian ng Dios sa buong mundo sa loob ng 1,955 taon (A.D. 33 hanggang 1988 A.D.), at pagkatapos, nang Mayo 21,1988, ang Dios ay natapos na sa aspektong iyan ng Kanyang programa ng pagliligtas, at sinimulan Niyang ihanda ang mga simbahan at ang mundo para sa mga pangyayari sa katapusan ng panahon.

Sa petsang iyon, ay inilagay ng Dios si Satanas sa lahat ng mga simbahan, at siya ay pinahintulutan Niya na mamahala sa lahat ng mga simbahan sa buong mundo. Sa parehong pagkakataon, iniwan ng Dios ay pinabayaan ang mga simbahan sa abot ng may kinalaman sa pagliligtas. Sinimulan rin Niyang bigyan ang mga nanatili sa mga simbahan ng matibay na maling paniniwala upang maniwala sila sa kasinungalinan (II Tesalonica 2:11). At saka, ang mga tunay na mananampalataya ay pinatahimik sa mga simbahan dahil sila ay itinaboy o dahil sinunod nila ang utos ng Dios na lumabas sa kanila.

Ang mga ito ang ilang pamamaraang sinimulang gamitin ng Dios sa mga simbahan habang inihahanda Niya ang mga tao sa simbahan na tumanggap sa paghatol ng Dios. Ang Biblia ay nagbabala sa I Pedro 4:17 na **""dumating na ang panahon ng pasimula ng paghuhukom sa bahay ng Dios".**

Sa parehong pagkakataon, simula nang Mayo 21, 1988, si Satanas ay binigyan ng mas labis na kalayaang tumulong upang dumami ang kasalanan, hindi lamang sa mga simbahan, kundi sa mundo rin sa labas ng simbahan. Basahin natin sa Apocalipsis 13:7:

> **At ipinagkaloob sa kaniya na makipagbaka sa mga banal, at pagtagumpayan sila; at binigyan siya ng kapamahalaan** (kapangyarihan) **sa bawa't angkan at bayan at wika at bansa.**

Sa katunayan, ang Mayo 21,1988 ang simula ng talagang makahulugang pangyayari sa katapusan ng panahon na tatagal ng buong 23 taon (8,400 araw), na magwawakas sa Mayo 21,2011. Ang Biblia ay tinatawag itong 8,400 araw na panahon ng "malaking kapighatian" (tingnan ang pahina 50-51 ng pag-aaral na ito). Ang 8,400 araw na panahon ng malaking kapighatian, na nabubuhay tayo ngayon, ay panahong ang Dios ay inihahanda ang mga simbahan sa buong mundo, at ang mundo mismo, para sa katapusan ng mundo.

Sa unang 2,300 araw (Mayo 21,1988, hanggang Setyembre 7, 1994) maliwanag na walang naligtas. Gayon pa man, sapagka't napakarami pa ring hinirang na tao na hindi pa naliligtas ng Dios, noong Setyembre 7, 1994, ang Dios ay nagsimula ng napakalaking programa ng kaligtasan na kung saan ay Kanyang ililigtas ang lahat ng mga taong hinirang (Mateo 24:22). Ang pag-aaning ito ng mga tunay na mananampalataya ay

nangyayari sa labas ng mga simbahan. Ito ay magpapatuloy sa loob ng 6,100 araw, ang nalalabing mga araw ng 8,400 araw ng panahon ng malaking kapighatian. Sa buong 6,100 araw, ang mga simbahan at ang mundo ay magiging higit na makasalanan habang ang Dios ay patuloy na inihahanda ang mga hindi hinirang sa kaligtasan para sa kanilang huling sandali.

Pagkatapos sa Mayo 21,2011, ang plano ng kaligtasan ng Dios para sa mundo ay biglang magtatapos. Ang lahat ng naging tunay na mananampalataya sa naunang 13,000 taon at namatay ay bubuhaying muli ang kanilang mga katawan bilang niluwalhating espirituwal na katawan. Sila ay aagawin (iaakyat sa langit) na nakikita ng lahat ng hindi naligtas na nasa mundo sa panahong iyon. Sa parehong pagkakataon, ang lahat ng mga tunay na mananampalataya na nabubuhay sa panahong iyon ay magkakasabay na babaguhin at aagawing kasama ni Cristo magpakailanman. Sila rin, ay aagawin na nakikita ng hindi naligtas. Sa parehong pagkakataon, ang mga buto, o anumang nananatili sa mga libingan o sa dagat, o saanman inilibing ang hindi naligtas, ay ilalabas (ibubuga mula sa mga libingan), at makakalat sa buong mundo para ihanda sa pagkawasak sa Oktubre 21,2011, ng ang buong sanglibutan ay wawasakin ng apoy (tingnan ang pahina 42-43 ng pag-aaral na ito). At saka, ang paglapastangan sa kanilang labi ang magiging kahuli-hulihang kahihiyan laban sa kanila sa mga mata ng Dios at ng mga makalangit na mga pamunuan at mga kapangyarihan.

Simula sa Mayo 21,2011, at magpapatuloy sa loob ng 153 araw, ang kalagayan sa mundo ay magiging napakasama. Ang Biblia ay nagsasabi na magkakaroon ng pagtangis at ng pagngangalit ng mga ngipin (Mateo 8:11-12, 13:42; Lucas 13:28). Walang anumang posibilidad ng kaligtasan. Kaya, wala magiging awa. Ang Biblia ay isinasalarawan ang panahong ito sa isang kasindak-sindak na salita (Deuteronomio 28:16-68; Apocalipsis 9:1-21), na maaaring inilalarawan nito ang nuklear na pagsabog o isang bagay na katumbas sa nuklear na pagsabog. Sa anumang pangyayari, kahit saan ay makikita ang kamatayan.

At pagkatapos ay darating ang huling araw ng pananatili ng mundo, Basahin natin sa II Pedro 3:10:

> **… ang sangkalangitan sa araw na iyan ay mapaparam na kasabay ng malaking ugong, at ang bagay sa langit ay mapupugnaw sa matinding init, at ang lupa at ang mga gawang nasa lupa ay pawang masusunog.**

Ang Biblia ay nagsasabi sa atin na sa katapusan, ang kamatayan at impiyerno ay ibinulid sa dagatdagatang apoy (Apocalipsis 20:14). At saka, ang Dios ay inilalarawan ang katapusan ng mundo at binibigyan ang sangkatauhan ng ilang maliwanag na pagkakaunawa sa maluwalhating walang-hanggang kinabukasang naghihintay sa mga ililigtas ng Dios. Sa parehong pagkakataon, sa pamamagitan ng Biblia, ang Dios ay inilalarawan ang pagka-hindi na mababagong kamatayan na darating sa bawa't isang taong hindi binalak iligtas ng Dios sa kamatayan na tiyak na kailangang dumating sa kanila dahil sa kasalanan.

Habang itinuturo ng Dios sa atin nang mas malinaw ang mga detalye ng plano ng pagliligtas ng Dios, ay nalaman natin mula sa Biblia na ang mga tao sa mundo ay maaaring hatiin sa iba't ibang magkakaibang pangkat. Ang mga pangkat na ito ay gaya ng mga sumusunod.

1. Ang mga hindi hinirang, iyan ay, ang mga hindi napiling maligtas, at kailanman ay hindi maliligtas, at namatay bago ang araw ng paghuhukom.

2. Ang mga hinirang, ang mga kailangang iligtas ng Dios sapagka't sila ay piniling maligtas, at nabubuhay, subali't hindi pa naliligtas.

3. Ang mga hinirang at naligtas at sa kasalukuyan ay nabubuhay sa mundong ito.

4. Ang mga hindi hinirang at hindi pa namatay.

5. Ang mga hinirang at namatay.

Ang Hindi Hinirang Na Namatay Bago Ang Araw Ng Paghuhukom

Ang napakaraming tao, bago pa ang simula ng panahon, ay hindi hinirang ng Dios na maligtas. Ang Dios lamang ang nakakaalam kung sinu-sino sila. Sila ay nabuhay sa mundong ito ng ilang panahon at pagkatapos sila ay namatay. Sila ay namatay na hindi nauunawaan na ang kanilang kamatayan ay nakahihiyang kamatayan sa mga mata ng Dios at sa mga mata ng makalangit na mga pamunuan at mga kapangyarihan.

Sa bawa't pagkakataong sila ay nagkasala, ay hinihiya nila ang Dios at higit pa nilang dinadala ang kanilang mga sarili sa ilalim ng sumpa ng Dios.

At saka, nang sila ay namatay, ay maaaring mayroon silang ilang paghihinagpis na hindi na nila matatamasa ang mabubuting bagay sa mundong ito. Gayon pa man, kung sila ay namatay sa isang sakuna o sa kanilang pagtulog, ay hindi man lamang nila naranasan ang kanilang kawalan. Hindi nila naunawaang ang kanilang kamatayan ay nangangahulugan na talagang imposible na tatanggapin pa nila ang dakilang pamana na maaaring maging kanila sapagka't sila ay nilikha upang maging mga anak ng Dios. Sapagka't ang bawa't isang tao ay na kay Adam, ang una nating magulang, nang siya ay nilikha, tayo ay nilikha na may karapatan ng panganay. Ang pagkapanganay ay kabilang ang pamana na buhay na walang-hanggan. Subali't ito ay may-pasubali. Ito ay magkapareho sa kalagayan ni Esau. Kung si Esau ay hindi nagkasala sa pamamagitan ng pagtanggi sa kanyang pagkapanganay, na sa kanya sa pamamagitan ng karapatan na likas na pagiging panganay, ito ay mananatili sa kanya. Kung sina Adam at Eva at hindi nagkasala, mapapanatili nila magpakailanman ang pagkapanganay. Iyan ay, kailan man ay hindi sila maaalis sa kaharian ng Dios. Katulad ni Esau, ang taong namatay na hindi naligtas ay ipinagpalit ang kanyang pagkapanganay sa isang mangkok ng sabaw. Maaari nating tingnan ang mangkok ng sabaw na kumakatawan sa biglang kasiyahan na dala ng kasalanan. Ito ay nagsimula na sa kasalanan ni Adam.

Kaya, kahit na namatay ang mga taong ito na walang anumang pagkakaalam sa napakalaking kaparusahan na kanilang binayaran para sa kanilang mga kasalanan, ay hindi binabago nito ang katotohanang binayaran nila ang kaparusahan. Ang kabayaran ay ang pagkawala ng kanilang pagkapanganay, iyan ay, ang kaharian ng Dios. Ito ay malinaw na ipinamamalas ang dakilang awa ng Dios.

Gayon pa man, kahit sila ay patay na at kailanman ay hindi na magkakaroon ng may-malay na buhay, ang Dios ay hindi pa tapos sa kanila. Ang kanilang mga buto, o

kung anuman ang naiwan sa kanilang mga patay na katawan, ay ilalabas mula sa kanilang libingan sa Mayo 21, 2011, ang petsa ng pag-akyat sa langit ng mga tunay na mananampalataya, na unang araw rin ng Araw ng Paghuhukom. Ang kanilang mga labi ay ikakalat na parang mabahong basura o dumi ng hayop sa lupa, upang sila ay mahayag sa pinaka nakahihiyang paglapastangan ng mga buwitre, aso, uod, at iba pa. Sa huling sandali, sila ay labis na hihiyain sa mga mata ng Dios at sa mga mata ng mga makalangit na pamunuan at mga kapangyarihan.

Sa wakas, sa Oktubre 21, 2011, ang huling araw ng Araw ng Paghuhukom, ang kanilang mga labi, kasama ang mundo at ang buong sanglibutan, ay susunugin at wawasakin magpakailanman.

Ang Hinirang Na Hindi Pa Naliligtas

May mga taong nabubuhay sa mundong ito na hinirang upang maligtas, subali't sa sandaling ito, sila ay hindi pa rin naliligtas. Sapagka't sila ay hinirang ng Dios, at si Cristo ay ang Korderong pinatay bago itatag ang mundo, ang kaparusahan sa mga kasalanan ng pangkat na ito ng mga tao ay binayaran bago pa sila ipinanganak. Ang Dios, kaya nga, ay hindi sila maaaring lipulin. Sila ay patay pa rin sa espirituwal, subali't sila sa pangkatawan ay buhay na may gumaganap na kaluluwa, katulad lamang ng kalagayan sa mga hindi hinirang ng Dios, na sa bandang huli, ay wawasakin magpakailanman.

Gayon pa man, dahil ang mga kasalanan ng lahat ng hinirang ay bayad sa pamamagitan ng kamatayan ni Jesus, ang Dios ay kailangan silang iligtas (dapat silang patawarin), bago sila mamatay sa pangkatawan o bago ang pag-akyat sa langit ng mga mananampalataya na magaganap sa Mayo 21, 2011. Sa sandaling sila ay naligtas, ay naging bahagi sila ng pangkat ng mga taong naligtas na aagawin ng Dios sa Mayo 21, 2011.

Ang Mga Naligtas At Sa Pangkasalukuyan Ay Nabubuhay Sa Mundong Ito

Ang pangkat na ito ng mga tao ay patuloy na mas lumalaki sapagka't ang Dios ay nagliligtas sa kasalukuyan ng lubhang karamihan na hindi mabibilang. Sila ay binigyan na ng bago, walang-hanggan, nabuhay na muling kaluluwa. Kung sila ay namatay bago ang Mayo 21, 2011, sa kanilang magpasawalang-hanggang nabubuhay na kaluluwa, sila ay kaagad maghahari sa langit na kasama ni Cristo. Sa Mayo 21, 2011, ang kanilang mga patay na katawan ay lalabas sa libingan bilang walang-hanggang espirituwal na katawan, at ang kanilang mga katawan ay aagawin upang makasama si Cristo (aakyat sa langit). Kaya, sa buong kawalang-hanggang hinaharap, sila ay magiging buong pagkatao, katawan at kaluluwa, na sila ay mabubuhay at maghaharing kasama ni Cristo.

Kung buhay pa rin sila sa Mayo 21, 2011, agad silang bibigyan ng bagong walang-hanggang buhay na katawan. At sila ay aagawin upang makasama si Cristo magpasawalang-hanggan.

Ang Hindi Hinirang Na Buhay Pa Rin Sa Mayo 21, 2011

Ang pangkat na ito ng mga tao, na talagang napakalaki, sa pangkaraniwan ay maaaring narinig ang babala na ang katapusan ng mundo ay halos narito na. Gayon man ay hindi nila ito pinansin. Hindi nila ito pinansin sapagka't hindi sila naniniwalang ang Biblia ay ang Salita ng Dios. O hindi nila pinansin ang babala sapagka't pinagtiwalaan nila nang lubusan ang mga turo ng kanilang simbahan, iyan ay, si Cristo ay darating na gaya ng magnanakaw sa gabi, at kaya nga, hindi sila dapat mabahala sa kanilang pinaniniwalaang maling mga turo tungkol sa pagbabalik ni Cristo. O mas maaari, sa kanilang pagmamahal sa mundong ito, ay hindi nila pinansin ang babala sapagka't hindi nila nais magwakas ang mundong ito.

Sa loob ng 1,900 taon, ang Biblia ay nagturong si Cristo ay darating na gaya ng magnanakaw sa gabi, at Siya ay hindi pa dumating. Kaya nga, ang maraming tao ay nag-akala na makatwirang maniwalang Siya ay hindi darating upang wakasan ang mundong ito kahit sa loob ng 100 taon o mas higit pa. Kaya, makatitiyak sila na patuloy nilang tatamasahin ang mundong ito sa loob ng kanilang pangkaraniwang inaasahang buong buhay. Subali't nang ang eksaktong petsa ay ibinigay, ang petsa na ilang taon lamang sa hinaharap, iyan ay lubos na hindi nila matatanggap. Kaya nga, talagang hindi nila nais pakinggan ang impormasyon na natanggap natin namin ngayon mula sa Biblia.

Bilang karagdagang parusa sa mga taong narinig ang babala at tumangging sundin ito, ang pangkat na ito ng mga tao ay papasok, na buhay sa pangkatawan, sa nakasisindak na limang buwan na tinatawag na Araw ng Paghuhukom, na nagsimula sa pag-akyat sa langit ng mga tunay na mananampalataya sa Mayo 21, 2011. Makikita nila ang mga taong umaakyat sa langit habang sila ay naiwan. Sila ay tatangis at manggagalit ang kanilang mga ngipin sa galit sa Dios. At saka, sa loob ng limang buwan, sila ay sasailalim sa matinding sakit dahilan sa mga salot na magsisimula sa napakalaking lindol na magaganap sa unang araw. Kung sila ay namatay sa loob ng limang buwan, at ang marami marahil ay mamamatay, ang kanilang mga katawan ay ikakalat sa lupa. Sa bandang huli, sa Oktubre 21, 2011, ang buong sanglibutan, kabilang ang mundo at ang lahat ng gawa nito, ay masusunog, at kailanman ay hindi na muling mabubuhay.

Ang Pagkabuhay Na Muli Ng Patay Na Hindi Naligtas

Nalaman nating kapag namatay ang taong hindi hinirang, siya ay patay kapwa sa katawan at sa kaluluwa. At saka, kailanman ay hindi na siya mabubuhay. Wala kahit saan sa Biblia na binabanggit ang hindi naligtas na namatay na sakaling mabubuhay pa. Subali't may ilang mga bersikulo na kahit papaano ay ipinapalagay na sila ay muling mabubuhay upang higit pa nilang maranasan ang matinding galit ng Dios. Dapat nating maingat na suriin ang mga bersikulong ito. Malalaman nating ang mga bersikulo ay nagpapakita sa atin kung paanong nagpapatuloy ang pagkapahiya sa hindi naligtas hanggang sa huling araw ng pananatili ng mundo, Basahin natin sa Mga Gawa 24:15:

> **Na may pagasa sa Dios, na magkakaroon ng pagkabuhay na maguli ng mga ganap at gayon din ng mga di ganap.**

At sa Juan 5:28-29, ay basahin natin:

Huwag ninyong ipanggilalas ito: sapagka't dumarating ang oras, na ang lahat ng nangasa libingan ay makaririnig ng kaniyang tinig, At magsisilabas; ang mga nagsigawa ng mabuti, ay sa pagkabuhay na maguli sa buhay; at ang mga nagsigawa ng masama, ay sa pagkabuhay na maguli sa paghatol.

Sa Daniel 12:2 ang Dios ay nagsasabi:

At marami sa kanila na nangatutulog sa alabok ng lupa ay mangagigising, ang iba'y sa walang hanggang buhay, at ang iba'y sa kahihiyan at sa walang hanggang pagkapahamak.

Sa mga bersikulong ito ay binabanggit ang mga patay na taong hindi naligtas na nagising at narinig ang tinig ng Dios. Paano ito posible, kung ang taong iyan ay hindi muna binuhay upang marinig niya ang tinig ng Dios?

Ang kasagutan ay matatagpuan sa Ezekiel 37, na kung saan sa parehong matalinghagang salita at sa tunay, na makalupang salita, ang Dios ay nagsalita tungkol sa katanungang ito. Sa mga bersikulo 4 at 5, ang Dios ay nagpapahayag:

Muling sinabi niya sa akin, Manghula ka sa mga butong ito, at sabihin mo sa kanila, Oh kayong mga tuyong buto, inyong pakinggan ang salita ng Panginoon, Ganito ang sabi ng Panginoong Dios sa mga butong ito: Narito, aking papapasukin ang hinga sa inyo, at kayo'y mangabubuhay..

Sa mga bersikulong ito, ang Dios ay nagsasabing bago ipinasok sa kanila ang hininga ng buhay, ang mga tuyong buto ay maririnig ang Salita ng Panginoon. Sa espirituwal, ang Dios ay nagpapahayag na ang mga plano Niyang iligtas ay katulad ng mga tuyong buto na walang buhay. Sila sa espirituwal ay patay, kahit na sa pangkatawan sila ay buhay. Subali't mabibigyan ng Dios ng mga espirituwal na tainga ang mga taong sa espirituwal ay patay upang makaranig, na Kanyang ginawa habang sila ay binubuhay Niya mula sa espirituwal na kamatayan patungo sa buhay na walang-hanggan.

At ang Dios ay nagsalita sa tunay, makalupang paraan nang Siya ay nagpahayag pa sa Ezekiel 37:12-13:

Kaya't manghula ka, at sabihin mo sa kanila, Ganito ang sabi ng Panginoong Dios: Narito, aking bubuksan ang inyong mga libingan, at aking pasasampahin kayo mula sa inyong mga libingan, Oh bayan ko; at aking dadalhin kayo sa lupain ng Israel. At inyong malalaman na ako ang Panginoon, pagka aking binuksan ang inyong libingan, at aking pinasampa kayo na mula sa inyong mga libingan, Oh bayan ko.

Ang mga bersikulong ito ay mauunawaan sa espirituwal, subali't nagtuturo rin ito ng tunay na makalupang katotohanan. Sa oras ng pag-akyat sa langit ng mga tunay na mananampalataya, ang mga patay na katawan ng hinirang ay maririnig ang Kanyang tinig at darating. Ang kanilang mga katawan ay bibigyan ng buhay na walang-hanggan sapagka't sila ay bubuhayin na may walang-hanggan, espirituwal na katawan (I Corinto 15:44).

Gayon pa man, kahit na narinig ng mga patay na katawan ng mga taong hinirang ang Salita ng Dios bago sila binigyan ng hininga (Ezekiel 37:4-50, ang mga buto o labi ng mga hindi naligtas, habang kapwa patay, ay makaririnig rin ng Salita ng Dios. Ang simulaing itinatag ng Dios sa Ezekiel 37 ay maaari Niyang utusan ang kahit na anong bagay na sundin ang Kanyang kalooban, kung anuman ang kanyang kagustuhan. Matatandaan, halimbawa, sa Marcos 4:39 at 41, na kung saan ay basahin natin:

> **At gumising siya, at sinaway ang hangin, at sinabi sa dagat, Pumayapa, tumahimik ka. At humimpil ang hangin, at humusay na totoo ang panahon….At sila'y nangatakot na lubha, at sila-sila'y nangagsasabihan, Sino nga ito, na pati ng hangin at ng dagat ay tumatalima sa kaniya?**

Upang ang hangin at ang alon ay sumunod sa utos ni Jesus, ay kinakailangang sila ay gising upang marinig ang Kanyang tinig. Gayon din naman, ang mga patay na buto at ang mga labi ng hindi naligtas ay maaaring gisingin upang marinig ang tinig ng Dios kahit na hindi tunay na buhay. Iyan ang mangyayari kapag inilabas ng Dios ang mga labi ng mga patay na hindi naligtas sa libingan sa oras na magsimula ang araw ng paghuhukom. Ang mga labi ay magiging kalat o mabahong dumi sa lupa.

Dapat nating malaman kung paanong isinulat nang maingat ng Dios ang tatlong bersikulo na binabangggit ang pagbuhay o ang pagkabuhay na muli ng patay. Sa Mga Gawa 24:15 ang Dios ay nagpapahayag na mababuhay na muli ang hindi ganap. Ito ay lumilitaw na nagpapahiwatig na ang pagkabuhay na muli ng hindi naligtas ay katulad sa pagkabuhay na muli ng mga mananampalataya. Gayon pa man, sa Juan 5:29 ang Dios ay nagtakda na ang hindi naligtas ay binuhay na muli sa pagkakasumpa. Ang salitang "pagkakasumpa" ay ipinapakahulugan ang isang aspekto ng kaparusahang tinanggap ng hindi naligtas para sa kanilang mga kasalanan. Anong bahagi ng kaparusahan ang nasa isip ng Dios?

Ang ikatlong bersikulo, Daniel 12:2, ay nagsasabi sa atin kung ano ang nasa isip ng Dios. Ito ay pagkabuhay na muli sa pagkahiya at paghamak. Ito ay magaganap kapag ang kanilang mga katawan at mga buto ay magigising mula sa mga libingan at itatapon sa lupa, kaya sila ay mapapahiya sa mga nabubuhay pa rin sa simula ng araw ng paghuhukom, at sa Dios, at sa mga pamunuan sa langit. Ang nakalulungkot na pangyayari ay inilarawan sa Jeremias 7:33 hanggang 8:2, na kung saan ay basahin natin:

> **At ang mga bangkay ng bayang ito ay magiging pinakapagkain sa mga ibon sa himpapawid, at sa mga hayop sa lupa; at walang bubugaw sa mga yaon. Kung magkagayo'y aking ipatitigil sa mga bayan ng Juda, at sa mga lansangan ng Jerusalem, ang tinig ng kalayawan at ang tinig ng kasayahan, ang tinig ng kasintahang lalake at ang tinig ng kasintahang babae: sapagka't ang lupain ay masisira. Sa panahong iyon, sabi ng Panginoon, ay ilalabas nila ang mga buto ng mga hari sa Juda, at ang mga buto ng kaniyang mga prinsipe, at ang mga buto ng mga saserdote, at ang mga buto ng mga propeta, at ang mga buto ng mga nananahan sa Jerusalem, mula sa kanilang mga libingan; at kanilang ikakalat sa liwanag ng araw, at ng buwan, at ng lahat na natatanaw sa langit na kanilang inibig, at kanilang pinaglingkuran, at siya nilang sinundan, at siyang kanilang hinanap, at siyang kanilang**

sinamba: hindi mangapipisan, o mangalilibing man, sila'ymagiging pinakasukal sa ibabaw ng lupa.

Sa Nahum 3:5-6, ang Dios ay nagsasabi:

Narito, ako'y laban sa iyo, sabi ng Panginoon ng mga hukbo, at aking ilililis ang iyong laylayan sa harap mo; at aking ipakikita sa mga bansa ang iyong kahubaran, at sa mga kaharian ang iyong kahihiyan. At aking ihahagis sa iyo ang kasuklamsuklam na karumihan, at gagawin kitang hamak, at ilalagay kitang pinakakutya.

Ang Mga Mananampalataya Na Hahatulan Ang Hindi Naligtas

Sa pagsisimula ng Araw ng Paghuhukom, Mayo 21,2011, kapag ang mga patay na katawan ng mga taga Nineve ay makikitang aagawin (iaakyat sa langit) sa mga ulap upang makasama ni Cristo, ito ay magiging paghatol at pagkakasumpa sa mga naiwan. Ang mga taga Nineve ay inamin ang kanilang kasamaan at talagang may kababaang-loob na nagsisi, at tumawag sa Dios ng awa, umaasang maaaring hindi sila lilipulin ng Dios. Ang Biblia ay ipinagbibigay-alam sa ating ang Dios sa Kanyang awa ay iniligtas sila.

Ang katotohanan ng ang mga nabuhay na muling espirituwal na katawan ng mga taga Nineve na iniakyat sa langit ay binibigyang-diin ang kasalanan ng mga naiwan. Ang pagkakasumpang ito ay talagang totoo para sa mga naniwalang sila ay naligtas subali't ang kanilang pagtitiwala ay nasa kanilang simbahan o sa kanilang bautismo, at iba pa. Sa ganyang kahulugan, ay tatanggapin nila ang mas mabigat na paghatol kaysa sa mga walang alam sa Biblia. Ang pag-akyat sa langit ng mga taga Nineve, na maliwanag na ipinapakita na sila ay naligtas, ay napakalaking pagpapatunay na ang mga naiwan ay hindi naligtas at tiyak na sasailalim sa matinding galit ng Dios. Ito ang nagpapaliwanag sa mga banggit gaya halimbawa ng mga sumusunod.

Mateo 12:41: **Magsisitayo sa paghuhukom ang mga tao sa Nineve na kasama ng lahing ito, at ito'y hahatulan: sapagka't sila'y nagsipagsisi sa pangangaral ni Jonas; at narito, dito'y may isang lalong dakila kay sa kay Jonas.**

Apocalipsis 2:26: **At ang magtagumpay, at tumupad ng aking mga gawa hanggang sa katapusan, ay bibigyan ko ng kapamahalaan sa mga bansa:**

Apocalipsis 3:9: **Narito, ibinibigay ko sa sinagoga ni Satanas, ang mga nagsasabing sila'y mga Judio, at sila'y hindi, kundi nangagbubulaan; narito, sila'y aking papapariyanin at pasasambahin sa harap ng iyong mga paa, at nang maalamang ikaw ay aking inibig.**

I Corinto 6:2-3: **O hindi baga ninyo nalalaman na ang mga banal ay magsisihatol sa sanglibutan? at kung ang sanglibutan ay hahatulan ninyo, hindi kaya baga dapat magsihatol kayo sa mga bagay na pinakamaliit? Hindi baga ninyo nalalaman na ating hahatulan ang mga anghel? gaano pa kaya ang mga bagay na nauukol sa buhay na ito?**

Naaalaala natin ang I Pedro 2:12, na kung saan ay basahin natin:

> **Na kayo'y mangagkaroon ng timtimang ugali sa gitna ng mga Gentil; upang, sa mga bagay na ipinagsasalita nila laban sa inyong tulad sa nagsisigawa ng masama, dahil sa inyong mabubuting gawa na kanilang nakikita, ay purihin nila ang Dios sa araw ng pagdalaw.**

Sa kabuuan ng nilalaman nito, ang pariralang **"purihin nila ang Dios sa araw ng pagdalaw"** ay iniuugnay sa mga parurusahan sa kanilang mga kasalanan, kahit na si Achan ay sinabihang bigyan ng luwalhati ang Dios nang siya ay papatayin dahil sa kanyang kasalanan (Josue 7:18-26).

Sa ganyang paraan, ay mauunawaan nating kapag kinilala ng hindi naligtas na ang isang tao ay tunay na naligtas (na patunay ng pag-akyat sa langit ng taong iyan) ay nagdadala ito ng paghatol at pagkakasumpa sa mga iniisip na sila ay naligtas, subali't nalalaman ngayon na sila ay hindi naligtas sapagka't naiwan sila sa oras ng pag-akyat sa langit ng mga tunay na mananampalataya. Sila ay hinahatulan ng mga tunay na mananampalatayang umakyat sa langit

Sa katunayan, iyan ang magiging kalagayan sa buong mundo sa Mayo 21,2011, kapag ang mga katawan ng mga tunay na mananampalataya na namatay nang una, kasama ng lahat ng mga tunay na mananampalatayang nabubuhay sa panahong iyon, ay aagawing kasama ni Cristo. Ito ay magiging napakabigat na pagkakasumpa sa mundo, at lalo na ang mga nasa simbahan sa buong mundo, na sa panahon ng simbahan ay kinatawan sa pamamagitan ng 12 angkan ng Israel (Apocalipsis 7:4-8; Mateo 19:28). Ito ang magiging patunay na ang lahat ng naiwan ay nasa ilalim ng walang-hanggang paghatol ng Dios.

Ang kapunuan (bilang 12) ng lahat ng mananampalataya na naghaharing kasama ni Cristo ay hahatulan kapwa ang mundo at ang mga simbahan (12 angkan, tingnan ang Mateo 19:28) sa pamamagitan ng katotohanang sila ay kasama ni Cristo magpasawalang-hanggan, at ang mundo at ang mga simbahan ay makatarungang wawasakin sa walang-katapusang apoy magpakailanman.

Ang Labanan Ng Armagedon

Ang labanan ng Armagedon, na binanggit sa Apocalipsis, ay ang inilalarawan natin ngayon.. Ang hukbo ng mga tunay na mananampalataya, na ligtas at mapayapa sa panahong ito na kasama ni Cristo, sa katunayan ay hindi lumalaban sa anumang uri ng tunay na labanan sa hindi naligtas. Gayon pa man, ang napakalaking patunay na sila ay talagang naligtas ay makikita sa buong mundo sa oras ng pag-akyat sa langit ng mga tunay na mananampalataya. Ito ay magiging labis na paghatol at pagkakasumpa sa mga hukbo ng hindi naligtas na naiwan sa oras ng pag-akyat sa langit ng mga tunay na mananampalataya.

Ang Salita ng Dios mismo ang magdadala ng paghatol sa makasalanan, at kaya, pati ang tiyak na patunay ng pagliligtas sa mga buhay ng mga iniakyat sa langit ay paghatol sa hindi naligtas. Basahin natin sa Hebreo 11:7:

Sa pananampalataya si Noe, nang paunawaan ng Dios tungkol sa mga bagay na hindi pa nakikita, dala ng banal na takot, ay naghanda ng isang daong sa ikaliligtas ng kaniyang sangbahayan; na sa pamamagitan nito ay hinatulan niya ang sanglibutan, at naging tagapagmana ng katuwiran na ayon sa pananampalataya.

Ang katunayang ang daong ang nagdala ng kaligtasan kay Noe nang dumating ang tubig ng baha ay paghatol sa hindi naligtas na namatay sa baha, kahit na ang Salita ng Dios mismo ay nagdadala ng pagkakasumpa sa mga lumalabag dito.

Paano makikipaglaban ang mga hukbo ng hindi naligtas sa labanan ng Armagedon? Ang Dios ay nagsasabi sa Joel 3:9-16:

Itanyag ninyo ito sa mga bansa: mangaghanda kayo ng digma; pasiglahin ninyo ang mga malakas na lalake; magsilapit ang lahat na lalaking mangdidigma, sila'y magsisampa. Gawin ninyong mga tabak ang inyong mga sudsod, at mga sibat ang iyong mga karit: magsabi ang mahina, Ako'y malakas. Mangagmadali kayo, at magsiparito kayong lahat na bansa sa palibot, at magpipisan kayo: iyong pababain doon ang iyong mga makapangyarihan, Oh Panginoon. Magpakasigla ang mga bansa, at magsisampa sa libis ni Josaphat; sapagka't doo'y uupo ako upang hatulan ang lahat na bansa sa palibot. Gamitin ninyo ang karit; sapagka't ang aanihin ay hinog na: kayo'y magsiparito, at magsiyapak; sapagka't ang alilisan ng alak ay puno, ang kamalig ng alak ay inaapawan; sapagka't ang kanilang kasamaan ay malaki. Mga karamihan, mga karamihan sa libis ng pasiya! sapagka't ang kaarawan ng Panginoon ay malapit na sa libis ng pasiya. Ang araw at ang buwan ay nagdidilim, at pinipigil ng mga bituin ang kanilang kislap. At ang Panginoo'y aangal mula sa Sion, at palalakasin ang kaniyang tinig mula sa Jerusalem; at ang langit at ang lupa ay mangayayanig: nguni't ang Panginoon ay magiging kanlungan sa kaniyang bayan, at katibayan sa mga anak ni Israel.

Katulad ng sangpung dalagang binanggit sa Mateo 25, na nagising nang ang kasintahang lalake (si Cristo) ay dumating, kaya, sa pagsisimula ng araw ng paghuhukom, ang hindi naligtas ay kailangang maghandang makipaglaban sa mga naligtas. Ang kanilang labanan ay may matinding kabiguan at labis na pagkagalit habang sila ay tumatangis at nagngangalit ang kanilang mga ngipin sa Dios dahil sila ay naiwan.

Mateo 7:22-23: **Marami ang mangagsasabi sa akin sa araw na yaon, Panginoon, Panginoon, hindi baga nagsipanghula kami sa iyong pangalan, at sa pangalan mo'y nangagpalayas kami ng mga demonio, at sa pangalan mo'y nagsigawa kami ng maraming gawang makapangyarihan? At kung magkagayo'y ipahahayag ko sa kanila, Kailan ma'y hindi ko kayo nangakilala: magsilayo kayo sa akin, kayong manggagawa ng katampalasanan.**

Mateo 8:11-12: **At sinabi ko sa inyo, na marami ang magsisipanggaling sa silanganan at sa kalunuran, at magsisiupong kasama ni Abraham, at ni Isaac, at ni Jacob, sa kaharian ng langit: Datapuwa't ang mga anak ng kaharian ay pawang itatapon sa kadiliman sa labas: diyan na nga ang pagtangis at pagngangalit ng mga ngipin.**

Mateo 13:49-50: **Gayon din ang mangyayari sa katapusan ng sanglibutan: lalabas ang mga anghel, at ihihiwalay ang masasama sa matutuwid, At sila'y igagatong sa kalan ng apoy: diyan na nga ang pagtangis at ang pagngangalit ng mga ngipin.**

Lucas 13:26-28: **Kung magkago'y pasisimulan ninyong sabihin, Nagsikain kami at nagsiinom sa harap mo, at nagturo ka sa aming mga lansangan; At sasabihin niya, Sinasabi ko sa inyo na hindi ko kayo nangakikilala kung kayo'y taga saan; magsilayo kayo sa akin, kayong lahat na manggagawa ng kalikuan. Diyan na nga ang pagtangis, at ang pagngangalit ng mga ngipin, kung mangakita ninyo si Abraham, at si Isaac, at si Jacob, at ang lahat ng mga propeta sa kaharian ng Dios, at kayo'y palabasin.**

Apocalipsis 16:10-11: **At ibinuhos ng ikalima ang kaniyang mangkok sa luklukan ng hayop na yaon; at nagdilim ang kaniyang kaharian, at nginatngat nila ang kanilang mga dila dahil sa hirap, At sila'y namusong sa Dios ng langit dahil sa kanilang mga hirap at sa kanilang mga sugat; at hindi sila nangagsisi sa kanilang mga gawa.**

Sa Apocalipsis 17:14 ay binanggit ng Dios ang digmaang ito, at doon ay basahin natin:

Makikipagbaka ang mga ito laban sa Cordero, at sila'y dadaigin ng Cordero, sapagka't siya'y Panginoon ng mga panginoon at Hari ng mga Hari; at ng mga kasama niya, na mga tinawag at mga pili at mga tapat ay nananaig din.

Ang katapusan ng digmaan ay inilarawan, halimbawa, sa Apocalipsis 19:19-21:

At nakita ko ang hayop, at ang mga hari sa lupa, at ang kanilang mga hukbo, na nangagkakatipon upang makipagbaka laban doon sa nakasakay sa kabayo, at laban sa kaniyang hukbo. At sinunggaban ang hayop, at kasama niya ang bulaang propeta na gumawa ng mga tanda sa harapan nito, na siyang ipinangdaya sa mga nagsitanggap ng tanda ng hayop at sa mga sumamba sa larawan nito: ang dalawang ito ay inihagis na buhay sa dagatdagatang apoy na nagliliyab na asupre: At ang mga iba ay pinatay sa tabak na lumalabas sa bibig niyaong nakasakay sa kabayo, at ang lahat ng mga ibon ay nangabusog ng mga laman nila.

Malalaman natin ang magiging katapusan ng digmaang ito kapag winasak ng Dios ang buong sanglibutan.

Buod

Kailangan nating ibuod ngayon ang mga nalaman natin na may kaugnayan sa pamamaraan ng paghatol ng Dios habang iniuugnay ito sa mga pangyayari sa katapusan ng panahon ng mundong ito.

1. Ang kinaugaliang palagay, na nagtuturo na ang bawa't isang taong hindi naligtas ay literal na tatayo sa harap ni Cristo bilang Hukom, at makikitang nagkasala, at hahatulan ng labis na paghihirap magpakailanman sa lugar na tinatawag na impiyerno, ay mali.

2. Ang panahon ng simbahan ay nagwakas noong Mayo 21, 1988. Ang susunod na panahon, na tamang-tamang 8,400 ang tagal ay magwawakas sa Mayo 21, 2011. Ito ay tinatawag na malaking kapighatian.

3. Ang malaking kapighatian ay nahahati sa dalawang kapanahunan. Ang unang kapanahunan ay tatakbo mula Mayo 21,1988, hanggang Setyembre 7, 1994. Sa panahong ito, maliwanag na walang maliligtas sa buong mundo. Ang ikalawang kapanahunan ay 6,100 na araw, na tatakbo mula Setyembre 7, 1994, hanggang Mayo 21, 2011. Sa panahong ito, walang naliligtas sa loob ng mga simbahan, subali't sa labas ng mga simbahan ang lubhang karamihan ay maliligtas. Ang Biblia ay talagang binibigyang-diin na maraming maliligtas na maiuugnay kay Ismael, ang anak ni Abraham. At saka, binibigyang-diin nito na ang marami sa mga huling nakaalam ang tungkol sa Biblia ay papasok sa kaharian ng Dios.

4. Ang buong 8,400 araw na panahon ng malaking kapighatian ay magiging panahon na ihihiwalay ng Dios ang mga tunay na mananampalataya (ang hinirang) sa mga nagsasabing mga mananampalataya, subali't hindi. Ang Dios ay gumagawa ng paghihiwalay sa pamamagitan ng paglalathala ng maraming mga pagsubok, gaya halimbawa ng mga makikita sa mga sumusunod na simulain.

a. Ang bawa't salita sa orihinal na salita ng Biblia ay nagmula sa bibig ng Dios.
b. Ang bawa't salita sa Biblia ay ang batas ng Dios na may parehong kapangyarihan ng Dios Mismo.
c. Ang pananampalataya ay isang gawa na ginagawa natin, kaya walang makakasampalataya sa anomang paraan para maligtas. Ang lahat ng gawa na kailangang gawin upang maligtas ang isang tao ay ginawa ni Cristo, bago pa ipinanganak ang taong iyan.
d. Kahit na ang Biblia ay mga 1,900 taong gulang na, at magmula nang ito ay matapos, walang mga salitang idinagdag dito. Sa panahon natin, na tayo ay talagang malapit na sa katapusan ng panahon, ang napakaraming bilang ng bagong katotohanan ay inihahayag ng Espiritu Santo.

e. Ang panahon ng simbahan ay natapos na at nag-utos ang Dios sa mga taong umalis sa kanilang mga simbahan. Si Satanas ang namamahala doon, at hindi na nagliligtas ang Dios ng mga tao sa loob ng mga simbahan.
f. Si Cristo ay naghayag na ngayon na Siya ay hindi darating na gaya ng magnanakaw sa gabi.
g. Ang Dios ay nagbigay sa mga tunay na mananampalataya ng eksaktong araw, buwan, at taon ng Kanyang pagbabalik upang ang mundo ay mabalaan.
h. Ang Dios ay nagbigay sa mga tunay na mananampalataya ng napakaraming bagong impormasyon mula sa Biblia tungkol sa mga detalye ng pamamaraan ng paghatol ng Dios.
i. Ang Dios ay nagbibigay sa buong mundo ng tiyak na oras ng katapusan ng mundo upang magkaroon sila ng pagkakataong magsisi at tumawag sa Dios ng awa, gaya ng ginawa ng mga taga Nineve nang binalaan sila ni Jonas sa namimintong pagkawasak. Ang mga tunay na mananampalataya ay matapat na nababahala tungkol sa itinuturo ng Biblia, at kanilang kinikilala na ito lamang ang may kapangyarihan sa kanila..Maingat nilang susuriin ang mga turo at sila ay maniniwala. Sa mga nagtitiwala sa kanilang mga simbahan, o sa mga doktrina ng kanilang simbahan, o sa sarili nilang pag-iisip, ang mga turong ito ay isang mabigat na pagsubok. Ang mga hindi hinirang sa kaligtasan ay labis na mahihirapan sa kanila.

5. Ang malaking kapighatian ay magwawakas sa Mayo 21,2011, na petsa rin ng pagsisimula ng Araw ng Paghuhukom, na tinawag ring “Ang Araw ng Panginoon”. Ang Araw ng Paghuhukom ay magpapatuloy sa loob ng 153 araw, hanggang sa Oktubre 21,2011, kungkailan ang mundo ay magwawakas.

6. Ang Mayo 21, 2011, ang magiging tanda ng katapusan ng programa ng kaligtasan ng Dios. Sa araw na iyon, ang pag-agaw (ang pag-akyat sa langit) ng lahat ng hinirang (ang mga tunay na naligtas) ay magaganap. Ang mga katawan ng mga naligtas ay mababuhay na muli gaya ng mga maluwalhating espirituwal na katawan. Ang mga mananampalatayang nabubuhay pa rin sa araw na iyon ay kaagad tatanggap ng mga bagong espirituwal na katawan, at sila rin ay aagawing kasama ni Cristo magpakailanman.

7. Halos pitong bilyong tao ang nasa mundo sa panahong iyon, at masasaksihan nila ang pag-akyat sa langit ng mga tunay na mananampalataya. Ang mga naiwan ay mahahati sa dalawang pangkat. Malapit sa ikatlong bahagi nila, o malapit sa dalawang bilyon sa kanila, ay mga taong simbahan. Sila ay may ilang kaalaman sa katotohanan ng Biblia at naniwalang sila ay mga Kristiyano. Ang nalalabing pangkat ay kinabibilangan ng lahat ng natitirang tao na naiwan sa mundo.

8. Ang kamangha-manghang araw na iyon, ang Mayo 21,2011, ay pangungunahan ng talagang pangkaraniwang mga araw, na ang panahon, sa buong mundo ay magiging gaya ng dati.

9. Gayon pa man, sa araw na iyon, ay magkakaroon ng napakalakas na lindol, kaya ang buong mundo, ang bawa't hukay, ang bawa't libingan ay mabubuksan. At ang mga labi ng mga taong inilibing doon ay lalabas sa lupa. (Maliban sa mga labi ng mga tunay na mananampalataya sapagka't ang kanilang mga labi ay magiging maluwalhating katawan na umakyat sa langit).

10. Ang lindol ay lilikha ng malaking pagkawasak sa buong mundo, na magbubunga ng tsunami, nawasak na sistema ng tubig at sistema ng kuryente, at iba pa. Sa ganyang paraan, ay magkakaroon ng matinding salot.

11. Ito ang magiging panahon ng nakasisindak na paghihinagpis para sa mga taong simbahan. Iniisip nilang sila ang mga aakyat sa langit. Kaagad nilang mauunawaang sila ay naiwan at nasa ilalim ng tunay na matinding galit ng Dios. Maliwanag nilang mauunawaan na hindi na nila matatamasa ang kaginhawahan at kaligayahan ng pamumuhay sa kasalukuyang mundo. Higit na masama, ay kanilang malalamang sila ay magpakailanmang pinutol sa buhay na walang-hanggan kay Cristo at sa pagiging mga tagapagmana ng bagong langit at ng bagong lupa. Sa karagdagan, sila ay nasa labis na kahihiyan sa mga mata ng mga walang anumang nalalaman sa Biblia subali't nakikita ngayon na ang kanilang pagka Kristiyano ay lubos na hindi tama at mapagkunwari. Higit pa riyan, sila ay nasa lubos na kahihiyan sa mga mata ng Dios at sa mga pamunuan at mga kapangyarihan sa sangkalangitan. Sa mga mata ng Dios, ang kanilang kamatayan ay nakahihiyang pagpatay sapagka't sila ay lubos na nasa ilalim ng sumpa ng Dios. At mararanasan nila ang pangkatawang sakit, na bunga ng mga salot na mangyayari sa buong mundo. Lahat sila ay mamamatay (papatayin nang nakahihiya sa mga mata ng Dios) sa o bago ang huling araw, Oktubre 21,2011.

12.Ang nalalabing pangkat ng tao na kailanman ay hindi inaming mga Kristiyano, at naiwan nang umakyat sa langit ang mga tunay na mananampalataya, ay mararanasan din ang paghihinagpis na malaman na sila ay pinutol sa mga tuwa at paghahangad sa buhay na kanilang tinatanggap sa mundong ito. Sila rin, ay daranas ang labis na pangkatawang pagdurusa, na magiging bunga ng mga salot na kanilang tinitiis. Sila rin, ay hihiyain sa mga mata ng Dios at sa mga makalangit na pamunuan at kapangyarihan. Sila rin ay mamamatay sa o bago ang huling araw, Oktubre 21,2011. Ang kanilang kamatayan rin, ay magiging nakahihiyang pagbitay sa mga mata ng Dios at sa mga makalangit na pamunuan at mga kapangyarihan.

13. Sa oras ng pag-akyat sa langit ng mga tunay na mananampalataya, ang lahat ng libingan ay mabubuksan, at ang lahat ng mga bangkay, buto, abo, alabok, o kung anuman ang nalalabi sa mga tao na nandoon, at hindi iniakyat sa langit, ay ikakalat na tulad ng dumi ng mga hayop sa mundo. Ang mga buwitre, aso, at uod ay kakainin ang mga patay na katawan. Ang mga taong ito, sa oras ng kanilang kamatayan, ay walang ideya kung gaanong kalaki ang parusahang kanilang binayaran para sa kanilang mga kasalanan. Ang marami sa kanila ay inilibing ng

may malaking karangalan, subali't sa paningin ng Dios, ang kanilang kamatayan ay nakahihiyang pagbitay. Ang karamihan sa kanila ay naunawaang sa kanilang kamatayan ay aalisin sa kanila ang mga galak at pag-asa para sa buhay na ito, subali't walang nakaunawa kung gaanong kalaki ang kaparusahang kanilang binayaran sa pagkakawala ng pagkapanganay, ang pamana na buhay na walang-hanggan at ang bagong langit at ang bagong lupa.

14 Sa paglabas ng kanilang mga labi sa libingan, ito ay isa pang kahihiyan na kailangang tiisin ng mga taong ito, kahit na sila sa kanilang mga sarili, ay matagal nang namatay at hindi ito malalaman. Ang Dios ay binibigyang-diin ang kasiraang-puri ng kasalanan sa pamamagitan ng pagbukas sa lahat ng mga libingan ng mga taong iyon upang ang kanilang labi ay malapastangan. Ang kanilang mga labi ay hiniya sa mga mata ng Dios, sa mga mata ng mga pamunuan at mga kapangyarihan sa langit, at sa mga mata ng mga naiwan na kailangang maranasan ang araw ng paghatol. Mas malaki ang kanilang kaalaman sa batas ng Dios, mas malaki ang kanilang magiging pagkahiya sa mga mata ng Dios at sa mga makalangit na nilalang.

15. Sa katapusan ng 153 araw na sobrang nakatatakot, na tinatawag na Araw ng Paghuhukom (Mayo 21 hanggang Oktubre 21,2011), ay darating ang katapusan ng mundong ito. Ang mundo at lahat ng mga gawa nito ay masusunog, kahit na ang buong sanglibutan ay mawawasak. Ang 13,023 taong kasaysayan ng mundo at ang lahat ng nangyari dito ay hindi na matatandaan.

16. Ang mga tunay na mananampalataya, ay iaakyat sa langit, mababuhay magpakailanman sa pinakamataas na tuwa at kaligayahan bilang babaeng ikakasal kay Cristo, at maghaharing kasama Niya magpakailanman.

17. Ang karaniwang pamamaraan kung paano pinaparusahan ng Dios ang kasalanan, at hinahatulan ang makasalanan upang tiisin ang lahat ng mga kaparusahan sa kasalanan, gaya ng inilalarawan sa Biblia, ay ang batas ng Dios. Subali't ginagamit rin ng Dios ang mga buhay ng mga tunay na mananampalataya na maging paghatol sa makasalanan. Ito ay magiging lalong totoo sa araw ng pag-akyat sa langit ng mga tunay na mananampalataya. Ang lahat ng mga mananampalatayang iaakyat sa langit sa harap ng mga mata ng mga taong simbahan na naiwan ay magiging napakalaking saksi na ang Salita ng Dios, na sinunod ng mga iniakyat sa langit, ay ganap na totoo at mapagtitiwalaan. Ito ay maliwanag na pagpapakita at pagpapatunay na ang mga taong simbahan at ang ibang naiwan ay hindi sumunod sa Salita ng Dios.

Ang kinaugaliang pagkakaunawa sa plano ng paghatol ng Dios, na nagtuturong ang makasalanan ay mapupunta sa lugar na tinatawag na impiyerno magpakailanman, tinitiis ang nakatatakot na pagpapahirap, ay lubos na salungat sa mga turo ng Biblia.

Makikita Siya ng Bawa't Mata

Mga 2,000 taong nakaraan ang ating Panginoong Jesucristo ay personal na dumating sa mundong ito. Siya ay dumating nang talagang tunay at nang likas bilang Anak ng Dios at bilang Anak ng tao. Libo-libong tao sa bansang Israel ay nagkaroon ng pagkakataong makita Siya sa loob ng halos 40 taon. Pagkatapos ay nagbalik Siya sa langit, subali't ipinangakong Siya ay muling magbabalik. Sa panahong Siya ay nagbalik sa langit, ang dalawang anghel ay nagsabi sa mga apostol, gaya ng mababasa natin sa Mga Gawa 1:11:

> **…bakit kayo'y nangakatayong tumitingin sa langit? itong si Jesus, na tinanggap sa langit mula sa inyo, ay paparitong gaya rin ng inyong nakitang pagparoon niya sa langit.**

Ang dumating na "gaya rin" ay salitang di-maliwanag ang kahulugan. Ito ay maaaring mangahulugang Siya ay muling babalik na eksaktong parang katulad ng ginawa Niya nang Siya ay nagpunta sa langit. Nang Siya ay unang dumating, ay dumating Siya bilang Anak ng Dios at bilang Anak ng tao. At "gaya rin" ay maaaring nangangahulugan, halimbawa, na Siya ay muling babalik bilang Anak ng Dios subali't sa lubos na kaluwalhatian. Dapat nating suriin ang Biblia upang lalong malaman ang tungkol sa kamangha-manghang pangyayari, ang ikalawang pagbabalik ng Panginoong Jesus.

Nalaman na natin na ang panahon ng ikalawang pagbabalik ni Jesus ay dapat mataon sa panahon ng pag-akyat sa langit ng mga tunay na mananampalataya, na sa tamang pagkakasunud-sunod ay napataon sa unang araw ng 153 araw ng araw ng paghuhukom. Ang petsang iyan ay Mayo 21,2011. Sa araw na iyon, ay bubukas ang mga libingan, at ang lahat ng mga patay na katawan ng mga naunang naligtas ay bubuhaying muli gaya ng niluwalhating espirituwal na mga katawan. Sa parehong pagkakataon, ang mga bangkay, buto, at iba pa, ng lahat ng hindi naligtas na naunang namatay ay lalabas sa libingan na gaya ng dumi sa lupa. Ang mga nabubuhay pa at mga tunay na mananampalataya ay kaagad papalitan sa kanilang makalangit na mga katawan, at aagawin sa langit na nakikita ng lahat ng mga naiwan. Sa katunayan, malapit sa 6 ½ bilyong tao na naiwan ay malalaman ring si Jesus ay dumating na. At talagang makatitiyak tayong sa oras ng pag-akyat sa langit ng mga tunay na mananampalataya ay makikita ng lahat si Jesus sa Kanyang ikalawang pagbabalik.

Sa ganyang paraan, ay matitiyak nating ang pagdating ni Cristo, kung saan ang bawa't mata ay makikita Siya, ay iniuugnay sa pag-akyat sa langit ng mga tunay na mananampalataya. Kaya nga Siya ay darating "na nasa alapaap" (Apocalipsis 1:7), at "na nasa alapaap" ay nagpapahiwatig na Siya ay dumating na upang magparusa. Alalahaning, ang araw ng pag-akyat sa langit ng mga tunay na mananampalataya ay ang unang araw rin ng 153 araw ng araw ng paghuhukom.

Gayon pa man, wala kahit na saan sa Biblia na nagtuturong sa araw ng pag-akyat sa langit ng mga tunay na mananampalataya ang mga hindi naligtas sa mundo ay tunay, likas na makikita si Jesus. At gayon man, ang Apocalipsis 1:7 ay nagpapahayag na **makikita Siya ng bawa't mata".**

Ang kalutasan sa suliraning ito ay matatagpuan, halimbawa, sa Juan 1:51, na kung saan ay mababasa nating sinabi ni Jesus kay Natanael:

At sinabi niya sa kaniya, Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa iyo, makikita ninyong bukas ang langit, at ang mga anghel ng Dios na nagmamanhik-manaog sa ulunan ng Anak ng tao.

Mababasa ba natin kahit saan sa Biblia na si Natanael kahit minsan ay nakitang bumukas ang langit, at ang mga anghel ay totoong nagmanhik-manaog sa langit sa Panginoong Jesus? Siyempre ang Biblia ay walang anumang itinatala na katulad niyan. Gayon pa man, kung matatandaan nating ang salitang "anghel" ay maaaring isalin na "sugo", at ang bawa't tunay na mananampalataya ay sugo ng Ebanghelyo, kung gayon ay alam natin kung ano ang nakita ni Natanael. Habang ang mga tao ay naliligtas, sila sa espirituwal ay umaakyat sa makalangit na lugar kay Jesucristo (Efeso 2:6). Sa madaling salita, nang binigyan tayo ng kaligtasan, sa espirituwal tayo ay nasa langit na kasama ni Cristo sapagka't binigyan tayo ng bagong nabuhay na muling mga kaluluwa. Kaaagad, gaya nito, ay nagpunta tayo sa langit sa kabuuan dahil sa ginawa ni Jesus para sa atin. At kaya nga, dapat tayong maging abala sa mundong ito na naglilingkod bilang mga tanging kinatawan ni Cristo.

Sa madaling salita, si Jesus ay nagsasabi kay Natanael na makikita niya ang mga taong maliligtas, at pagkatapos sila ay gagamitin ni Cristo upang ihatid ang Ebanghelyo. Ang parehong ideya na makita si Cristo sa hinaharap, sa pamamagitan ng pagsaksi sa kasalukuyang pagkilos ni Cristo, ay makikita sa pahayag na ginawa ni Jesus sa masamang mataas na saserdoteng si Caifas, sa Mateo 26:63-64, ng kung saan ay basahin natin:

Datapuwa't hindi umimik si Jesus. At sinabi ng dakilang saserdote sa kaniya, Kita'y pinapanunumpa alangalang sa Dios na buhay, na sabihin mo sa amin kung ikaw nga ang Cristo, ang Anak ng Dios. At sinabi sa kaniya ni Jesus, Ikaw ang nagsabi: gayon ma'y sinasabi ko sa inyo, Buhat ngayon ay inyong makikita ang Anak ng tao na nakaupo sa kanan ng Kapangyarihan, at pumaparitong nasa mga alapaap ng langit.

Si Caifas ay namatay mga 2,000 taong nakaraan at kailanman ay hindi na muling mabubuhay. Nasaksihan ni Caifas si Jesus sa krus, at lubos niyang nalalaman na si Jesus ay nabuhay. Talagang may sapat na kaalaman siya sa Biblia sa kanyang panahon (ang Matandang Tipan), upang malaman na mayroon si Jesus ng lahat ng mga kinakailangan upang maging Mesias. Bilang mataas na saserdote, si Caifas ay maaaring alam ang Mga Awit 16:10, na kung saan ay basahin natin:

Sapagka't hindi mo iiwan ang aking kaluluwa sa Sheol; Ni hindi mo man titiisin ang iyong banal ay makakita ng kabulukan.

Tingnan rin ang Mateo 27:62-66, Mateo 28:11-15, at Daniel 7:13-14.

Maraming bagay na hindi kapani-paniwala ang nangyari sa panahon ng krus, mga bagay na hindi kapani-paniwala na iniugnay sa hula sa Biblia. Si Caifas, ang mataas na saserdote, ay talagang may-kaalaman sa mga hula sa Matandang Tipan na iniuugnay sa darating na Mesias, at kaya, dapat ay nakita niya iyan, na sa katunayan, si Jesus ay si

Cristo na darating bilang kataas-taasang Tagapamahala ng mundo at tatapusin ang buong pamamaraan ng paghatol.

Pagbabalik ngayon sa hula na si Jesus ay makikita ng bawa't mata, ay malalaman nating dahil sa lubhang malaking mga pangyayari ng pag-akyat sa langit ng mga tunay na mananampalataya, at ang mga pangyayari na naging dahilan upang mabuksan ang lahat ng mga libingan, ang bawa't tao ay malalamang si Cristo ay dumating na. Siya ay paparito upang tapusin ang kaligtasan ng mga mananampalataya at Siya ay paparito upang tapusin ang pamamaraan ng paghatol sa mga hindi naligtas.

Dahil sa labis na kahalagahan sa araw ng pag-akyat sa langit ng mga tunay na mananampalataya, ay susuriin natin ngayon ang dalawang iba pang mga banggit na bumabanggit sa bawa't isang makakakita sa pagdating ni Jesus. Susuriin natin ang Mateo 24:27-31, na kung saan ay basahin natin:

> **Sapagka't gaya ng kidlat na kumikidlat sa silanganan, at nakikita hanggang sa kanluran; gayon din naman ang pagparito ng Anak ng tao. Saan man naroon ang bangkay, ay doon mangagkakatipon ang mga uwak. Datapuwa't karakarakang pagkatapos ng kapighatian sa mga araw na yaon ay magdidilim ang araw, at ang buwan ay hindi magbibigay ng kaniyang liwanag, at mangalalaglag ang mga bituin mula sa langit, at magsisipangatal ang mga kapangyarihan sa mga langit: At kung magkagayo'y lilitaw ang tanda ng Anak ng tao sa langit: at kung magkagayo'y magsisitaghoy ang lahat ng mga angkan sa lupa, at mangakikita nila ang Anak ng tao na napaparitong sumasa mga alapaap ng langit na may kapangyarihan at dakilang kaluwalhatian. At susuguin ang kaniyang mga anghel na may matinding pakakak, at kanilang titipunin ang kaniyang mga hinirang mula sa apat na hangin ng sanglibutan, mula sa isang dulo ng langit hanggang sa kabila.**

Ang mga bersikulong ito ay maliwanag na nagtuturong ang pagparito ni Cristo ay laganap sa buong mundo. Iyan ay, ang pagpapatunay na Siya ay dumating na ay makikita kahit saan sa mundo. Ang katotohanang ang mga angkan sa mundo ay nagdadalamhati (bersikulo 30) ay kapareho sa mga pariralang katulad ng "tumatangis at nagngangalit ang mga ngipin" na makikita natin sa ibang dako sa Biblia. Sa katunayan, ang lahat ng salita sa mga bersikulong ito ay iniuugnay lahat-lahat sa nalaman natin tungkol sa araw ng pag-akyat sa langit ng mga tunay na mananampalataya.

Subali't bakit isiningit ang bersikulo 28 sa banggit na ito? Nagtuturo itong magkakaroon ng mga bangkay, na ang mga uwak ay magkakatipon. Nang maliwanag, ang mga uwak ay naroon upang kainin ang mga patay na katawan na lumabas mula sa mga libingan. Ang pagkakaroon ng mga bangkay ay maliwanag na nagtuturong kapag binabanggit ng Biblia ang pagkabuhay na muli ng ganap at ng hindi ganap, tiyak na hindi nito ipinapahiwatig na ang hindi naligtas ay bubuhayin muli sa isang uri ng may-malay na buhay. Sa halip, ay nagtuturo ito na ang hindi naligtas ay lalabas (ibubuga sa mga libingan) upang lapastanganin. Sila ay higit na hihiyain sa mga mata ng Dios at sa ibang makalangit na nilalang.

Mas nalalaman ng tao ang Salita ng Dios at hindi siya naligtas, ay mas labis ang kanyang kahihiyan sa mga mata ng Dios. Ito ay bahagi ng kanyang parusa. Kaya nga si

Jesus ay nagpahiwatig na ang Capernaum, ang bayan na kung saan naglingkod si Jesus ng mahabang panahon at gayon man ay halos walang naligtas, ay mapapailalim sa mas maraming kaparusahan kaysa Sodoma. Ang Sodoma ay talagang kakaunti ang nalalaman sa Salita ng Dios. Basahin natin sa Mateo 11:23-24:

> **At ikaw, Capernaum, magpapakataas ka baga hanggang sa langit? ibababa ka hanggang sa Hades: sapagka't kung sa Sodoma sana ginawa ang mga makapangyarihang gawang sa iyo'y ginawa, ay nanatili sana siya hanggang sa araw na ito. Datapuwa't sinasabi ko sa inyo na higit na mapagpapaumanhinan ang lupa ng Sodoma sa araw ng paghuhukom, kay sa iyo.**

Gayon din naman, ang hindi naligtas na tagapangaral o guro ng Biblia na nabubuhay pa rin sa Araw ng Paghuhukom, batay sa gaano ang nalalaman niya sa Biblia, ay hihiyain sa mga mata ng Dios at sa mundo, at gaya ng isang bangkay kapag siya ay namatay, bilang bahagi ng kanyang kaparusahan.

Ang isa pang banggit na dapat nating tingnan ay ang Lucas 17:36-37, na kung saan ay basahin natin:

> **Mapapasa bukid ang dalawang lalake; ang isa'y kukunin at ang isa'y iiwan. At pagsagot nila ay sinabi sa kaniya, Saan, Panginoon? At sinabi niya sa kanila, Kung saan naroon ang bangkay ay doon din naman magkakatipon ang mga uwak.**

Ang dalawang tao ay nasa bukid. Ang isa ay kinuha . Siya ay tunay na mananampalataya at inagaw siya upang makasama si Cristo. Ang isa pa ay hindi naligtas, at kaya, siya ay naiwan. Pagkatapos ay nagkaroon ng katanungan, saan siya iniwan? Ang kasagutan ay siya ay iniwan kung nasaan ang katawan, at ang mga uwak ay magkakatipon. Kapag ang Biblia ay bumabanggit ang uwak(nag-iisa), sa pangkaraniwan, ang binabanggit nito ay ang Dios na paparito sa paghatol, o ang maawaing pag-ibig ng Dios para sa Kanyang bayan (Deuteronomio 33:11). Subali't kapag ang salitang "uwak" ay pangmarami, ginagamit ito upang ipakahulugang kinakain nila ang mga bangkay na gaya ng mga buwitre (Mateo 24:28). Sa ganyang paraan, ay mauunawaan natin na ang mga naiwan sa oras ng pag-akyat sa langit ng mga tunay na mananampalataya ay kasamahan ng mga bangkay na ibinuga mula sa mga libingan.

Kabanata Anim
Ang Kahariang Nilikha Upang Patunayan Ang Kaluwalhatian At Karunungan Ni Cristo

Matiyaga nating sinusuri ang Biblia upang malaman natin, nang tamang-tama hanggang maaari, ang pamamaraan ng paghatol ng Dios. Subali't may napakahalagang katanungan na hindi natin sinikap na sagutin. Gayon man ito ay isang mahalagang katanungan na dapat nating suriin ang Biblia upang makita kung talagang ipinagkakaloob nito ang kasagutan. Ang katanungan ay: ANO ANG LAYUNIN NG DIOS SA PAGLIKHA SA MUNDONG ITO, AT PAGKATAPOS NG 13,023 TAON, AY WASAKIN ITO?

Upang makita ang kasagutan sa napakahalagang katanungang ito, ay dapat nating malaman kung ano ang sasabihin ng Dios tungkol sa mga pamunuan at kapangyarihan na Kanyang nilikha sa langit, at kaya, titingnan natin ang mga sumusunod na bersikulo.

> Colosas 1:16: **Sapagka't sa kaniya nilalang ang lahat ng mga bagay, sa sangkalangitan at sa sangkalupaan, na mga bagay na nakikita at ang mga bagay na di nakikita, maging mga luklukan o mga pagsakop o mga pamunuan o mga kapangyarihan; lahat ng mga bagay ay nilalang sa pamamagitan niya at ukol sa kaniya;**
>
> Efeso 3:10: **Upang ngayo'y sa pamamagitan ng iglesia, ay maipakikilala sa mga pamunuan at sa mga kapangyarihan sa sangkalangitan ang kapuspusan ng karunungan ng Dios.**
>
> Colosas 2:10**: At sa kaniya kayo'y napuspus na siyang pangulo ng lahat na pamunuan at kapangyarihan.**

Ang Biblia ay bumabanggit din ng mga darating na mga pamunuan at mga kapangyarihan sa Efeso 1:21:

> **Sa kaibaibabawan ng lahat ng pamunuan, at kapamahalaan, at kapangyarihan, at pagkasakop, at sa bawa't pangalan na ipinangungusap, hindi lamang sa sanglibutang ito, kundi naman sa darating.**

Sa karagdagan, may ilang bersikulo na bumabanggit sa mga pamunuan habang sila ay iniuugnay sa pamumuno ng tao sa mundo at sa pamamahala ni Satanas sa mundo.

> Roma 8:38: **Sapagka't ako'y naniniwalang lubos, na kahit ang kamatayan man, kahit ang buhay, kahit ang mga anghel, kahit ang mga pamunuan, kahit ang mga bagay na kasalukuyan, kahit ang mga bagay na darating….**
>
> Efeso 6:12: **Sapagka't ang ating pakikibaka ay hindi laban sa laman at dugo, kundi laban sa mga pamunuan, laban sa kapangyarihan, laban sa mga namamahala ng kadilimang ito sa sanglibutan, laban sa mga ukol sa espiritu ng kasamaan sa mga dakong kaitaasan.**

Colosas 2:15: **Pagkasamsam sa mga pamunuan at sa mga kapangyarihan sila'y mga inilagay niya sa hayag na kahihiyan, na nagtatagumpay siya sa kanila sa bagay na ito.**

Tito 3:1: **Ipaalala mo sa kanilang pasakop sa mga pinuno, sa mga may kapangyarihan na mangagmasunurin, na humanda sa bawa't gawang mabuti.**

Ang Efeso 6:12 ay ginagamit ang salitang "dakong kaitaasan" sapagka't tinutukoy nito ang mga kasapi ng simbahan na nagsisikap paglingkuran ang Dios, sa buong panahon ng simbahan, habang nasa kapangyarihan ni Satanas. Sa pagsusuring muli sa lahat ng mga bersikulong ito talagang malinaw na sa kawalang-hanggang nakalipas, ang Dios ay napaka-sipag sa pagtatatag ng makalangit na mga pamunuan at mga kapangyarihan, na lahat ay bahagi ng buong makalangit na kaharian. Ito ay totoo hindi lamang sa nakaraan, kundi magpapatuloy ito sa hinaharap (Efeso 1:21).

Kapag sinuri natin ang Biblia upang malaman kung ano ang aasahan sa bawat pamunuan, na sa kabuuan ay bumubuo sa buong kaharian ng Dios, ay aasahan natin ang mga sumusunod.

1. Ang Dios lamang ang kaitaas-taasang Namamahala sa bawa't isang pamunuan na bahagi ng kaharian ng Dios (Efeso 1:19-23).

2. Ang layunin ng bawa't mamamayan ng kaharian ng Dios ay ang luwalhatiin ang Dios.

3 Ang kasalanan ay hindi bahagi ng kaharian ng Dios, at kaya nga, ay walang puwang sa kahariang ito.

4 Ang mga mamamayan ng kaharian ng Dios ay hindi na mag-aasawa ni mga papag-aasawahin pa (Mateo 22:30).

6. Ang kaharian ng Dios ay walang-hanggang kaharian na kailanman ay hindi mawawasak (Daniel 6:26).

Pagkatapos malaman ang ilang pangunahing simulain na sa pamamagitan ay itinatag ang kaharian ng Dios, ay tiningnan natin na may pagkagulat ang kaharian ng Dios na kasalukuyang matatagpuan sa planetang lupa. Lumilitaw na nilalabag nito ang bawa't katangian ng kung ano dapat ang pamunuan na pinamamahalaan ng Dios.

Nang maingat nating sinuri ang kahariang ito na iniuugnay sa planetang lupa, ay nakita natin na sa pinakamaagang pagsisimula nito, ang maraming di-karaniwang mga bagay ay lumilitaw na parang hindi sumasang-ayon sa ating pangkaraniwang inaasahan na kaharian ng Dios. Una, nang likhain ng Dios ang magandang mundo, ay inilagay Niya sa loob nito ang Halamanan ng Eden. Bakit ito gagawin ng Dios? Isang halamanan (ang Halamanan ng Eden) sa mundo na ganap na maganda ay lumilitaw na nagtuturo sa

panahon nang ang kaharian ng Dios (kinakatawan sa pamamagitan ng Halamanan ng Eden), ay nasa isang uri ng makasalanang mundo.

Sa pangalawa, bakit nilikha ng Dios ang mundong ito na kinakailangan ang pagpapakasal at ibinibigay sa kasal? Ito ay magdadala sa pagdami ng lahi ng tao, kaya magkakaroon sa literal ng mga bilyong tao na mahahawa sa kasalanan dahil lahat sila ay nasa katawan ni Adam.

Sa pangatlo, dahil nalalaman ng Dios ang mga balak ng puso bago nabuo ang hangaring magkasala (Hebreo 4:12), kaya nga ay nalalaman Niya ang hangaring maging hari ng anghel na si Lucifer (Isaias 14:13-14). Bakit Niya pinahintulutang makapasok sa Halamanan ng Eden si Lucifer?

Sa huli, bakit ibibigay ng Dios, sa walang-maling bagong mundong ito, sa isang punong-kahoy ang kahanga-hanga at kakaibang pangalan, "ang punong kahoy ng pagkakilala ng mabuti at masama", at malaman nina Adam at Eva ang tungkol dito sa pamamagitan ng pag-utos sa kanilang huwag kumain dito, at malaman rin ito ni Lucifer at ang utos na ito? Ang kasagutan ay matatagpuan sa pagpapahayag ng Dios sa Efeso 3:10:

> **Upang ngayo'y sa pamamagitan ng iglesia, ay maipakikilala sa mga pamunuan at sa mga kapangyarihan sa sangkalangitan ang kapuspusan ng karunungan ng Dios.**

Sa bersikulong ito, ang Dios ay nagbubunyag sa atin na sa buong kawalang-hanggang nakaraan, ang Dios ay lumilikha ng iba't ibang uri ng makalangit na pagtatatag. Ang lahat ng mga nasa pagtatatag ay hahandugan ng 13,023 taon na magandang palabas upang patunayan ang karunungan at kaluwalhatian ng Panginoong Jesucristo.

Upang ito ay maisakatuparan, mga 13,000 taong nakalipas, ang Dios ay lumikha ang isa pang makalangit na pagtatatag, ang ating mundo. Ito ay hindi pangkaraniwang pagtatatag sapagka't kailangang magkaroon ng mga tao dito na nagpapakasal at nagkakaanak. Sinabi sa atin ng Biblia na sa langit, ang mga tao ay hindi nagpapakasal. Gayon man ay balak ng Dios na ang pagtatatag na ito na nagsimula sa dalawang tao, sina Adam at Eva, ay lumaki upang maging maraming bilyong tao. Ito ay naiiba na diyan ay sinumpa ito ng Dios dahil sa ang kasalanan ay naghari kahit saan. Ito ay naiiba na diyan ay ipinapakita sa lahat ng iba pang makalangit na pagtatatag na nilikha ng Dios sa buong kawalang-hanggang nakalipas. Ito ay naiiba dahil sa ibinigay ng Dios ang tiyak na araw, buwan, at taon kung kailan hihinto ang pananatili nito. Ito ay naiiba dahil sa katapusan ng pananatili nito, ang 200 milyong nakatira dito ay dadalhin sa langit gaya ng babaeng ikakasal kay Cristo, upang maghari kasama ni Cristo magpakailanman.

Ito rin ay naiiba dahil sa karamihan ng pananatili nito, ay pinamahalaan ito ng isang masamang bumagsak na anghel na nagngangalang Lucifer o Satanas. Sa pamamagitan ng karapatan ng pagsakop, ay sinakop ni Lucifer ang sangkatauhan sa pagkuha muna kay Eva at pagkatapos ay kay Adam na suwayin ang Dios. Sa ating palagay , ang Dios ay dapat kaagad pinatay si Lucifer dahil sa napakasamang gawang iyon. Subali't pinahintulutan ng Dios siyang maging pinunong tagapamahala ng mundo at sa mga nakatira dito sa loob ng unang 11,000 taon ng pananatili nito. Sa ganitong uri ng mundo nagsimulang itayo ng Dios ang kaharian ng Dios sa lupa.

Ang lahat ng mga katanungang ito at pagmamasid ay makatarungan sapagka;t si Cristo ang Korderong pinaslang bago itatag ang mundo. Tinitiyak tayo nito na ang Dios ay lubos na binalak ang pamunuan ng mundong ito na nalalamang ito ay magiging pamunuan ng kasalanan. Ito ay magiging, at binalak na maging, isang kaharian na talagang hindi katulad ng mga nilikha ng Dios sa buong kawalang-hanggang nakaraan.

Subali't bakit? Bakit ito nilikha na talagang hindi katulad ng lahat ng iba pang mga pamunuan at mga kapangyarihan sa kalangitan?

Nang makahulugan, napakaraming anghel ang kasabwat ni Lucifer sa kanyang balak na maging hari, kaya sila, sa ilalim ng sumpa ng Dios, ay naging mga demonyo o masasamang espiritu (Judas 6). Gayon pa man, walang talaan sa Biblia ng isa pang paghihimagsik laban sa kapangyarihan ng Dios, ito lamang, kaya ipinapahiwatig na pinahintulutan ng Dios ang isang ito upang palaguin pa ang mga hangarin ng Dios para sa mundong ito.

Ang katotohanang inilagay ng Dios si Lucifer sa Halamanan ni Eden, bago pa malaman ni Lucifer mismo na ang maging hari ay ang hangarin ng kanyang puso (tingnan ang Isaias 14:13-14 at Hebreo 4:12), ay tipikong paraan na paminsan-minsan ay ginagamit ng Dios ang mga masama upang matupad ang Kanyang sariling layunin. Ang dalawang halimbawa ay si Nabucodonosor, hari sa Babilonia, at ang sampung magkakapatid na lalake na nagbenta kay Jose upang maging alipin (Genesis 50:15, 20).

Ang Dios ay nakakaalam na mabuti na maraming bilyong tao ang nasa balakang ni Adam (Hebreo 7:9-10, I Corinto 15:22). Nang si Adam ay naghimagsik, ang bawa't isa sa maraming bilyong tao ay hahatulang mamatay, subali't ang Dios ay gumawa na ng panustos upang maligtas ang 200 milyon sa mga taong ito. Upang ito ay maisakatuparan, ang Dios ay naghanda muna ng dalawang aklat. Ang unang aklat ay pinangalanan ang bawa't taong magiging lahi ni Adam. Ang ikalawang aklat, na tinatawag na aklat ng buhay ng Kordero, ay mayroong 200 milyong pangalan sa loob nito. Ang mga taong ito ay kailangang maligtas ng Dios Mismo na kanilang Tagapagligtas. Ang Dios Mismo, noon, sa katauhan ng Panginoong Jesucristo, ay tigib ng bawa't isang kasalanan ng 200 milyong tao. At napatunayang nagkasala sa lahat ng mga kasalanang ito, Siya ay dumanas ng nakahihiyang kamatayan sa kapakanan ng bawa't isa ng mga taong ito. Siya ang Korderong pinaslang bago itatag ang mundo. Sa katunayan, ang napakasamang kaparusahan ay dumating kay Cristo bago nilikha ang mundong ito. Basahin natin sa I Pedro 1:20:

> **Na nakilala nga nang una bago itinatag ang sanglibutan, nguni't inihayag sa mga huling panahon dahil sa inyo.**

At sa Mateo 25:34, ay basahin natin:

> **Kung magkagayo'y sasabihin ng Hari sa nangasa kaniyang kanan, Magsiparito kayo, mga pinagpala ng aking Ama, manahin ninyo ang kahariang nakahanda sa inyo buhat nang itatag ang sanglibutan:**

At sa 2 Timoteo 1:9-10, ay basahin natin:

Na siyang sa atin ay nagligtas, at sa atin ay tumawag na isang banal na pagtawag, hindi ayon sa ating mga gawa, kundi ayon sa kaniyang sariling akala at biyaya, na ibinigay sa atin kay Cristo Jesus buhat pa ng mga panahong walang hanggan. Nguni't ngayon ay nahayag sa pamamagitan ng pagpapakita ng ating Tagapagligtas na si Cristo Jesus, na siyang nagalis ng kamatayan, at nagdala sa liwanag ng buhay at ng walang pagkasira sa pamamagitan ng evangelio.

Tingnan rin ang Hebreo 4:3.

Ang impiyerno ay nangangahulugang mamatay. Ang mamatay ay nangangahulugang ang buong buhay ay nawala magpakailanman. Si Jesus ay nagsabi, halimbawa, sa Mga Awit 16:10:

Sapagka't hindi mo iiwan ang aking kaluluwa sa Sheol; Ni hindi mo man titiisin ang iyong banal ay makakita ng kabulukan.

Sapagka't pinagtagumpayan Niya ang impiyerno, ang Kanyang kaluluwa ay nabuhay. Ito ay pinatunayan sa pamamagitan ng Roma 1:4, na kung saan ay basahin natin:

Na ipinahayag na Anak ng Dios na may kapangyarihan ayon sa espiritu ng kabanalan, sa pamamagitan ng pagkabuhay na maguli ng mga patay, sa makatuwid baga'y si Jesucristo na Panginoon natin.

Ang bersikulong ito ay nagtuturo rin sa atin na dahil lamang si Cristo ay nabuhay mula sa libingan (Impiyerno) na Siya ay maaaring tawaging Anak ng Dios. Si Cristo ay walang simula. Siya ay walang-hanggang Dios na mula sa walang-katapusang nakalipas. Ang anak ay may pinagmulan. Ito ay binibigyang-diin sa pagpapahayag ng Dios sa Juan 3:16 **"…na ibinigay niya ang kaniyang bugtong na Anak".** Ang maging bugtong ay nagpapahiwatig ang pinagmulan. Paano binabanggit ng Dios si Cristo na may pinagmulan? Siya ay may pinagmulan dahil Siya ay namatay at pagkatapos ay nabuhay na muli. Kaya, sa sandaling Siya ay nabuhay mula sa kamatayan, ay maaari Siyang tawaging Anak ng Dios. Kahit na si Cristo ay Walang-hanggang Dios, bago Niya maaaring likhain ang mundong ito, ay kinakailangan Niyang mabuhay mula sa kamatayan. Ito ay pinatunayan sa pamamagitan ng Hebreo 1:2:

Ay nagsalita sa atin sa mga huling araw na ito sa pamamagitan, ng kaniyang Anak, na siyang itinalaga na tagapagmana ng lahat ng mga bagay, na sa pamamagitan naman niya'y ginawa ang sanglibutan.

Ito, sa tumpak na pagkakasunud-sunod, ay nagpapatunay na ang buong kabayaran para sa mga kasalanan ng hinirang ay ginawa bago nilikha ang sanglibutan.

Kaya nga, ang katanungan ay maaaring itanong: "Kinakailangan bang dalawang beses mamatay si Cristo upang lubos na mabayaran ang ating mga kasalanan?" Alalahanin ang makasaysayang talinghaga ng Exodo 17:6:

Narito, ako'y tatayo sa harap mo roon sa ibabaw ng bato sa Horeb; at iyong papaluin ang bato, at lalabasan ng tubig, upang ang bayan ay makainom. At gayon ginawa ni Moises sa paningin ng mga matanda sa Israel.

Ang bato ay sumasagisag kay Cristo. Si Moises ay kumakatawan sa batas ng Dios. Ang tubig ay sumasagisag sa Ebanghelyo ng Kaligtasan na matatamo dahil si Cristo ay pinarusahan upang bayaran ang mga hinihingi ng batas. Sa banggit na ito, ay nalaman nating si Cristo, ang bato, ay isang beses lamang pinalo ni Moises, ang batas; at ang tubig (kaligtasan) ay lumabas mula sa bato.

Gayon pa man, sa Mga Bilang 20:10-11, si Moises ay dalawang beses pinalo ang bato at ang tubig ay lumabas. Subali't sa paggawa nito, si Moises ay lumampas sa kung ano ang iniutos ng Dios na gawin niya, at kaya pinagkait kay Moises ang karapatang pamunuan ang Israel sa pagtawid sa ilog ng Jordan patungo sa Lupang Pangako.

Sa madaling salita, ang bato ay dalawang beses pinalo kahit na ang kinakailangan ay paluin ito ng minsan. Si Jesus ay dalawang beses pinarusahan kahit na ang buong kabayaran sa ating kasalanan ay nag-uutos na Siya ay minsan lamang maparusahan.

Kaya nga, nakatitiyak tayong sa ikalawang beses na pinarusahan Siya, sa pagkakataong sa pangkatawan Siya ay nakabitin sa krus, ay hindi kabayaran sa kasalanan. Gaya ng nalalaman natin, ito ay ang pagpapatunay kung paano Niya ginawa ng kabayaran sa ating mga kasalanan bago nilikha ang mundong ito.

Ang Hinirang: 200 Milyong Tao

Nang kakaiba, ang Dios sa Kanyang karunungan ay nagbigay sa atin ng bilang ng mga taong Kanyang hinirang na maligtas.

Lubos nating matitiyak na ang buong tamang-tamang bilang ng mga taong planong iligtas ng Dios ay 200 milyong tao. Kabilang dito ang bawa't taong iaakyat sa langit sa Mayo21,2011. Sa kamangha-manghang araw na iyon, ang katawan ng bawa't tunay na mananampalataya na nabuhay at sa dakong huli ay namatay ay bubuhayin at aagawin upang makasama ni Cristo. Sa parehong pagkakataon, ang bawa't nababuhay na tunay na mananampalataya ay bibigyan ng walang-hanggang nabuhay na muling katawan at aagawin hanggang sa langit na gaya ng isang buong pagkatao.

Sa Apocalipsis 9:14 sila (ang mga tunay na mananampalataya) ay binanggit na gaya ng apat na anghel na nakagapos sa Ilog ng Eufrates. Habang ang Ilog ng Eufrates ay umaagos sa Babilonia, sa Biblia, ay karaniwang iniuugnay ito ng Dios sa lupang pangako, ang lupain ng Israel (Genesis 15:18; Deuteronomio 1:7, 11:24; Josue 1:4, at iba pa). Ang ilog ang kumakatawan sa pinakamalayong saklaw ng kaharian ng Dios, na kumakatawan sa lupain ng Israel.

Ang lahat ng hinirang, iyan ay, ang lahat ng iaakyat sa langit, ay kasalukuyang iniuugnay sa kaharian ng Dios subali't nakagapos sa gilid (ang Ilog ng Eufrates) ng kaharian ng Dios. Ito ay sapagka't sila ay lubos na iniugnay sa kaharian ng Dios nang ang kanilang kaligtasan ay natapos na sa oras na kanilang tinanggap ang kanilang nabuhay na muling mga katawan. Sila ay tinawag na apat na anghel, o apat na sugo, sapagka't ang bilang na apat ay nangangahulugan ng pinakabuong saklaw. Ang bilang na apat ay binibigyang-diin na kailangan silang matagpuan sa buong mundo at kailangang kabilang ang pinakahuling maliligtas.

Dapat nating malaman at maunawaang ang kahanga-hangang pagpapatunay sa kaluwalhatian at karunungan ng Dios ay mananatili magpakailanman, kaya kailanman ay hindi na ito muling mangyayari. Basahin natin sa Apocalipsis 1:18:

> **At ang Nabubuhay; at ako'y namatay, at narito, ako'y nabubuhay magpakailan man, at nasa akin ang mga susi ng kamatayan at ng Hades.**

Ang mga salitang **"ako'y nabubuhay magpakailan man"** ay gumagarantiya na ang ganitong uri ng pagpapatunay kailanman ay hindi na muling mangyayari.

Ang bilang na 200 milyon nang mabisa ay dalawang beses ibinigay. Sa Apocalipsis 9:16 ang bilang na ibinigay ay **" makalawang sangpung libong tigsasangpung libo"** (200 milyon). Ang Biblia pagkatapos ay nagsasabi, **"…aking narinig ang bilang nila".** Ang mga salitang ito ay tumitiyak na itinatag ito ng Dios at hindi magtatagal ay mangyayari (Genesis 41:32).*

Sila ay nakasakay sa mga kabayo, kaya iniuugnay sila sa mga hukbo ng langit na inilarawan sa Apocalipsis 19:11-16, na kung saan ay basahin natin:

> **At nakita kong bukas ang langit; at narito, ang isang kabayong maputi at yaong nakasakay dito ay tinatawag na Tapat at Totoo ; at sa katuwiran siya'y humahatol at nakikipagbaka. At ang kaniyang mga mata ay ningas ng apoy, at sa kaniyang ulo ay maraming diadema; at siya'y may isang pangalang nakasulat, na sinoman ay di nakaaalam kundi siya rin. At siya'y nararamtan ng damit na winisikan ng dugo: at ang kaniyang pangalan ay tinatawag na Ang Verbo ng Dios. Ang mga hukbong nasa langit ay sumusunod sa kaniya na mga nakasakay sa mga kabayong puti, at nangararamtan ng mahalagang linong maputi at dalisay. At sa kaniyang bibig ay lumalabas ang isang tabak na matalas, upang sa pamamagitan nito'y sugatan niya ang mga bansa: at kaniyang paghaharian ng tungkod na bakal: at niyuyurakan niya ang pisaan ng ubas ng kabangisan ng kagalitan ng Dios na Makapangyarihan sa lahat. At siya'y mayroong isang pangalang nakasulat sa kaniyang damit at sa kaniyang hita, HARI NG MGA HARI AT PANGINOON NG MGA PANGINOON.**

*Ang Biblia ay nagbibigay ng tiyak na bilang ng mga nakaligtas sa pagkawasak ng mundo sa panahon ng baha: walo. Ang Biblia ay nagbibigay ng tiyak na bilang ng mga nakaligtas sa pagkawasak ng Nineve sa panahon ni Jonas: 120,000 (Jonas 4:11). Kaya nga, hindi tayo dapat magulat na ang Dios ay nagbibigay sa atin ng tiyak na bilang ng mga naligtas; 200 milyon.

Ang Dios ay nagpapahiwatig na ang kanilang natatanging pinupuntirya ay ang ikatlong bahagi ng mga tao, gaya ng mababasa natin sa Apocalipsis 9:15:

> **At kinalagan ang apat na anghel, na nangahahanda sa oras at araw at buwan at taon upang patayin ang ikatlong bahagi ng mga tao.**

Sa Biblia, ang ikatlong bahagi sa orihinal ay iniugnay sa mga tunay na mananampalataya, na matatagpuan lalo na sa mga simbahan sa buong mundo. Mababasa natin ang tungkol sa kanila sa Zacarias 13:9:

> **At aking dadalhin ang ikatlong bahagi sa apoy, at sila'y dadalisayin ko na parang pilak na dalisay, at sila'y susubukin ko na parang pagsubok sa ginto. Sila'y magsisitawag sa aking pangalan at akin silang didinggin: aking sasabihin, Siya'y bayan ko; at kanilang sasabihin, Ang Panginoon ay aking Dios.**

Gayon pa man, sapagka't ang mga simbahan ay talagang madaling nagtakwil sa Biblia, binanggit sila ng Dios, lalo na sa Aklat ng Apocalipsis, na ikatlong bahagi na wawasakin ng Dios.

Ang Dios lalong-lalo na ay ipinapailalim ang mga tao sa matinding galit ng Dios sa oras na labagin nila ang Kanyang batas. Ang paglabag sa batas ng Dios ay may hatol na kamatayan sa mga tao. Subali't mayroon ding paghatol sa mga nagsasabing sumusunod sa Biblia. Ito ay pinatutunayan na hindi sila sumusunod sa pamamagitan ng katotohanang sila ay hindi iniakyat sa langit. Sila ang ikatlong bahagi. Kaya, ang mga hindi iniakyat sa langit ay inilarawan sa Apocalipsis 9:17-18, na kung saan ay basahin natin:

> **At nakita kong sa pangitain ang mga kabayo, at ang mga nakasakay dito, na may mga baluting gaya ng apoy at ng jacinto at ng asupre: at ang mga ulo ng mga kabayo ay gaya ng mga ulo ng mga leon; at sa kanilang mga bibig ay lumalabas ang apoy at usok at asupre. Sa pamamagitan ng tatlong salot na ito ay napatay ang ikatlong bahagi ng mga tao, sa pamamagitan ng apoy at ng usok at ng asupre, na nangagsisilabas sa kanilang mga bibig.**

Ang mga nagsasabing mga mananampalataya subali't naiwan sa oras ng pag-akyat sa langit ng mga tunay na mananampalataya ay higit na hahatulan sa pamamagitan ng katotohanang tinitiis nila ang matinding galit ng Dios habang ito ay ibinubuhos sa araw ng paghuhukom. Ito ang itinuturo ng Dios sa mga sumusunod na banggit.

> Mateo 12:41-42: **Magsisitayo sa paghuhukom ang mga tao sa Nineve na kasama ng lahing ito, at ito'y hahatulan: sapagka't sila'y nagsipagsisi sa pangangaral ni Jonas; at narito, dito'y may isang lalong dakila kay sa kay Jonas. Magbabangon sa paghuhukom ang reina ng timugan na kasama ng lahing ito, at ito'y hahatulan: sapagka't siya'y nanggaling sa mga wakas ng lupa upang pakinggan ang karunungan ni Solomon; at narito, dito'y may isang lalong dakila kay sa kay Solomon.**

> Lucas 22:30: **Upang kayo'y magsikain at magsiinom sa aking dulang sa kaharian ko; at kayo'y magsisiupo sa mga luklukan, na inyong huhukuman ang labingdalawang angkan ni Israel.**

Ang lahat ng nauna ay nakikita nang binanggit ng mga teologo ang labanan ng Armagedon. Ang mga hukbo ng matuwid ay naiakyat sa langit. Ang mga taong simbahan ay tatangis at magngangalit ang kanilang mga ngipin(Mateo 8:11-12; 13:42, 50; 22:13; 24:51; 25:30; Lucas 13:28), sapagka't sila ay naiwan.

Ang Mga Milyong Tao ay Namatay Na Hindi Nalalaman Ang Matinding Galit Ng Dios

Sa malaki nating pagkagulat, ay nalaman nating ang karamihan ng mga taong hindi naligtas na namatay, o mamamatay bago dumating ang Mayo 21,2011, kailanman ay hindi naramdaman o nalalaman ang matinding galit ng Dios sa kanila dahil sa kanilang mga kasalanan. Papaanong mangyayari ito? Nalaman nating ang matinding galit ng Dios ay marami at iba't ibang patong. Ito ay kinabibilangan ng mga sumusunod.

1. Malaking pagkahiya.

2. Pagbitay (kamatayan, impiyerno).

3. Pagkawala ng mga pribilehiyo sa buhay na ito

4. Pagkawala ng pamana na buhay na walang-hanggan, kasama ang pagkawala ng pagmana sa bagong langit at bagong lupa.

5. Walang-hanggang pagkawasak, kailanman ay hindi na muling mabubuhay.

Habang ang lahat ng mga parusang ito ay darating sa mga taong hindi naligtas, sa karaniwan, ang tao ay namamatay na hindi nalalamang ang kanyang kamatayan ay bunga ng kasalanan sa kanyang buhay. Kung siya ay kasapi sa simbahan, maaaring naniniwala siya sa kinaugaliang palagay na ang mga makasalanan ay pupunta sa impiyerno na kung saan sila ay walang-hanggang pahihirapan. Subali't hindi ito suliranin para sa kanya sapagka't siya ay nakatitiyak na siya ay ipinanganak na muli, na nangungumpisal na kasapi ng simbahang iyon.

Sa katunayan, sa buhay ng karamihan sa mga taong simbahan, at madalas ay sa buhay ng mga taong nasa labas ng simbahan, ang paniniwala sa kamatayan ay ang kamangha-manghang sandali ng pagpunta sa mas mabuting lupain. Kaya, ang kamatayan ay tinitingnan na oras ng tagumpay, kahit na ito ay nababahiran ng kalungkutan dahil sa mahihiwalay sa mga mahal sa buhay at sa mga mababuting bagay na tinamasa ng tao sa buhay na ito.

Gayon pa man, ang taong hindi naligtas na namatay ay magpasawalang-hanggang patay na ngayon. Kailanman ay hindi niya mararanasan nang may-malay ang matinding galit ng Dios. Totoo, sa oras ng pag-akyat sa langit ng mga tunay na mananampalataya, ang mga labi ng kanyang katawan na inilagay sa hukay ay nakakahiyang ilalabas sa libingan, upang hiyain ng Dios at ng mga makalangit na manonood. Subali't ang namatay na taong hindi naligtas ay walang may-malay na kaalaman dito. Totoo, na nawala sa

kanya ang karapatan sa buhay na walang-hanggan at ang pagmana sa bagong langit at sa bagong lupa, subali't hindi niya ito talaga nalalaman.

At saka, sa buong buhay ng mga taong ito, madalas ay may labis na kagalakan at kaligayahan. Naranasan nila ang mga bagay na gaya halimbawa ng pagmamahal ng pamilya at ang mga kaligayahan sa pagtira sa isang magandang mundo. Kaya, ang buhay at kamatayan ay mabuting lahat, kahit na kailanman ay hindi sila naligtas. Nasaan, kung gayon, ang matinding galit ng Dios sa mga taong kailanman ay hindi naligtas? Kahit papaano, ay parang naligaw tayo ng landas sa ating pagkakaunawa sa pamamaraan ng paghatol ng Dios.

Subali't hindi tayo naligaw ng landas. Sa halip, ay nalalaman nating ang pinakamataas na tuon ng mundong ito ay hindi sa programa ng pagliligtas ng Dios o sa planong paghatol ng Dios. Ito ay sa karunungan at kaluwalhatian ng Dios. Matatandaang nalaman natin na ang layunin ng Dios sa paglikha sa sangkatauhan at paglagay sa kanya sa mundong ito ay upang magkaloob ng napakalaking palabas kung saan ang lahat ng mga pamunuan at mga kapangyarihan sa kalangitan ay makikita ang napakalaking karunungan at kaluwalhatian ng Dios, habang ginagawa ng Dios ang Kanyang planong pagliligtas sa pamamagitan ng mahigit sa 13,000 taon ng kasalanan.

Kaya nga, makikita natin, halimbawa, na habang kinamumuhian ng Dios ang makasalanan (Mga Awit 5:5), na diyan ang Kanyang makalangit na sumpa ay sa kanya, gayon pa man Siya ay may napakalaking pagkaawa at pagkahabag sa Kanyang buong nilikha, kabilang ang mga makasalanan. Sa Mateo 5:45 ay basahin natin:

> **Upang kayo'y maging mga anak ng inyong Ama na nasa langit: sapagka't pinasisikat niya ang kaniyang araw sa masasama at sa mabubuti, at nagpapaulan sa mga ganap at sa mga hindi ganap.**

Isipin ang napakalaking biyayang nagmumula sa magandang sikat ng araw at mabuting ulan na dinidiligan ang lupa. Ang mga hindi hinirang sa kaligtasan ay matatamasa ang mga biyayang ito na tulad rin ng mga naligtas.

Ang maawaing pagmamalasakit ni Cristo para sa buong lahi ng tao ay ipinamalas sa dalawang dako sa Biblia na kung saan ay mababasa nating si Cristo ay tumangis. Sa Juan 11:33-35, ay basahin natin ang mga makababag-damdaming salita:

> **Nang makita nga ni Jesus na siya'y tumatangis, at gayon din ang mga Judiong nagsisitangis na kasama niyang dumating, ay nalagim siya sa espiritu, at nagulimihanan, At sinabi, Saan ninyo siya inilagay? Sinabi nila sa kaniya, Panginoon, halika at tingnan mo. Tumangis si Jesus.**

Ang Walang-hanggang Dios, ang Panginoong Jesus, ay nagpapakita ang Kanyang maliwanag na kalungkutang ang kamatayan ay pumasok sa mundong ito. Sa Lucas 19:41-44 ay basahin natin:

> **At nang malapit na siya, nakita niya ang bayan, at ito'y kaniyang tinangisan. Na sinasabi, Kung sa araw na ito ay nakilala mo sana, sa iyong sarili, ang mga bagay na nauukol sa iyong kapayapaan! datapuwa't ngayo'y pawang nangatatago sa iyong mga mata. Sapagka't darating sa iyo ang mga araw,**

na babakuran ka ng kuta ng mga kaaway mo, at kukubkubin ka, at gigipitin ka sa magkabikabila, At ilulugso ka sa lupa, at ang mga anak mo na nasa loob mo; at sa iyo'y hindi sila magiiwan ng bato sa ibabaw ng kapuwa bato; sapagka't hindi mo nakilala ang panahon ng sa iyo'y pagdalaw.

Ang Jerusalem na nakikita ng Biblia dito ay binubuo ng buong Israel at ng lahat ng mga simbahan, na sa panlabas ay kinatawan ang kaharian ng Dios, at itinakwil ang Biblia. Sa ganyang paraan, ang kanilang mga kasapi ay pupunta sa impiyerno. Kanilang hinamak ang Dios. Sila ay gumawa ng sarili nilang plano ng pagliligtas. Binaluktot nila ang Biblia, at iba pa. Gayon man, si Cristo ay tumatangis dahil kinakailangan Niyang dalhin ang Kanyang buong galit sa kanila. Nakikita ba natin kung gaanong kaluwalhati si Cristo, na Siya, sa pamamagitan ng pagtangis sa Jerusalem ay ipinapamalas ang Kanyang pagkamaawain sa atin at sa mga pamunuan at mga kapangyarihan sa sangkalangitan? Hindi nakapagtatakang ang Dios ay nagsasabi, gaya ng mababasa natin sa Exekiel 33:11, **"wala akong kasayahan sa kamatayan ng masama".**

Ang lahat ng ito ay sinasaksihan ng mga pamunuan at mga kapangyarihan sa buong kalangitan. Nakikita nila ang mundo na sa loob ng 11,000 taon ay pinamahalaan ng masamang anghel na nagngangalang Satanas. Nakita nilang kakaunti ang naligtas, walong tao, nang binalaan ng Dios ang mundo sa namimintong pagkawasak sa mga araw ni Noe. Nakita nila ang katapatan ni Abraham at ang hindi matapat na bansang Israel, na nawala sa ilang dahil sa walang pananampalataya. Nasaksihan nila ang bansang Israel na winawasak ng mga taga Asiria dahil sa kasamaaan nito, at ang bansang Juda ng mga taga Babilonia.

Paano pangangasiwaan ni Cristo ang mundo ng maraming bilyong sa espirituwal ay mga patay na tao na pinapamahalaan ni Satanas?

Paano pangangasiwaan ni Cristo ang isang mundo na kung saan ang bawa't mamamayan ay nagsimulang patay sa espirituwal, sa pagiging alipin sa kasalanan at ni Satanas?

Paanong mapapangasiwaan ng Dios ang sinumpang sanglibutan na nakatira ang mga sinumpang tao, na mula dito ang kaunti ay kukunin upang maging bayan ng Dios?

Ang huling tuon ay nasa walang-hanggang simbahan, ang 200 milyong tao na ang mga pangalan ay nasa aklat ng buhay ng Kordero. Paano sila magkakasamang nabubuhay at pagkatapos ay kukunin mula sa bilyon-bilyong masamang mga taong pinamahalaan ni Satanas, na kaaway ni Cristo?

Paano pangangasiwaan ng Dios ang mundo na ang karamihan sa espirituwal ay mga patay na tao na pinamahalaan ni Satanas, subali't sa parehong mundo ay may maliit na bilang ng mga taong napiling maligtas at gayon man ay hindi pa naligtas, at kaunti na sa katunayan ay naligtas?

Ang planeta natin ay nilikha upang ipamalas ang karunungan at kaluwalhatian ng Dios sa pinaka-mahirap at imposibleng kalagayan. Ang pinaka-buong pagpapamalas sa Kanyang kaluwalhatian ay makikita sa katotohanang ang Dios Mismo ang naging Tagapagligtas.

Sa lahat ng ito, ang mga pamunuan at mga kapangyarihan ay nakasaksi ng pagkamaunawain, ang kabutihan, ang pagpapatawad, ang awa, at ang pagtitiyaga ng Dios. At pagkatapos ay nasaksihan nila ang pagkabuhay na muli. Ang Dios ay nagkatawang tao at personal na pumarito sa mundo upang totoong ipakita kung paano

Siya nagdusa bago itatag ang mundo sa kapakanan ng 200 milyong taong Kanyang ililigtas.

Siya ay nakita nila na isang mababang-loob na guro na kailanman ay hindi humintong maging makapangyarihang Dios. Siya ay nakita nilang hinamak at itinakwil ng mga tao. Siya ay nakita nilang nagtiis ng pinaka-nakahihiya, sinumpang pagpatay habang Siya ay nakabitin sa krus.

Nakita rin nila, ang Kanyang kahanga-hangang awa habang ang isang magnanakaw sa katabing krus ay unang nilait si Jesus sa kanyang mga ngipin, at pagkatapos ay nagsumamo, "**Jesus, alalahanin mo ako, pagdating mo sa iyong kaharian"**(Lucas 23:42). At doon mismo sa huling oras ng napakasamang buhay ng taong ito, ay kanilang nasaksihan na binigyan siya ng buong pagpapatawad.

Kanilang nasaksihan ang maluwalhating palabas ng pagkabuhay na muli ni Cristo, kasunod ang pagliligtas sa 3,000 sa panahong ibinuhos ang Espiritu Santo. Ang Dios ay maluwalhati, at nakita nila ang Kanyang luwalhati habang Siya ay nakita nila sa lahat ng mga gawaing ito.

At ang sangkatauhan rin, na mga naninirahan sa planetang Lupa ay nagkaroon ng pagkakataong masaksihan ang karunungan at kaluwalhatian ni Cristo sa pamamagitan ng maingat na pagbabasa ng Biblia.

Subali't pagkatapos, ang mundo ay darating sa petsa ng pagsisimula ng araw ng paghatol, Mayo 21,2011. Ang mahigit sa 6.5 bilyong tao ay mababuhay sa panahong iyon, at sila ay papasok sa 153 araw ng panahon ng paghatol, at malalaman nila ng sigurado na sila ay nasa ilalim ng matinding galit ng Dios dahil sa kanilang mga kasalanan. Ang marami sa kanila ay may-malay na mararanasan ang matinding galit ng Dios.

Bakit magkakaroon ng biglaang pagbabago? Sila ang parehong uri ng mga tao na sa loob ng 13,000 taon ay mapayapang nabubuhay sa mundo. Subali't kung sila ay buhay sa Mayo 21, 2011, agad, magkakaroon ng napakalaking lindol na papatay sa marami sa kanila (Apocalipsis 16:18). Magkakaroon ng laganap na kamatayan. Magkakaroon ng labis na sakit at paghihirap kahit saan.

Ang pagkakaiba para sa mga taong ito ay inilarawan sa mababasa natin sa Lucas 12:45-48:

> **Datapuwa't kung sabihin ng aliping yaon sa kaniyang puso, Maluluwatan ang pagdating ng aking panginoon; at magpasimulang bugbugin ang mga aliping lalake at ang mga aliping babae, at kumain at uminom, at maglasing; Ang panginoon ng aliping yaon ay darating sa araw na di niya hinihintay, at sa oras na hindi niya nalalaman, at siya'y babaakin, at isasama ang kaniyang bahagi sa mga di tapat. At yaong aliping nakaaalam ng kalooban ng kaniyang panginoon, at hindi naghanda, at hindi gumawa ng alinsunod sa kaniyang kalooban ay papaluin ng marami; Datapuwa't ang hindi nakaaalam, at gumawa ng mga bagay na karapatdapat sa mga palo, ay papaluin ng kaunti. At sa sinomang binigyan ng marami ay marami ang hihingin sa kaniya: at sa sinomang pinagkatiwalaan ng marami ay lalo nang marami ang hihingin sa kaniya.**

Tayo ay nabubuhay sa panahon nang ang Dios ay nagbigay sa atin, ng may lubos na katiyakan, ng pagsasaoras ng katapusan. Ang impormasyong ito ay ibinigay sa mundo, at kumakalat sa kaalaman ng mga tao sa mundo, upang ang hindi naligtas ay maaaring humingi ng awa. Sana, ang napakaraming tao, katulad ng mga taga Nineve sa panahon ni Jonas, ay maranasan ang awa ng Dios.

Totoo, na may mga pagkakataon sa nakaraan na nagkaroon ng turo na sa ganyan at ganyang araw, ang magiging katapusan. At siyempre, ang lahat ng mga petsang iyon ay hindi tama. Subali't sa mga araw na ito, ang pagbibigay-alam sa oras ng pagbabalik ni Cristo at ang araw ng paghatol ay mas naiiba kaysa noon. Ang mga nasa itaas na bersikulo ay nagpapakita ng napakalaking kahalagahang pakinggan ang mga babala ng katapusan ng panahon sa Biblia. Halimbawa, ang mga sumusunod na simulain ay isinama sa babala.

1. Ang buong Biblia ay ang batas ng Dios, at ang bawa't salita sa orihinal na mga salita ay tuwirang nagmula sa bibig ng Dios. Kaya, ang simbahan at ang mundo ay dapat malamang ang Biblia ang pinakapangunahing kapangyarihan, lalong mas mahalaga kahit noon pa. Dapat itong pakinggan at sundin.

2. Ang impormasyon sa panahon mula sa Biblia na ipinapakita ang mga petsang Mayo 21,2011 at Oktubre 21,2011, ay maraming pagpapatunay sa Biblia, na gumagarantiya sa kaigsaktuhan ng mga petsang ito. Ito ay napakalaking impormasyon na hindi kailanman nalaman ng mundo , at siyempre, may impluwensiya ito sa buong mundo.

3. Itong impormasyon sa panahon ay makukuha ng buong mundo sa Internet at sa shortwave radio. Makukuha ito ng libre at bayad na sa koreo sa maraming salita sa sinumang susulat o tatawag para dito. Ang bawa't isang tao ay dapat malaman ito.

4. Nang tipiko, ang mga tao ay pinagtatawanan at kinukutya ang impormasyon sa panahon, at maraming tao ay nananatiling nasa labis na pagtanggi.

5. Ang mga hindi umakyat sa langit sa Mayo 21,2011, ay mamamatay sa petsang iyon o sa isang pagkakataon sa o bago ang Oktubre 21,2011, na panahong ang buong sanglibutan ay masusunog sa apoy. Kapag dumating ang kamatayan, ay hindi na malalaman pa ang matinding galit ng Dios.

Gayon pa man, hanggang hindi dumarating ang kamatayan, ay lubos na malalaman ang matinding galit ng Dios, gaya ng mga nabubuhay na patuloy na sasailalim sa sakit at mga salot na babagsak sa mundo sa Araw ng Paghatol, ang 153 araw mula Mayo 21,2011 hanggang Oktubre 21,2011. Talagang matindi nilang mararanasan ang mga sumusunod.

1. Ang kahihiyan at sumpa na mapailalim sa matinding galit ng Dios.

2. Ang pagkaalam na ang mga kaligayahan at kaginhawahan, at iba pa ng mundong ito ay tapos nang lahat.

3. Ang pagkaalam na wala silang mamamana sa hinaharap. Ang kamatayan lamang ang naghihintay sa kanila, at iyan ay darating hindi lalampas sa Oktubre 21,2011.

4. Ang sakit at pangkatawang pagdurusa na magiging kalagayan ng lahat ng nabubuhay sa panahong iyon.

5. Ang kaalamang wala ng magiging anumang awa ang Dios.

Ang pagkawasak ng sanglibutan ang magiging pinakahuling makasaysayang pangyayaring sinaksihan ng mga pamunuan at mga kapangyarihan sa sangkalangitan. Lahat nang ito ay nagpapamalas ng kaluwalhatian at karunungan ng Dios. .

Ang pagpapamalas na ito sa matinding galit ng Dios ay talagang kakila-kilabot na nakalulungkot. Ito ay lalong nakalulungkot at nakasisindak kapag naalaala natin na ang lahat ng ito ay magaganap sa ilang buwan lamang. At walang posibilidad na ipagpaliban. Ito ay magaganap.

Subali't isipin kung gaanong maawain ang Dios. Maaari Niyang gawin ang pag-akyat sa langit ng mga tunay na mananampalataya at ang araw ng paghatol sa pamamagitan ng pagdating na gaya ng magnanakaw sa gabi, at pagkatapos ang karamihan ng tao sa mundo ay walang kahit na anong babala. Subali't ang Dios sa Kanyang kahanga-hangang awa, ay binibigyan tayo ng panahon na ipaalam ang babala ng namimintong katapusan sa lahat sa mundo. Nang nakakalungkot, para sa mga nasa pagtanggi dahil hindi nila nais magwakas ang mundong ito, Siya ay darating na gaya ng magnanakaw sa gabi.

At saka, ang Dios ay nagbigay ng halimbawa ng sinaunang masamang lungsod ng Nineve sa Aklat ni Jonas. Sa katunayan sila ay walang anumang nalalaman sa Biblia, at mayroon silang 40 araw o mas kaunti pa upang tumugon sa babala. Maaari tayong kumuha ng aral sa kanila.

1. Lubos silang naniwala sa Dios. Hindi sila nakipagtalo sa Dios.

2. Sinuri nila nang matapat ang kanilang mga sarili, inaaming sila ay mga makasalanan at nararapat sa matinding galit ng Dios.

3. Hayagan nilang ipinakita ang kanilang labis na kababaang-loob sa papamagitan ng pag-upo sa mga abo na balot ng kayong magaspang. Ito ay totoo sa pinaka-mababang alila at sa pinakamataas at pinaka-kaakit-akit na opisyal, ang hari.

4. Tinalikuran nila ang kanilang mga kasalanan at agad pinilit na mabuhay sa isang buhay na kalugud-lugod sa Dios.

5. Wala silang hiningi sa Dios, subali't nagmakaawa sila sa Dios na kung maaari ay magbago ang Kanyang isip at huwag silang wasakin.

Dapat nating pag-ukulan ng seryosong pansin ang tugon ng mga tao sa panahon ni Noe habang sila ay binalaan na may magaganap na pagkawasak. Nakakatakot basahin na ang tipikong tugon sa katapusan ng mundo, ang pagkawasak sa ating panahon, ay magkatulad ng sa mga tao sa mga araw ni Noe. Basahin natin sa Mateo 24:37-39:

> **At kung paano ang mga araw ni Noe, gayon din naman ang pagparito ng Anak ng tao. Sapagka't gaya ng mga araw bago nagkagunaw, sila'y magsisikain at nagsisiinom, at nangagaasawa at pinapapagaasawa, hanggang sa araw na pumasok si Noe sa daong. At hindi nila nalalaman hanggang sa dumating ang paggunaw, at sila'y tinanggay na lahat; ay gayon din naman ang pagparito ng Anak ng tao.**

Ang isang bagay ay tiyak. Ang tanging ligtas at tamang tugon sa balita nitong namimintong pagkawasak ay dapat maging malaking pagbabago sa aking mga layunin, aking hangad, aking mga plano, aking pakay, aking pag-asa sa mundong ito. Agad-agad ay dapat kong maunawaan na ang nag-iisang mahalagang bagay na kailangan kong pagtuunan ay ang katotohanang sa ilang buwan, ang mundong ito ay nasa katapusan na nito. Sa nalalabing ilang buwan, ano ang mahalaga sa aking buhay at sa buhay ng aking pamilya? Tiyak na wala itong anumang kinalaman na gawing mas maginhawa ang aking buhay sa mundong ito.

Sa katunayan, kung ako ay tunay na mananampalataya, ay dapat kong malaman na ako, bilang bantay, ay dapat may malaking pagmamalasakit na hindi lamang ang sarili kong pamilya kundi ang buong mundo ang dapat tumanggap sa napakasamang balita ng namimintong pagkawasak ng mundo.

Sa madaling salita, kung ang katotohanan na malapit na ang katapusan ay hindi talaga lubhang nagiging dahilan ng malaking pagbabago sa aking pangunahing pag-uugali at sa aking mga layunin, mas mabuting matapat kong sagutin ang katanungang; Talaga bang ako ay naniniwala sa katotohanan sa Biblia na ang Mayo 21,2011, ay ang petsa ng pag-akyat sa langit ng mga tunay na mananampalataya at ang pagsisimula sa araw ng paghatol? Alalahanin ang babala sa Lucas 12:47:

Ang Dios ay siya ring kahapon at ngayon, oo at magpakailanman (Hebreo 13:8).

Ang mga taga Nineve ay nagpakita sa atin ang landas, at dapat nating sinusunod ang landas na iyan ngayong nalalaman natin na siguradong ang Araw ng Paghuhukom ay talagang malapit na. Ang Dios ay nagpahiwatig na may lubos na katiyakan na ngayon, ang lubhang karamihan, na hindi mabibilang ng sinoman, ay inililigtas (Apocalipsis 7:9-14). Iginigiit ng Dios na hindi Siya nagtatangi ng mga tao (Roma 2:11). Kaya, may malaking pag-asa para sa iyo. Malaki ang iyong posibildad na gaya ng kahit na sino pa sa mundo na maging isa sa hinirang ng Dios.

Simulang magbasa ng Biblia at manalanging tulungan ka ng Dios na maging mas higit na masunurin dito. Magsumamo sa Dios na ikaw ay magpakababang-loob. Dahil lamang sa ikaw ay isang pastor o naging matapat na kasapi ng simbahan sa loob ng maraming taon, ay hindi ka nalagay sa isang nakalalamang na kalagayan upang maligtas. Walang nakalalamang na kalagayan. At ang iyong simbahan o ang iyong pastor o ang

iyong doktrina ay maaaring naging iyong dios sapagka't ang dios ay kung anuman ang pinagtiwalaan natin. Ang pagtitiwala natin ay dapat sa Biblia lamang. Kahit na marami tayong hindi nauunawaan sa Biblia, dapat pa rin nating maunawaang ang lahat ng ito ay nagmula sa bibig ng Dios.

Kailanman ay huwag humintong tumawag sa Dios ng Kanyang awa. Subali't gawin ito na tinatandaang walang sinuman sa atin ang karapat-dapat sa awa ng Dios. Kaya nga, lalapit tayo sa Kanyang nagmamakaawa, nagsusumamo, nakikiusap, "Oh Panginoon ko, posible po ba na ako rin ay maligtas?"

Kabanata Pito
Kaligtasan

Sinu-sino o nasaan ang mga makasalanang hindi maaaring ipadala sa impiyerno? Walang sinuman ang nakakaalam. Ang pagkakataon lamang na tunay nating malalaman na isa tayo sa mga taong pinili ng Dios ay kapag tinanggap natin mula sa Dios ang bagong nabuhay na muling kaluluwa. Kapag iyan ay nangyari, ay malalaman nating ito ay nangyari lamang sapagka't hinirang tayo ng Dios na maligtas, at Siya ang nagkaloob nang lahat para sa ating kaligtasan. Malalaman nating ang ating kaligtasan sa kabuuan ay ang pagpapala at biyaya ng Dios, at talagang wala tayong anumang kinalaman sa ating pagkakaligtas.

Kapag ang isang tao ay binigyan ng Dios ng bagong puso at bagong espiritu (Ezekiel 36:26), inihahanda ng Dios ang taong iyon na mabuhay sa kawalang-hanggan na kasama Niya. Ang bagong puso, o bagong espiritu, na tinatawag rin nating bagong nabuhay na muling kaluluwa, ay pinagbabagong-anyo ang ating buhay upang magkaroon tayo ng matinding patuloy na hangaring gawin ang kalooban ng Dios. At saka, tayo ay labis na nababahala kapag tayo ay nagkakasala, subali't posible pa ring magkasala sapagka't tayo ay nabubuhay sa isang katawang hindi pa naligtas. Kaya nga, bago tayo maging walang-hanggang mga mamamayan ng bagong langit at ng bagong lupa, ay bibigyan rin tayo ng bagong espirituwal, nabuhay na muling katawan. Ang Dios ay maaaring magbigay ng bagong kaluluwa sa sinumang hinirang ng Dios, anumang oras sa buhay ng taong hinirang. Maaaring ito ay bago ipanganak o isang minuto bago mamatay. Ito ay isang pagkilos na lahat-lahat ay kasama sa progarama ng Dios.

Sa papaanong paraan, ay mangyayari ito habang ang taong hinirang ay naririnig ang Salita ng Dios (Roma 10:17). Kaya nga pinipilit nating hikayatin ang lahat sa mundo na pakinggan ang Biblia. Sa katunayan, tayo ay inutusan ng Dios na ihatid ang Salita ng Dios sa buong mundo, upang ang lahat ng tao ay mapakinggan ang Biblia.

Upang ilagay ang mga tao sa kapaligiran na napapakinggan ang Salita ng Dios ay ang ilagay sila sa ilalim ng mga utos ng Dios sa sangkatauhan na sundin ang Biblia. Ang pagsunod sa Biblia ay nangangailangan na basahin o pakinggan natin ang Biblia. Tayo ay inutusan upang maligtas. Tayo ay inutusan na magsisi sa ating mga kasalanan. Tayo ay inutusang manalangin para sa awa ng Dios. Ang taong hindi naligtas ay inutusang magsumikap upang makapasok sa kaharian ng Dios (Lucas 13:24). Ang salitang "magsikap" ay mula sa salitang Griyego na nangangahulugang magtiis ng hirap. Ito ay katulad ng isang mananakbong nagtitiis ng hirap o nagsisikap upang pagtagumpayan ang takbuhan.

Dito umiiral ang hiwaga ng kaligtasan. Sapagka't ang Dios ay nilikha ang tao sa Kanyang larawan at sa Kanyang pagkakawangis, kahit na ang tao sa espirituwal ay patay, ay kailangan niyang tangkain ng buo niyang lakas na sundin ang mga utos ng Dios. Kaya nga maingat siyang nakikinig sa Salita ng Dios, pinagsisikapang sumunod sa mga utos ng Dios. Kung paanong ang Dios ay ginawang maging kaugnay ang pagsisikap ay isang hiwaga. Tiyak, kailanman ay hindi tayo dapat maniwalang ang aking pagsisikap na makapasok sa kaharian ng Dios ay kapuri-puri sa anumang paraan. Ni ang aking pagsisikap sa anumang paraan ay gagarantiya na ako ay maliligtas.

Totoo na sa aking pagsisikap, ay mas marami akong malalaman sa aklat ng batas ng Dios, ang Biblia. Totoo na sa aking pagsisikap, ay higit ko pang hahangarin ang

kalooban ng Dios kaysa aking kalooban. Totoo na sa aking pagsisikap, ay makikita ko ang aking sariling may kababaang-loob na tumatawag sa Dios ng Kanyang awa. Totoo na sa aking pagsisikap, ay higit kong mauunawaang dapat akong lubos na maghintay sa Panginoon, kung talagang Kanyang planong ako ay iligtas. Totoo na sa aking pagsisikap, ay malaki ang aking pag-asa na ako rin ay maaaring isa sa hinirang ng Dios. Totoo na ngayon, ang Dios ay inililigtas ang lubhang karamihan na hindi mabibilang ng sinoman, at ako rin ay posibleng mapasama sa bilang na iyan.

Totoo rin na pinamamahalaan ng Dios ang hindi naligtas gayon din naman ang naligtas. Iyan ay, sa dakong huli, ang Dios ang nagiging dahilan upang gawin ng taong hindi naligtas ang Kanyang kalooban paminsan-minsan, kahit na walang plano ang Dios na iligtas ang taong iyan. Gayon din naman, habang ang taong hindi naligtas ay nagsisikap na makapasok sa kaharian ng Dios, ang anumang bagay na kanyang gawin na pagsunod sa Dios ay maaaring ang Dios ay gumagawa sa kanya, kahit na siya ay hindi isa sa mga hinirang ng Dios. O maaaring ito ang pagtatangka ng tao, lahat-lahat sa pamamagitan ng kanyang mga pagsisikap, na sundin ang Dios. O maaaring ito ay pagkakasama kapwa ng gawa ng Dios at gawa ng tao. Ang Dios lamang ang tiyak na nakakaalam kung ano ang nangyayari sa buhay ng tao.

Subali't ang lahat ng nasa itaas ay tungkulin ng Dios. Ang taong hindi naligtas ay hindi kinakailangang alamin kung ito ay gawa ng Dios o kanyang sariling gawa ang nangyayari sa kanyang buhay. Alam niya ng walang duda, na kung siya ay maliligtas, sa kabuuan ay sa pamamagitan ng gawa ni Cristo. Sa Joel 2:12-13, ay basahin natin:

> **Gayon ma'y ngayon, sabi ng Panginoon, magsipanumbalik kayo sa akin ng inyong buong puso, na may pagaayuno, at may pananangis, at may pananambitan: At papagdalamhatiin ninyo ang inyong puso, at hindi ang mga damit ang inyong hapakin, at kayo'y magsipanumbalik sa Panginoon ninyong Dios: sapagka't siya'y maawain at puspos ng kahabagan, banayad sa pagkagalit, at sagana sa kagandahang-loob, at nagsisisi siya sa kasamaan.**

Kung ang taong hindi naligtas ay nakitang, lalo pa niyang kinamumuhian ang kasalanan at mas maligaya kapag kanyang ginagawa ang kalooban ng Dios, at mayroon siyang nananabik, patuloy na hangaring maging masunurin sa lahat ng utos ng Biblia, maaaring ang Espiritu ng Dios ay sumasaksi sa kanyang espiritu na siya ay naligtas.

Dapat nating tandaang ang Dios ay may karapatang naaayon sa batas na utusan ang sangkatauhang sundin ang Kanyang mga batas. Dahil ang sangkatauhan ay nilikha sa larawan at pagkakawangis ng Dios, ang sangkatauhan, katulad ng Dios Mismo, ay ganap na nasa ilalim ng batas ng Dios, ang Biblia. Kung ang isang tao ay nabubuhay sa mundong ito at hindi naririnig ang anumang bagay mula sa Biblia, ang Dios ay dapat isaayos na ang taong iyan ay marinig ang Biblia kung ang tao ay isa sa hinirang ng Dios. Maaari iyang mangyari anumang oras sa buong buhay ng taong iyan.

Gayon pa man, ang Biblia ay labis na nababahala sa mga nagbabasa ng Biblia, o naririnig ng kanilang mga likas na tainga ang mga utos ng Dios,subali't hindi naririnig ang Biblia. Paanong mangyayari iyan? Sa Deuteronomio 28:45 ay basahin natin:

> **At lahat ng mga sumpang ito ay darating sa iyo at hahabulin ka, at aabutan ka, hanggang sa magiba ka; sapagka't hindi mo dininig ang tinig ng**

Panginoon mong Dios, upang tuparin ang kaniyang mga utos at ang kaniyang mga palatuntunan na kaniyang iniutos sa iyo:

At sa Jeremias 29:17-19, ay basahin natin:

Ganito ang sabi ng Panginoon ng mga hukbo, Narito, aking susuguin sa kanila ang tabak, ang kagutom at ang salot, at gagawin ko silang parang masamang igos, na hindi makakain, dahil sa nangapakasama. At aking hahabulin sila ng tabak, at kagutom, at ng salot, at aking ibibigay sila sa kakutyaan na paroo't parito sa gitna ng lahat na kaharian sa lupa, upang maging kasumpaan, at katigilan, at kasutsutan, at katuyaan, sa gitna ng lahat na bansa na aking pinagtabuyan sa kanila; Sapagka't hindi sila nangakinig sa aking mga salita, sabi ng Panginoon na aking mga ipinasugo sa aking mga propeta, na ako'y bumangong maaga at sinugo ko sila; nguni't hindi ninyo dininig sila, sabi ng Panginoon.

Ang salitang "nangakinig" sa dalawang babala, na tipiko sa maraming parehong mga babalang itinala sa Biblia, ay nangangahulugang makinig at sumunod. Ang Dios ay nagtuturong kung narinig ng ating mga likas na tainga ang mga salita ng Biblia , subali't hindi nagsikap na sundin ang ating naririnig, ito ay katumbas na hindi narinig ang Salita ng Dios. Ang ganyang mga tao ay kusang inilagay ang kanilang mga sarili sa labas ng kapaligirang ang Dios ay nagliligtas. Ang kanilang mga inakalang ideya tungkol sa kaligtasan o anumang iba pang turo ng Biblia ang pumigil sa kanilang may kababaang-loob na makinig, at hangaring sumunod, sa mga utos at mga katotohanan ng Biblia.

Gayon pa man, ay may pag-asa, kamangha-manghang pag-asa, sa mga may kababaang-loob na inaamin ang kanilang mga kasalanan at tumatalikod sa kanilang inakalang mga ideya, na matapat na nagsisikap na maging masunurin sa lahat ng nasa Biblia, at may kababaang-loob na tumatawag sa Dios ng Kanyang awa.

Totoong ang Biblia ay nagtuturong ang matinding galit ng Dios ay nasa lahat ng mga simbahan ngayon na matatagpuan sa buong mundo. Sa loob ng 1,955 taon, ang mga simbahan ang naging opisyal na panlabas na kinatawan ng Dios sa kaharian ng Dios. Nang nakakalungkot, sa ngalan ng Dios,at habang sinasabing ang Biblia ang kanilang kapangyarihan, sila ay nagturo, at patuloy na nagtuturo, ng maraming doktrina na salungat sa Biblia. At saka, si Satanas at hindi si Cristo ang kanilang espirituwal na tagapamahala ngayon. Sa kasalukuyan, ay walang pag-asa para sa kahit na anong mga simbahan na umiiral sa buong mundo. Ang mga nananatili sa loob nila ay inihahanda para sa kanilang pagpasok sa araw ng paghatol.

Sa pamamagitan lamang ng pagtalikod sa kalagayan na sa espirituwal ay pinaglilingkuran si Satanas, at sa pamamagitan ng paglayo sa mga simbahang lokal, at paglapit na may espirituwal na sawing puso sa Dios ng Biblia, at sa pakikinig ng Salita ng Dios, magkakaroon ng pag-asa sinuman.

Aklat Kabanata:Bersikulo(-s), Pahina(s)	**Aklat** Kabanata:Bersikulo(-s), Pahina(s)	**Aklat** Kabanata:Bersikulo(-s), Pahina(s)
Genesis	**Job**	33:2-7, 17
2:17, 42	4:20, 28	33. 3
15:18, 67	**Mga Awit**	33:11, 14, 71
25:29-34, 30	5:5, 70	36:26, 77
41:32, 26, 68	7:8, 21	37, 45, 49
50:15, 65	7:11, 21	37:4-5, 49
50:20, 65	9:19, 21	37:12-13, 49
Exodo	16:10, 40, 60, 66	**Daniel**
17:6, 36, 66	26:1, 21	6:26, 63
Mga Bilang	51:5, 10	7:13-14, 60
20:11, 36	67:4, 21	12:2, 48, 50
Deuteronomio	72:1-4, 21	12:4, 15
1:7, 67	103:6, 21	12:9, 7,
11:24, 67	119:109 16	**Joel**
21:17, 31	**Ecclesiastes**	2:12-13, 78
28:16, 45,	8:5-6, 7, 11, 15, 16	3:9-16, 52, 53
28:20, 38	8:5-7, v	**Jonas**
28:45, 38,78	**Isaias**	4:11, 68
33:11, 61	10:23, 28	**Nahum**
Josue	14:13-14, 64, 65	1:6, 28
1:4, 67	53:12, 38	1:8, 28
7:18-26, 51	54:7-8, 41	3:5-6, 50
Mga Hukom	55:7-8, 41	**Zacarias**
2:16, 20	57:20, 24	13:9, 68
I Samuel	**Jeremias**	**Malakias**
8:20, 20	7:33-8:2, 50	4:1, 28
II Samuel	17:18, 26	**Mateo**
1:19, 13	29:17-19, 79	3:17, 35
1:24, 13	46:28, 28	4:24, 29
2:5, 13	**Ezequiel**	5:44, 13
18:33, 13	3:17, 3	5:45, 70
	18:20, 25	
	18:23, 9	
	18:32, 9	
	Lucas	1:7, 16

7:22-23, 53
8:6, 29
8:11-12, 32, 45, 53, 69
11:23-24, 61
12: 25
12:36, 25
12:41, 32, 51
12:41-42, 69
13:42, 32, 45, 69
13:49-50, 32, 53
13:50, 32, 69
19:28, 52
20:18, 37
22:13, 69
22:30, 63
22:36, 12
22:37-40, 12
24:22, 41
24:27-31, 60
24:28, 61
24:37-39, 75
24:51, 69
25:30, 32, 69
25:34, 34, 65
26:39, 36
26:63-64, 59
27:19, 36
27:24, 36
27:46, 36
27:51-53, 40
27:62-66, 60
28:11-15, 60

Marcos

4:39, 49
4:41, 49
5:13, 25
9:43-44, 27
11:14, 37
15:28, 38

2:48, 29, 30
3:6, 35
10:29-37, 12
12:45-48, 73
12:47, 75
13:24, 77
13:26-28, 53
13:28, 32, 45, 69
15:31, 30
16, 39
16:22, 29
16:23, 29
16:24, 29, 32
16:25, 30
17:36-37, 61
19:41-44, 14, 71
21:22, 18
22:30, 69
23:4, 36
23:22, 36
23:42, 72
23:43, 41
23:46, 40

Juan

1:14, 10, 22
1:18, 35
1:51, 59
3:16, 66
5:28-29, 48
5:29, 50
11:33-35, 71
11:50-51, 37
14:21, 17
19:7, 37
19:4, 36
19:6 36

Ang Mga Gawa

1:6, 2, 3, 16
1:6-8, v

1;7-8, 3
1:8, 16
1:11, 58
20:38, 29, 30,
24:15, 48, 50

Mga Taga Roma,

1:4, 34, 40, 66
2:11, 76
5:12, 43
6:23, 9, 25, 39
8:17, 31
8:38, 62
10:17, 77
14:10-11, 7, 21
14:12, 25

I Corinto

6:2-3, 51
15, 40
15:22, 24, 43, 65
15:26, 24, 25, 29
15:44, 49
15:51-52, 43

II Corinto

5:10, 7, 21
5:21, 43

Mga Taga Galacia

2:20, 38
3:13, 38

Mga Taga Efeso

1:19-23, 63
1:21, 58, 62,63
2:5, 40, 43
3:10, 62, 64
3:10-11, 42

18:8, 27

6:12, 62
Mga Taga Colosas
1:16, 62
1:17, 34
1:18, 34
2:10, 62
2:13, 43
2:15, 63
I Tesalonica
4:13-17, 43
5:1-4, 19
5:2, 7
5:2-6, 17
II Tesalonica
1:10, 42
2:11, 44
I Kay Timoteo
3:15, 4
II Kay Timoteo
1:9, 35
1:9-10 35, 65
Tito
3:1, 63
Hebreo
1:2, 34, 66
1:5, 35
4:3, 34, 65
4:12, 64, 65
4:12-13, 10
7:9-10, 65
10:4-7, 36
11:7, 52
12:16-17, 31
12:29, 27, 32
13:8, 75
Santiago
2:10, 8
I Pedro
1:20, 35, 65
2:12, 51
2:22, 43
4:17, 18, 44
II Pedro
2:8, 29
3:10, 7, 27, 45
I Juan
3:9, 43
Judas
6, 65
7 5
13, 24
Apocalipsis
1:7, 59
1:18, 67
2:26, 51
3:9, 51
3:10, 6, 19
7:4-8, 52
7:9-14, 76
9:1-21, 45
9:5, 29
9:14, 67
9:15, 68
9:17-18, 69
11:10, 28
13:7, 44
13:8, 26
14:10, 29
16:10-11, 53
16:18, 73
17:14, 54
18:6, 26
19:11-16, 68
19:19-21, 54
19:20, 26
20:10, 26
20:11-13, 23
20:12, 21, 24
20:13, 24
20:14, 26, 45
20:14-15, 26
21:1, 24, 25,26
21:8, 26

Mga Ibang Aklat ni Harold Camping

Ang Panahon ay May katapusan
Ang Kawakasan ng Panahon ng Simbahan at ang Kasunod
Trigo at ang Pangsirang Damo
Mga Panimulang Prinsipiyo ng Pag-aaral ng Biblia
Ako ay Umaasa na Maliligtas Ako ng Dios
Adam kailan?
Halos naroon na Tayo